

Ang Apat na Himagsik ni Francisco Balagtas at Ibá pang Sanaysay

Lope K. Santos

Virgilio S. Almario
Editor

Rolando T. Glory
Katuwang na Editor

Komisyon sa Wikang Filipino
Metro Manila
2016

ANG APAT NA HIMAGSIK NI FRANCISCO BALAGTAS AT IBA PANG SANAYSAY

Karapatang-sipi © 2016 ng orihinal na teksto ni Lope K. Santos, at ng isinapanahong bersiyon at introduksiyon ni Virgilio S. Almario

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Editor: Virgilio S. Almario
Katuwang na Editor: Rolando T. Glory

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

Santos, Lope K.

Ang Apat na Himagsik ni Francisco Balagtas at Iba pang Sanaysay / ni Lope K. Santos ; editor, Virgilio S. Almario ; katuwang na editor, Rolando T. Glory. – Metro Manila : Komisyon sa Wikang Filipino, [2016], c2016.

pages ; cm

ISBN 978-971-0197-98-9

1. Baltazar, Francisco (Balagtas) – 1782-1862. Florante at Laura – Criticism and interpretation. 2. Baltazar, Francisco (Balagtas) – 1782-1862. Essay. 3. Filipino poetry – History and criticism. 4. Filipino essays. I. Almario, Virgilio S. II. Glory, Rolando T. III. Title.
899.21112 PL6058.9.B3.A172016 P620160337

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusaling Watson, 1610 Kalye JP Laurel, San Miguel, 1005 Maynila

Tel. 02-733-7260 • 02-736-2525

komisjonsawikangfilipino@gmail.com

NILALAMAN

Si Balagtas, ang Panitikan, at si Lope K. Santos	1
Ang Apat na Himagsik ni Francisco Balagtas	19
Tinging Pahapaw sa Kasaysayan ng Panitikang Tagalog	63
Palatulaang Tagalog	85

SI BALAGTAS, ANG PANITIKAN, AT SI LOPE K. SANTOS

ni Virgilio S. Almario

NAPAKAHALAGA PARA SA akin ang muling paglilimbag sa *Ang Apat na Himagsik ni Francisco Balagtas* na natapos sulátin ni Lope K. Santos noong Abril 1955 at inilathala sa taon ding iyon kalakip ang dagdag na apat na tula at tatlong sanaysay. [Ang tatlong sanaysay—“Manunugma, Manunulat, at Makata,” “Masayáng Pananagalog,” at “Ang Pananagalog ni Balagtas sa *Florante at Laura*”—ay pawang inilathala din sa edisyong ito. Dagdag pa ang panayam na *Tinging Pahapaw sa Kasaysayan ng Panitikang Tagalog* na binigkas niya sa pagtitipong iginayak ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP) at inilathala ng (F.B.S.) Silangang Publishing House noong Pebrero 1954].

Napakahalaga para sa akin ang edisyong ito, dahil sa dalawang bagay. Una, para mabigyan ng wastong patnubay ang mga kasalukuyang mananaliksik. Ikalawa, upang isusog ito sa kampanya gayon na kilalanin si Balagtas na isang pambansang bayani.

Ukol sa unang dahilan, maraming bumabanggit sa sanaysay ni L.K. Santos bílang pangunahing akda upang purihin si Balagtas ang mahahalatang hindi ito totoong natunghayan. Sa gayon, nagagámit ang sanaysay nang may malíng sipi o malíng paliwanag. May isang aklat pa na muling naglimbag sa sanaysay

nang hindi inilagay ang pangalan ni L.K. Santos bílang awtor, kayâ hindi ako magtataká kung may bumanggit ngayon sa sanaysay na ito nang ibá ang kinikilálang may-akda.

Samantala, kailangang lingunin ang sanaysay na ito bílang isa sa makapangyarihang lagom sa mga kabuluhan ng *Florante at Laura*. Ang “apat na himagsik” ay naging simbolikong pamagat sa kabuuan ng mga nagdaang pagsusuri at pagpapahalaga kay Balagtas—mulang pamantayang pormalista hanggang pagtinging pampolitika—at nag-aangat sa kaniya sa taluktok ng dambanang pampanitikan ng Filipinas sa panahon ng pananakop na Español. Hindi nangangahulugang nasaliksik nang lahat ng sanaysay ni L.K. Santos ang salimuot ng kadakilaan ng *Florante at Laura*, at hindi rin nangangahulugang dapat tanggaping wasto ang lahat ng kaniyang mga pahayag at kaugnay na mga patibay, ngunit pagkaraan ng makapangyarihan ding mga saliksik nina Hermenegildo Cruz at Epifanio de los Santos ay waring naisatinig sa pamagat pa lámang ng sanaysay ni L.K. Santos ang pangkalahatang adhika sa pagbása kay Balagtas.

Madalí siyáng gamítin. Ang balangkas mismo ng kaniyang paglalalahad, lalo na ang paghahanay sa “apat na himagsik,” ay kaakit-akit sundan. Kayâ naman praktikal na kagiliwan ng mga tamad na “mananaliksik”—ng mga mabilis na editor ng aklat ukol sa panitikan at walang panahong tumunghay sa primaryang sanggunian—at may ugaling magnakaw ng sinabi ng ibá at sumipi nang walang pakundangan sa mga pahayag na magandang pakinggan kahit hindi nauunawa ang nilalaman.

Limitado lámang ang mga kopya ng sanaysay ni L.K. Santos. Kayâ wala na ito sa sirkulasyon at bihira ang aklatang nakapag-ingat ng kopya. Nais naming tulungan ang mga nais bumása bukod sa nais naming mapigil ang malíng pagpapalaganap sa kaniya.

[Sa bahaging ito, mahalagang ipagpauna ang naganap na pag-edit sa teksto ni L.K. Santos sa edisyong ito. Isinunod sa

pangkalahatan ang baybay ng mga salitâ sa *2013 Ortograpiyang Pambansa* gayundin ang estilo ng pagbabantas, pagtutuldik, paggamit ng malaki at maliit na titik, tipong italiko at bold, atbp, sa *Manwal sa Masinop na Pagsulat* ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Isang malaking pagbago sa teksto ni L.K. Santos ang reispeling ng “Pilipino” at “Pilipinas” tungo sa “Filipino” at “Filipinas” (Dapat isipin ng bumabâsa na sinulat ito ni L.K. Santos noong mga taóng 1950 at “Pilipino” pa noon ang tawag sa Wikang Pambansa) gayundin ang “Kastilâ” niya tungo sa “Espanol” batay na rin sa tuntunin hinggil sa mga hiram na pangalan ng tao at pook sa naturang patnubay ng KWF.]

Pambansang Bayani si Balagtas

Ukol sa ikalawang dahilan, ang sanaysay ang unang tahasang pagbabantayog kay Balagtas upang maging “pambansang bayani.” Hindi ko rin ito napansin kayâ hindi ko siyâ nababanggit sa aking naunang pagbabantayog kay Balagtas bilang unang hudyat sa pagpapahayag ng diwaing mapagpalayâ. Ni hindi ko napansin ang pangalawang-pamagat ng sanaysay: “Si Balagtas ay Bayani rin ng Bansang Katulad nina Burgos, Rizal, Del Pilar, Bonifacio, atb.” [Sa edisyong ito ay naging “*Si Balagtas ay Bayani rin ng Bansa at Katulad nina Burgos, Rizal, Del Pilar, Bonifacio, atbp*”] at dapat ko sanang kilalanin na nauna sa aking gumuhit sa linyang “Balagtas-Burgos-Rizal/Plaridel-Bonifacio/Jacinto-Mabini” na siyâ kong itinatangyod na “Landas ng Mapagpalayang Haraya” at naghantong sa pinakadakilang yugto ng ating nakasulat na kasaysayang pambansa.

Subalit maliwanag na walang nakapansin sa mensaheng ito ni L.K. Santos maging sa hanay ng mga masugid na alagad ng Wikang Pambansa at mga tulad niyang tagahanga ni Balagtas. Mula noong 1955 at nalathala ang *Apat na Himagsik* ay wala akong nasumpungang akda na tumangkilik sa kaniyang adhika upang ihanay si Balagtas sa dambana ng mga pambansang bayani. Ito sana ang krusadang magtutuwid sa matagal nang duling na pagsipat sa kasaysayan ng Himagsikang 1896 bilang “anak” ng Liberalismong Frances at nasagap lámang ng mga Indio sa

pamamagitan ng propagandismo ng mga ilustrado. Ito rin sana ang mailulutas sa matagal nang misteryo kung paanong mabilis na nagagap ng sambayanang Indio at mangmang—dahil hindi marunong ng Español—ang buong kabuluhan ng himagsik para sa “kalayaan” ng bayan mula sa dayuhang pananakop.

Sa kaniyang sanaysay, nabanggit ni L.K. Santos na maaaring nakalusot ang *Florante at Laura* sa mahigpit na sensura noong panahon ng Español dahil mismo sa mapangmaliit na tingin ng mga Español sa naging popular noong awit at korido. Pinalampas nang halos di-binása ng awtoridad ang surbersibong akda ni Balagtas dahil “Walang anuman, at awit lámang.” O ibig sabihin, “Awit lang ‘yan, kayâ h’wag pag-aksayahan ng panahong basáhin.” Ang mapangmaliit na ugaling ito ng mga dayuhang Español ay umiral at umiiral pa rin, kahit sa hanay ng ating sariling mga historyador at edukador, kayâ hindi nabibigyan ng wastong pagpapahalaga ang awit at korido sa isang bandá, at si Balagtas sa kabiláng bandá, sa kasaysayan ng panitikang pambansa at sa kasaysayan ng bansa. Hindi napag-ukulan ng mapagpapahalagang titig ng mga kritiko ang naturang uri ng popular na tulang pasalaysay dahil “Walang anuman, at awit lámang.” Sa kabilâ ng paghangang tinamo ni Balagtas magmula mismo kina Rizal, Plaridel, Bonifacio, Jacinto, at Mabini ay hindi siyá maihanap ng mga historyador ng wastong luklukan sa ating kasaysayang pambansa dahil awtor ng “Walang anuman, at awit lámang.”

Ang unang sanhi ng pag-etsa-puwera sa panitikang popular na tulad ng awit at korido ay ang lubhang pananalig ng ating mga historyador sa dokumentong nakasúlat sa Español. Doon silá inihilig ng kaniláng edukasyon. Bukod pa, hindi nilá masundan ang isinagawang ermenyutika sa Tagalog ni Reynaldo C. Ileto (*Pasion and Revolution*, 1979) dahil na rin sa prehuwisyo nilá laban sa wikang ito, na isa ring “(w)alang anuman,” at sa totoong kawalan ng malasákit sa wika at panitikan ng bayan. Kayâ hindi man silá banyaga ni mga Heswita ay isinasaisip nilá ang ganitong linya ng pagsipat sa buong panahon ng ika-19 siglo ni John N. Schumacher, S.J.:

Not only were Rizal and his fellow Propagandists partly the heirs of the conflict between Filipino secular priests and Spanish friars that had led to the martyrdom of Fathers Burgos, Gomez, and Zamora in 1872; it was also in that conflict that the seeds of nationalism, which were to come to full flower among the Propagandists, had first been sowed.

Just as one cannot understand Bonifacio without knowing Rizal, whose thoughts he imbibed and rephrased in more popular language, so one cannot understand Rizal without knowing the influence of Burgos on him. Rizal prolonged the incipient national consciousness, of which Burgos was the most articulate spokesman, into the full-blown nationalism which led to the Revolution. (*The Making of a Nation*, 1991)

Uulitin pa niya ang ganitong pagsipat upang ipaliwanag din ang naganap na “pagkatha (sa Filipinas) bílang isang komunidad”:

The initiative in creating that image came from above and progressively evolved from one generation to the next, Burgos consciously built on Pelaez, and Rizal on Burgos, just as Bonifacio and Jacinto, as well as Mabini, acknowledged their debt to Rizal, and to a lesser extent, to Del Pilar. The transmission of ideals was not always total, of course, and the heritage was transformed in its different stages. Bonifacio and Mabini, for example, were intellectual heirs to Rizal in quite different ways and to quite different degrees, just as Rizal, Mariano Sevilla, and Gregorio Aglipay were in quite different ways heir to the thought of Burgos.

Kasaysayan “mula sa itaas” ang itinatawag ng mga historyador sa pagsipat na katulad ng kay J.N. Schumacher at kasaysayan naman “mula sa ibabâ” ang tulad ng kay R.C. Ileta.

At igigiit ng tulad ni J.N. Schumacher na hindi naman sinasalungat ng “mula sa itaas” ang “mula sa ibabâ.” Gayunman, dapat linawin ngayon, nagiging hadlang ang pagsipat na katulad ng kay J.N. Schumacher—lalo na dahil may gahum ng pangigingibaw sa akademya—tungo sa lehitimasyon ng naging tungkuling mapagpalayà ng awit at korido (at patí ng komedya) gayundin ng epekto ni Balagtas sa ideolohiya ng Katipunan, lalo na sa pamamagitan ng wika at pahayag nina Bonifacio at Jacinto. Hindi rin napagtibay ng katulad ni J.N. Schumacher ang awtensidad ng ideolohiya ng Katipunan at nina Bonifacio at Jacinto bílang mga totoong ideologo ng kalayàan dahil lumilitaw na “tagapagmana” lámang ang Himagsikang 1896 ng trabaho ng mga ilustradong Propagandista, na tagapagmana naman ng trabaho ni Padre Burgos. Sa linya ng kasaysayan “mula sa itaas,” nagsimula ang lahat ng “pagkatha” sa Filipinas kay Burgos, na minana nina Rizal at La Solidaridad, at nasimsim nina Bonifacio at Jacinto upang pasiklabin ang Himagsikang 1896. Sa linya ng katulad ni J.N. Schumacher, ang diwa ng Katipunan ay hiniram mula sa Rebolusyong Frances sa pamamagitan nina Rizal at ibáng ilustrado.

Sa kabilâng dako, ang pagbabantayog ni L.K. Santos kay Balagtas, bukod sa naunang higit kaysa “pasyon at rebolusyon” ni R.C. Ileta, ay higit din sa tinatawag na kasaysayan “mula sa ibabâ.” Unang-una, bago pa sumipot ang isyu ng sekularisasyon (na siyáng binhi ng nasyonalismo, para sa pagsipat ni J.N. Schumacher) ay lumaganap na ang mapagpalayàng kamalayang inihatid ng *Florante at Laura*. [Nabása kayâ ni Burgos si Balagtas?] Sa katunayan, pinatutunayan ng mga nobela ni Rizal ang kaniyang tambalang impluwensiya mula kay Balagtas at mula kay Burgos, isang pangyayaring pilit iwinawaglit ng pagsipat ni J.N. Schumacher dahil sa higit niyang pagtitig sa kapangyarihang banyaga at relihiyosong kinakatawan ni Burgos sa pagsisilang ng espiritung nasyonalista sa ika-19 siglo. Si Balagtas ay tiyakang nabása rin ni Bonifacio. Hindi lang iyon, nabása rin ni Bonifacio ang *Historia Famosa ni Bernardo Carpio*, at kaipala, tulad ng karaniwang Indio ay nabása ang marami pa sa sinasabing 500 aklat ng awit at korido na nalathala bago itinatag ang Katipunan. Ang pangyayaring ito, at ang malaking epekto ni Balagtas at ng ibáng awit, korido, at

komedyang sa kamalayan ng karaniwang Filipino (kasáma na sina Rizal at Bonifacio) ang iwinawaglit ng pagsipat ni J.N. Schumacher at ng mga teksbuk hanggang ngayon sa kasaysayan ng Filipinas.

Ang ideolohiya ng Himagsikang 1896 ay hindi makukuha ni Bonifacio kay Rizal at sa Liberalismong Frances. Una, higit na nais ni Rizal ang mapayapang pagkampanya para sa mga repormang panlipunan at pampolitika. Ikalawa, laban sa pang-itaas na saray ng lipunan ang Rebolusyong Frances. Sa kabilâng dako, ang Katipunan ay nag-aadhika ng isang “marahas na himagsik laban sa dayuhang pananakop.” Kayâ isang awtentikong kilusang kontra-kolonyalismo ang Katipunan—ang kauna-unahan sa Asia at Africa—at naiibá sa Rebolusyong Frances, at naiibá kahit sa mga rebolusyong Americano noon na pawang pag-aalsa ng *creole* (Español din) laban sa Inang España.

Hindi rin maitutulot ng pasyon ang naturang diwang separatista ng Katipunan. Anupa’t saan higit na dudukalin ni Bonifacio ang espiritu ng Katipunan? Saan pa, kundi kay Balagtas. Saan niya masisimsim ang mithiing kailangang gumámit ng dahas upang ibangon ang dangal at bawiin ang kalayàan? Saan pa, kundi kina Florante, Aladin, Bernardo Carpio, Gonzalo de Cordova, at ibáng tagapamansag ng prinsipyo ng kabalyero’t maginoo. Kahit ang pag-ibig sa bayan at pag-aalay ng búhay para sa bayan ay maaaring unang isinulat ni Rizal sa kaniyang “Amor Patrio” (1882); subalit naging higit na kongkretong huwaran nitó para sa taumbayan ay sina Florante at mga prinsipé’t kabalyero ng awit, korido, at komedyang.

Kaugnay ng pagbabantayog kay Balagtas bílang pambansang bayani ay idiniin ni L.K. Santos na si Balagtas at ang kaniyang *Florante at Laura* ay hindi “pangkatagalugan lámang” kundi pambansa. Kailangan niyang sabihin ito upang itaguyod ang kaniyang adhikang kilalánin si Balagtas bílang pambansang bayani. Subalit may dalawang katwiran ang sanaysay ni L.K. Santos na dapat paglimian. Una, ang pangyayaring bagaman nakasúlat sa Tagalog ay hindi pang-Katagalugan lámang kundi pambansa ang tinatalakay niya’t itinatanghal na suliranin. Hindi Maynila, Bulacan, o Bataan

ang “Albania” kundi ang Filipinas alinsunod na rin sa maraming pagsusuring pampolitika sa *Florante at Laura*. At sa pangyayaring ito ay totoong maituturing na tagapanguna sa pagkatha ng Filipinas (na Albania) si Balagtas, hamak una kina Burgos, bukod sa totoong may bisyon ng “pambansa” lalo’t ikompara sa ipinaglabang kathang “Mactan” ni Lapulapu, “Bohol” ni Dagohoy, o “Ilocos” ni Diego Silang. Makabuluhan din ngayon ang “himagsik laban sa hidwang pananampalataya,” ayon sa pangalan ni L.K. Santos, upang mawatasan ang panimulang pagtulay ni Balagtas sa higit na matindi ngayong tunggaliang Kristiyano-Muslim, na dagdag na patibay sa makabuluhang bisyong pambansa ni Balagtas sa pamamagitan ng *Florante at Laura*.

Ikalawa, ang pangyayaring umani ng papuri ang *Florante at Laura* hindi lámang sa hanay ng mga mambabasáng Tagalog. Huwag na nating lubhang isaalang-alang ang pagmamahal ni Rizal sa awit ni Balagtas, dahil isa ring Tagalog si Rizal. Subalit minahalaga ang *Florante at Laura* ng mga fraile at creole—ng mga mambabasá at manunulat sa wikang Español na gaya nina Fray Minguella at Trinidad Pardo de Tavera. At marahil, si Balagtas ang kauna-unahang makatang Tagalog—o, marahil pa, ang kauna-unahang makatang nagsulát sa isang wikang katutubo ng Filipinas—na nagkaroon ng gayong pagtatangi. Sinundan ito ng mga naganap na pagsasalin sa awit sa ibáng wika—marahil, ang unang akdang sinulat sa isang katutubong wika ng Filipinas na pinagpalàng maipakilála sa mga mambabasá sa ibáng wika. Maidadagdag pa sa pahayag ni L.K. Santos ang pangyayari na ang *Florante at Laura* ang naging tila *Poetika* ng mga makata mulang ika-19 siglo at lalo na sa unang hati ng ika-20 siglo. Sa gayon, kahit ang paglaganap na pambansa ng mga tuntunin sa makinis na tugma at súkat—na sinusunod sa lahat ng mga wikang katutubong may aktibong nakalimbag na pagtula—ay maituturing na epektong pambansa ng *Florante at Laura* bílang modelo sa pormalisasyon ng tugma at súkat.

Malinaw, sa gayon, kung may unang dinakilang manunulat na pambansa, hindi iyon si Burgos dahil hanggang ngayon ay walang maituturing na akda ni Burgos na gumísing sa bayan. Higit

na bahagi ng pagkatha sa Filipinas ang kaniyang pagiging martir para sa sekularisasyon. Ngunit hindi rin si Rizal, dahil bago siyá at ang kaniyang *Noli* at *Fili* ay náuná na nang halos kalahating siglo ang *Florante at Laura* ni Balagtas. Bago pa sumigla ang Propagandismo ng mga ilustrado, ang hamak na awit na *Florante at Laura* ang tunay na naghasik ng mga binhi ng himagsik sa utak ng sambayanang Indio upang higit na maging preparado sa hámon nina Bonifacio at Jacinto para sa Himagsikang 1896.

Maayos na Sipat, Delikadong Titig

Mahalaga at ninais kong isáma sa edisyong ito ang panayam na *Tinging Pahapaw sa Kasaysayan ng Panitikang Tagalog* dahil patunay ito sa konsistensi ng pagsipat ni L.K. Santos hinggil sa kabuluhan ni Balagtas. Tulad ng ipinapanukala ng pamagat, ang panayam ay isang mabilisang paglalakbay sa kasaysayan ng panitikang Tagalog, ngunit kapag binása ito, ang mahihiwatigang higit na layunin ay talakayin ang kabuluhan ni Balagtas sa buong kasaysayang kolonyal ng panitikang Tagalog. Magkapatid sa naturang layunin ang *Apat na Himagsik* at ang *Tinging Pahapaw*. O kayâ, dahil nauna nang mahigit santaón, ang *Tinging Pahapaw* (Pebrero1954) ang panimulang pagmuni para sa *Apat na Himagsik* (Abril 1955).

Hanggang sa kasalukuyan ay makabuluhan pa ring patnubay sa pagsaklaw ng kabuuang bisà ng *Florante at Laura* ang “apat na himagsik” ni L.K. Santos. Subalit, dapat suriing mabuti ang paraan ng paliwanag ni L.K. Santos. Sa tanglaw ng makabagong kritisismong pampanitikan, maaaring lumitaw nang mababaw ang titig niyang pampanitikan.

Halimbawa, ang pahayag niyang “walang alinlangang maipagkakaloob sa mga tula ni Francisco Baltazar ang karapatang siyáng una at higit sa lahat na pinagkakautangan natin ng lalong mataas na diwa sa pagtula, ng lalong maayos na paghahanay ng mga isipan sa tula, at ng lalong magagandang talinghaga sa pananalita.”

Ang ganitong pag-uliran sa awit ni Balagtas ay tiyak na sasang-ayunan ng kaniyang mga kapanahong makata. [Kayâ binansagan kong “Balagtasista” ang ilang henerasyon ng makata sa pangunguna ni L.K. Santos sa unang hati ng ika-20 siglo.] Uulitin niya ang mataos na pagtatanging ito sa sanaysay na “Ang Pananagalog ni Balagtas sa Florante at Laura” at ganito ang idadagdag pa niya:

Kung sa bagay, wala pa noong nasusulat na mga sadyang batas at tiyak na alituntunin sa pagtula. Datapwat ang *Florante* ni Balagtas ay isang aklat na parang sinadya upang makapagturo sa mag-ibig ng lalong maganda at malinis na pagtula.

Tinutukoy nang higit sa lahat ni L.K. Santos ang pormalisasyon ng mga tuntunin sa tugma’t súkat. May katutubong kodigo sa paglikha ng tugma’t súkat ang mga Filipino at siyáng sinusunod sa panulaang-bayang gaya ng bugtong, salawikain, diyóna, tanága, dalít, at talingdâw. Nagpasalin-salin ang mga tuntunin mula sa mga sinaunang makata hanggang sa ika-19 siglo. Nagpasalin-saling tulad ng maraming karunungan-bayan sa paraang pabigkas. Natututuhan ang mga ito ng isang kabataang makata sa pamamagitan ng pakikinig sa nakatatandang dalubhasa, na maaaring siyâ ring nagtuturo sa kabataan kung ano ang dapat iwasan. Kayâ hindi malinaw noon ang pamantayan sa mahusay na “tula.” At naging malaking problema ito ng mga misyonerong naghangad makatula sa Tagalog. Isa sa una, si Fray Francisco Blancas de San Jose ang nagtangkang sumúlat at ipinabása ang kaniyang natapos na koleksiyon sa isang dalubhasang Indio. Ano ang hatol ng Indio sa likha ng misyonero? “Magaling, datapoa hindi tola.” Laking hiyâ siguro ng misyonero. Ngunit wala naman siyáng maaaring sangguniing aklat upang matiyak kung paano ba lumilikha ng “tula.”

Hanggang malathala ang *Florante at Laura*.

Hinangaan ng lahat ang dalubhasang paggamit ni Balagtas ng tugma’t súkat. Ginawa niláng modelo ang pananaludtod sa *Florante at Laura*. Anupa’t tulad ng wika ni L.K. Santos, sa

pamamagitan ng *Florante at Laura* ay nagkaroon ng batas at “tiyak na alituntunin sa pagtula.” Mula noon ang awit ni Balagtas ay nagmistulang aklat sa poetika at doon hinahango ang dapat at di-dapat gawin sa pananaludtod. Naging makabuluhang gabay kahit kay Rizal ang *Florante at Laura* nang sulátin niya ang unang malinaw na paglagom sa paglikha ng taludtod sa panayam niyang *Tagalische Verskunst* sa Berlin noong 1887. Kapag lumingon ngayon sa itinuturing na pamantayan ng mahusay na tradisyonal na pagtula ay kailangang ibatay ang sipat at haka alinsunod sa maaaring patunayan sa pamamagitan ng *Florante at Laura*.

Kailangan ding timbanging mabuti ang kawastuan ng titig ni L.K. Santos sa awit ni Balagtas. Halimbawa, isa siyá kung hindi man siyá ang kauna-unahang bumása sa *Florante at Laura* bílang isang alegorya sa kasaysayan ng Filipinas. Alinsunod sa ganitong pagtanaw, si Florante diumano ang bayang Filipino at nakagápos sa punò ng higera na kahambing naman ng pamahalaang Español. Sino si Adolfo na kalahi din ni Florante? Ang ibig ko pang sabihin, maaaring sipiin ang buong mga saknong 14–18 ng awit upang ipanukalang ang inilalarawang Albania ay patambis na pagtuligsa sa kolonyal na kondisyon ng Filipinas noon; subalit lubhang mahirap ipabása ang buong awit sang-ayon sa panuntunang alegoriko. Lubhang nakatitigatig marinig ang mga talumpating lumilingon sa naturang titig ni L.K. Santos; at lalo na’y lubhang nakatatákot na ulit-ulit itong itinuturo sa mga paaralan ng mga gurong tagahanga ni L.K. Santos.

Tatlong Dagdag na Sanaysay

Ngayon, bakit idinagdag pa ni L.K. Santos ang tatlong maikling sanaysay pagkatapos ng *Apat na Himagsik*? Pampakapal ng pahina? Unang sagot, nakaugnay pa rin ang mga ito sa kaniyang pagbabantayog kay Balagtas. Ikalawa, at higit kong nais talakayin, nagbubukás ang mga ito ng ibáng mga anggulo ng paggámit sa halimbawa ni Balagtas bílang manlilikha at bílang tagagámit ng wika.

Halimbawa, ang “Manunugma, Manunula, at Makata” ay isang maikling pag-uuri sa mga sumusúlat ng tula. Muli, sa pamamagitan ng modelo ni Balagtas ay nilinaw niyang mababàng uri ang pangkat na mahusay lámang maglubid ng mga pahayag na may tugma’t súkat ngunit walang malinaw na diwa o kabuluhan ang sinasabi. Tinawag niya ang pangkat na “manunugma.” Mahihiwatigang isang patamà ito sa napakamaraming naghahangad noong tumula—lalo na’y upang lumahok sa balagtasan, tumindig sa koronasyon, at magpakítang gilás sa mga lamayan—at malimit namang umaani ng palakpak dahil sa “dulás ng dila” at husay magtipon ng “mabulaklak na mga pangungusap.” Magandang pamantayan ang binuksan ni L.K. Santos upang itanim ang halaga ng katipiran sa paggámit ng salitá at kabuluhan ng nilalaman ng pahayag.

Ang ikalawa, ang “Masayáng Pananagalog,” ay tumutukoy sa isang kasiyá-siyáng katangian ng panitikan na malimit makaligtaan ng mga seryong manunulat, lalo na sa akademya. May naging kalakaran pa na iwasan ang pagpapatawa dahil itinuturing na “bakya” o pambabasahing popular lámang. Naghandog mismo si L.K. Santos ng sariling mga tula na may himig mapagbiro ngunit may iniiwang makabuluhang aral sa búhay, gaya ng mga piyesa sa koleksiyong *Sino Ka? Ako’y si . . .* Samantala, ang kaniyang mahabàng tulang pasalaysay na *Ang Pangginggera* ay maituturing na makabuluhang eksperimento upang bigyan ng bagong direksiyong realista ang awit nang may malakas na bahid ng “masayáng pananagalog.”

Ngunit sa tatlo, ang “Ang Pananagalog ni Balagtas sa *Florante at Laura*” ang may malaking kabuluhan hanggang ngayon. Ang totoong paksa ni L.K. Santos ay pagpapayaman sa isang wika—ang Tagalog na batayan ng Wikang Pambansa at inumpisahan na noong dekada 50 na tawaging “Pilipino.” Kung tutuusin, isang malaking tungkulin ito ng sinumang nais tumulong sa pag-unlad ng isang wika tungo sa pagiging opisyal na wika ng gobyerno at pangkalahatang wika ng edukasyon. Ito rin ang esensiya ng kampanya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ngayon na paunlarin ang Filipino bílang wika ng karunungan.

Paano ba pararamihin ang bokabularyo ng Wikang Pambansa?

Tumukoy siyá ng dalawang paraan: ang paglikha at ang panghihiram. Nilingon niyang muli si Balagtas at nawika niyang tamilmil manghiram ang kaniyang Makatang Pambansang Bayani. Nasikap ipahayag ni Balagtas ang lahat ng kaniyang diwain nang nakasandig sa sariling wika at hindi halos humiram sa Español, kung ikokompara sa mga kapanahong Romansero. Subalit nakíta ni L.K. Santos ang halaga at birtud ng higit na panghihiram dahil “hinihingi ng mga bagong pangangailangan at kabihasan.” Higit na praktikal ang panghihiram upang maiagapay ang Wikang Pambansa sa wika ng makabagong agham at teknolohiya na dumadagsa noon pang panahon ni L.K. Santos sa pamamagitan ng wikang Ingles.

Subalit binalikan ni L.K. Santos upang talakayin pa ang ilang mahalagang aspekto ng paglikha. Nabanggit niya halimbawa ang pangyayaring marami siyáng kapanahon na mas nahilig sa paglikha, gaya ni Eusebio T. Daluz, na siyá paláng nag-ugpong ng “katarungan” mula sa “tarong” ng Sebvano. [Si L.K. Santos mismo ay tagapanguna ng paglikha, lalo na sa nilikha niyang buong sistemang pambalarila.] Gayunman, sinabi niyang hindi makukuha sa paramihan ang paglikha. Manapa, kailangan itong laging magdaan sa pagsusuri ng madla na siyáng pangwakas na hukom kung gagamítin o hindi ang isang likhang salitâ.

Binanggit din niya ang kabuluhan ng paglingap sa sinaunang bokabularyong Tagalog at sa mga “kapatid na wika” ng Tagalog; at iminungkahing ipampayaman ang mga salitâ mula sa mga katutubong wika ng Filipinas bago manghiram. Ang pagsasaliksik sa sinaunang wika kaipala ang nagbunga ng paggámit natin ngayon sa “moóg,” “kutà,” at “dagítab” nang may ngangyuning kahulugan at ibá sa gámit ng mga ito noon. Samantala, produkto ng pag-aaral sa mga katutubong wika ng Filipinas ang “bansâ,” “lungsód,” at ang lumalaganap ngayong “iláhas,” “láwas,” at “rabáw.”

Makabuluhan din ngayon ang mga naturang mungkahi ni L.K. Santos hanggang sa pagbuo ng mas episyenteng estratehiya sa pagsasalin.

Dagdag Pa Tungkol sa Pagtula

Ipinasiya kong idagdag sa edisyong ito ang *Palatulaang Tagalog*. Nakuha ko itong makinilyadong manuskrito noong dekada 60 at binubuo ko ang antolohiyang *Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino* (1981). Patay na noon si L.K. Santos ngunit buháy pa ang kaniyang anak na si Paraluman Aspillera, na isa ring manunulat at sikát na kolumnista. Sinadya ko siyá sa bahay ni L.K. Santos sa Pandacan, Maynila upang interbiyuhin. Naging masigla ang aming pag-uusap at humantong sa pagpapakíta niya sa akin ng mga naingatan niyang aklat at manuskrito ni L.K. Santos. Hindi lámang iyon. Binigyan niya ako ng kopya ng mga aklat at manuskrito na may mahigit dalawang duplikado.

Kasáma sa mga manuskrito kong “namana” kay Aling Luming ang *Palatulaang Tagalog*. Binubuo ito ng 43 pahina, na hanggang pahina 35 ang makinilyado at ang sumunod na mga pahina ay sulat-kamay. Hindi ko gaanong pinansin ang manuskrito dahil sa unang sulyap ko sa ilang pahina ay waring pag-uulit lámang ng mga sinabi ni L.K. Santos sa bantog na panayam na *Peculiaridades de la poesía tagala*, na binigkas niya sa Academia de Artes y Letras, Universidad de Filipinas, Padre Faura, Maynila, noong 22 Nobyembre 1929. Gayunman, nasáma ito sa ipinahiram ko kay Rolando Glory na kopya ng *Apat na Himagsik* at *Tinging Pahapaw* para ipa-encode para sa edisyong ito. Sa hindi ko malamang sanhi ay nagkaroon ng espesyal na interes si Andoy sa *Palatulaang Tagalog* at pinilit na mabuo ang encoding ng lahat ng 43 pahina. Noon niya napansin na may nawawalang bahagi sa isang pahinang sulat-kamay. Sa gayon, naghalungkat siyá sa Lope K. Santos Collection ng National Library at nakakíta naman doon ng isa pang kopya ng *Palatulaang Tagalog*. Sa malaking tuwa niya ay napagwari niya ang nawawalang bahagi at kayâ ang bersiyong nása edisyong ito ng *Palatulaang Tagalog* ay maipagmamalaking kompletong bersiyon. Salamat sa tiyaga ni Andoy.

Ngayong tinitigan ko ang *Palatulaang Tagalog* ay sakâ ko natanto na isa itong balak na aklat. Ninais ni L.K. Santos na hindi lámang isa-Tagalog ang kaniyang panayam sa Español noong 1929 kundi gumawa ng isang komprehensibong kodigo sa poetika ng pagtulang Tagalog. Kung bagá, nais niyang higitan ang tagumpay ng pagsusuri ni Rizal sa tugma't súkat noong 1887. Hinggil sa tugma't súkat, mahahalatang malaking dagdag ang mga tuntuning bunga rin ng praktika ng mga Balagtasista sa ika-20 siglo patí na ang kaniláng isinagawang reporma sa saknungan alinsunod sa tradisyonal na pagtulang Español. Sa gayon, maaaring usisain ang ilang tuntunin na parang arbitraryo at sapagkat hindi naman taal na katutubo. Mapapansin ito sa talakay ng súkat na lalabindalawahin (na hindi man lámang nakilálang isang naturalisadong súkat, at sa gayon ay hindi katutubo) na pawang hiram sa pagtulang Español ang mga tuntunin, lalo na ang ukol sa yugtuan (*hemistiquio*) at ang kaugnay nitóng *caesura* (isinaling "hati").

Gayunman, maraming impormasyon ang *Palatulaang Tagalog* na wala sa *Peculiaridades* at mainam na suriin ngayon tungo sa higit na pag-unawa sa sarili nating pagtula at wika.

Nagsimula ang *Palatulaang Tagalog* sa isang matipid na depinasyon ng "tula" upang magpatuloy sa pagtalakay ng ipinalalagay niyang katutubong mga sangkap ng pagtulang Tagalog—tugma, súkat, talinghaga, at kariktan. [Ang mga ito rin ang inihandog ng mga kapanahon niyang sina Julian Cruz Balmaseda at Iñigo Ed. Regalado.] Tulad sa *Peculiaridades*, mahabà ang naging talakay niya sa mga katangian ng tugma at súkat. Mahalaga rin ang kaniyang iniukol na bagong talakay sa mga bawal na gawain sa tugma at súkat at ang pagtitipil (tinatawag niyang sining ng pagpapahabà o pagpapaikli ng salità)—na isang mahalagang kasangkapan ng makata sa wastong pananaludtod.

Ang malungkot, tulad din sa *Peculiaridades*, nawalan siyá ng panahon sa talinghaga at kariktan. Ngunit may dagdag na pakikinabangan ang kaniyang panimulang mga talà ("panimula" dahil ito ang mga pahinang nása mga sulat-kamay sa kaniyang manuskrito) hinggil sa talinghaga. May tinawag siyáng "mababaw"

at “malalim” na talinghaga at sa gayon ay nakapagbigay siyá ng ilang panuto para linawin ang kaniyang pag-uuri. Sa aking pagbása ngayon, nauukol ang mga panuto sa wastong pagtutulad, at hindi sapat na sumaklaw sa inaakala kong higit na malaking kabuluhan ng talinghaga sa pagtula. Subalit naipahihiwatig ng kaniyang panimulang talakay ang pangyayaring ang talinghaga—at patí na ang tinatawag na karikitan—ay isang bagay na higit kaysa tugma’t súkat.

Sa dakong ito ay nais kong ipaliwanag ang buong layunin ng edisyong ito, lalo na kaugnay ng *Palatulaang Tagalog*. Ang paglalathala sa edisyong ito ng mga sanaysay ni L.K. Santos ay hindi lámang nagnanais ipaalaala ang saliksik ni L.K. Santos at mga kapanahong Balagtasista hinggil sa pagtula. Ang paglalathalang ito ay isa ring panukalang buksan ang pagsusuri’t talakayan sa mga aspekto ng pagtula sa Filipinas na hindi nasaklaw ng sipat at titig sa panahon ng sigasig ng mga Balagtasista. Halimbawa’y ano nga ba ang talinghaga at karikitan? Paano ba ninais baguhin noong panahon ng Americano ang pagtulang pasalaysay mula sa mga awit at korido? O kung gayon, ano ba ang kaniláng tingin sa awit at korido bílang tulang pasalaysay? Ano rin sa gayon ang epekto ng kaniláng tingin sa kaniláng pagkatha—lalo na sa nobela, na wika nga ni I. Ed. Regalado ay nagkaroon ng “gintong panahon” sa kasigasisigan ng Balagtasismo?

At sa wakas, panukala rin ng edisyong ito na ibalik ang pananaw ng lahat ng guro, iskolar, at alagad ng wika sa panahong nililingon din ni L.K. Santos noong dekada 50—ang panahong maluwalhati ng Balagtasismo sa ilalim ng mga Americano. Isa iyong panahon ng matinding adhikang muling-kathain ang panitikang pambansa, kaugnay ng matindi ring adhikang isúlong ang kaisahan at identidad ng Filipinas. Pangunahing mithi ng Balagtasismo sa bungad ng ika-20 siglo ang patuloy na paglingap sa diwang mapagpalayà ng Himagsikang 1896. Sa loob ng maliit na puwang na idinulot ng patakaran “Benevolent Assimilation” ng pananakop na Americano ay sinikap ng mga Balagtasistang itaguyod sa larangang pampanitikan at pangkultura ang mga diwaing hindi na mahawakan ng mga politiko. Nagbunga ang kaniláng pagkilos ng di-matutulusang aktibidad na pampanitikan na noon lámang

naranasan sa buong bansa. At sa pamamagitan ng mga wikang katutubo—hindi lámang sa Tagalog kundi maging sa Sebwano, Ilonggo, Waray, Ilokano, Kapampangan, Pangasinan, at Bikolano. Bago pasinayaan ang Komonwelt ay nagpapaligsahan ang mga panitikan sa mga katutubong wika sa pagtatanghal ng posibilidad na hindi naiparanas ng Español at hindi pa naipakikíta ng Ingles, at tiyakang umapekto sa pasiya ng Kumbensiyong Konstitusyonal noong 1936 hinggil sa Wikang Pambansa.

Nagtagumpay ba silá? Mababakás sa himig ng mga sanaysay ni L.K. Santos sa edisyong ito ang panghihinayang. Mababása rin sa mga sanaysay niya ang birtud ng maluwalhating panahong iyon ng Balagtasismo sa bungad ng ika-20 siglo. Subalit may mga pagkukulang ba? Ano? May mga pagmamalabis ba? Ano? Maghihintay ako ng susunod na pangyayari, kung sakali, na maaaring ibunga ng edisyong ito.

Ferndale Homes
4 Setyembre 2016

ANG APAT NA HIMAGSIK NI FRANCISCO BALAGTAS

Si Balagtas ay Bayani rin ng Bansa at katulad nina Burgos, Rizal, Del Pilar, Bonifacio, atbp.

Bakit Namin Sinulat Ito

Nakapag-udyok sa amin na sulatin ang salaysay na ito ang isang pangyayaring nakaiilang taon pa lámang, na karapat-dapat maláman din ng madla bukod sa nangakasaksing gaya namin.

Kasalukuyan noong ang mga paaralan at kapisanan ng Wika ay naghahandaan ng kani-kaniláng palatuntunang idaraos sa nálalapít nang kaarawan ng Makata ng Lahi, si Francisco Baltazar. Ang nasabing araw ay may mga sampu nang taóng pinangungunahan tuwi-tuwi na ng tinatawag na Linggo ng Wikang Pambansa, salamat sa isang kautusang tagapagpaganap na lagda ng Malacañang, noon pang unang taon ng pananakop ng Japon dito sa Filipinas.

May mga sadyang Lupong itinatag upang maghati-hati sa mga paraan at araw ng pagdiriwang sa idaraos, hanggang sa ika-2 ng Abril, na siyá ngang kaarawan ng pagsílang ng dakilang Makata. Isang Lupong Kababaihan ang sadyang inatasang

mangilak ng mga abuloy, humingi ng tulong, at mag-anyaya ng pakikisáma upang lalong maging maringal ang mga pagdiriwang. Isa sa malalaking tanggapan ng Pamahalaang minarapat ng tinurang Lupon na dulugan at anyayahan, ay ang Kagawaran ng mga Kagalíngang-Bayan. Mataimtim na dininig ng butihing Ginang, na noo’y namumunò sa nasabing kagawaran, ang pag-aanyaya at mga paliwanag ng Lupon, at pagkatapos ay ganito, kumulang-humigit, ang kaniyang naging kasagutan: “Paano po makikisáma at maggugugol ang pamahalaan sa mga pagdiriwang na inyong binabalak, una-una, ay hindi naman isang bayani ng bansa si Francisco Baltazar, na gaya bagá nina Rizal, Bonifacio, at ibá; ikalawa, si Balagtas ay opo’t magalíng nang makata, ngunit siyá’y manunula sa wikang Tagalog, na isang bahagi lámang ng Sangkapuluan, at sa ngayo’y hindi pa man wikang pambansang Filipino, kundi hamak na batayan pa lámang nitó. Dinaramdam ko nga pong ang Kagawarang ito ay hindi makapagpaunlak sa inyong kahilingan.”

Nasáyang ang pagpapaliwanag na ginawa ng Lupon, hanggang mangapilitang magpaalam nang walang natamong anuman sa kaniláng layon.

Sa ganang sarili namin, kami’y naniniwala na ang gayong palagay tungkol kay Balagtas ng marilag na Ginang na kagawad sa gabinete noon, ay hindi kaniya lámang kundi siyá rin sa madlang pinunò ng ating pamahalaang-bansa, sa karamihan ng ating mambabatas, lalo na sa karamihan ng mga pinunò ng paaralang bihira ang di-pusakal sa maka-Ingles, at lalo pa mandin sa mga di-iilang lider politiko sa mga lalawigan at purok na may sariling wika o wikang ibá saTagalog. Samakatwid bagá’y mabibilang sa daliri ang sa kanilá’y nakaalam at naniniwala sa pagka-Makata ng Lahi at sa pagka-Bayani ng Bansa ni Francisco Baltazar.

Ang ganiyang pagwawalang-turing ay hindi namin ipinagtataká. Talaga namang hanggang sa mga panahong ito ay kulang na kulang táyo ng pagkakilála sa kaniyang pagkatáong likás na mapanghimagsik, sa kaniyang pagkabayaniing makapupong nauna kaysa kina Burgos, Rizal, Bonifacio, at ibá pang kinikilála na ng bayang

Filipino, at gayon din sa kaniyang pagkamakatang pinagkakautangan ng kaunlaran ng lahat halos ng mga wikang kapatid ng Tagalog sa pagka-Filipino.

Subalit panahon na ngayon ng pag-uulat at paglilinaw ng mga katotohanang ito, upang mahango sa karimlan at matubos sa kamalian ang mga kababayang hanggang ngayo'y salat pa sa pagkakilála sa tunay na kabuluhan ni Francisco Balagtas sa kasaysayan ng matalinong paghihimagsik at ng makabagong kalinangan ng bayang Filipino.

Ito ang pagtitiyagaan naming gawin sa pamamagitan ng salaysay na sumusunod:

Pagkatao ni Francisco Baltazar

Anak ng mga dukhang magulang na sina Juan Baltazar at Juana dela Cruz sa nayong Panginay, bayan ng Bigaa, lalawigan ng Bulacan, noong 1788. Sa búhay-maralita at aral-bukid na kinagisnan, si Kiko ay maagang nagpahalata ng di-kasiyáhan sa gayong pamumuhay. May mga nagsasabing nang lalabing-isahing taon na ay sadyang ipinahatid ng mga magulang sa Maynila upang makapag-aral. May mga nagpapalagay namang si Kiko ay kusang tumanan sa mga magulang at lakas-loob na tumúngo sa ulong-lungsod upang kumita rito ng bagong larangan ng búhay. Alinman sa dalawang paraang ito ng pagkakaluwas, pagpayag sa atas-magulang o pagkukusa ng sarili, ay nagpapakilála ng diwang batàng hindi nasisiyáhan sa kung ano na lámang ang kinamulatan, kahit na ito'y ang lalong kawili-wili at dalisay na búhay sa kabukiran. Nanaig sa kaniyang loob ang maagang pagkainip sa gayong kalagayan at ang napiling paghahangad na makalanghap sa malayo ng ibáng simoy ng kapalaran. Hindi kayâ unang gití na ang ganito ng paghihimagsik sa diwa ng kabataan?

Napaalila makapag-aral lámang nang nása magulong Maynila na. Tikis na tinalikdan yaong malayaw na búhay sa mga magulang na sa kaniya'y pumapanginoon, at ang hinarap sa bagong búhay ay

ang pamamanginoon sa ibáang tao, na paanhin mang mababait, ay di-sasalang pinakapagtiisan ding pakibagayan ng batà hanggang maging binata nang Balagtas na naglilingkod pa rin. At sa gayo'y wala siyáng layaw na naaagaw sa mga oras ng pamamanginoon, maliban sa pahintulot na makapagpatúloy sa pag-aaral.

Hindi ba mga ilampu munang taon ang nagsisunod, bago gumawa ng ganiyan ding mga pagsasákit ang mga Rizal, Mabini, at ibá pang nangaging bayani ng ating bansa? Kung may naiibá man sa ating paghahambing, kaipala'y ang hindi pagpapaalila sa alinman sa mga ito, makapag-aral lámang, sapagkat ang tunay na ring magulang ang sa kanilá'y nakapagtustos, samantálang kay Balagtas ang tustos ay kaniya ring mga pinagpaalilaan.

Sa mga naging panginoon ng alilang Balagtas, ay kabilang ang ilang pari. Kaipala, ito ang mga nakahimok sa kaniya upang pagpapari rin ang kahiligang dunong. Pagkapagtapos sa San Juan De Letran ay lumipat sa Colegio de San Jose. At dito'y tandisan nang mga dunong nga sa pagpapari ang pinagpatuluyan. Historya , Teolohiya, Mitolohiya, Pilosopiya, Kanones, matataas na karunungan itong para-parang nagkasarili namang luklukan sa kaniyang malawak na pag-iisip, at nagkasariling dungawan sa kaniyang malapad na noo.

Ngunit, bakit tíla nararamdaman niyang ang dunong ng pagpapari ay ayaw mag-ugat nang malalim sa kaniyang budhi at kalooban? Kaipala, napag-aralan niyang mabuti hindi lámang ang mga aklat, kundi gayon din ang mga nakikíta niya araw-gabí sa pinakikisamáhang búhay-pari, ang nararanasan niya sa búhay-sakristan, ang nalalanghap maya't mayang amoy-simbahan, at ang balanang bagay na namamasid sa kaniyang paligid. Hábang ang lahat ng iyon ay naiuugnay sa kaniyang mga likás na hilig, sa pagkamainipin sa gayon at gayon ding mga tanáwin at gawain at sa lagi nang pananabik sa malayàng lipad ng pag-iisip, likot ng guniguni, at kasariwaan ng puso, kaipala'y nakapanaig din sa lahat ang kainitan ng diwang mapanghimagtik. Sa gayo'y unti-unting naging pangit sa kaniyang paningin ang hugis ng mga táong

nakasuot-pari. Iniwan sa isang tabí ang, isusúkat na lámang sanang abito sa kaniyang katawan. Nagbúhay-lagalág. Sa halip ng dáting paninilbihan sa mga ibáng tao, ay nagsimulang sariling kalooban na lámang ang panginoonin. Sa ganyak at tulong ng ilang kaibigan, ay nagkapalipat-lipat ng bayan at tahanan. Naging taga-Tundo, naging taga-Pandacan, at aywan kung saan pang ibáng purok ng Maynila nakapanuluyan. Hanggang magkadulo ang lahat sa napagtiningang lalawigan ng Bataan, nang ang gulang niya'y tuntong na sa katanghalian.

Datapwat bago sumapit sa katatagang-gulang na ito, ang bungkos ng mga karanasan sa búhay na kaniyang natipon sapul sa pagkabatà at buong pagbibinata; ang mandala ng mga kabalintunaan at kabuktutang natipon ng hábang panahong iyang pagmamasid sa lagay at lakad ng bayan at pamahalaan, ng pananampalataya at pagsasamahan ng mga tao, ng wika at panitikang sarili, at sakâ ang timbon ng mga kaalamang naimpok niya sa buong pag-aaral . . . ang lahat ng ito'y nagkasáma-sámang gumiyagis sa walang kasiyáhan niyang budhi. Tulong-tulong na nagpaalab pa sa maapoy na niyang kalooban, at tahasang nagbunsod sa nag-aatubili niyang diwa at nagpupuyos na damdamin, upang sulatin at italâ sa kasaysayan ng lahi ang gayong mga kabalintunaan at kabuktutang naghahari, at palago nang palago sa kaniyang tinubuang-lupa, at upanding sa mga susunod na panahon ay mapagbatayan ng mga may lalong malalakas na loob ng kung ano at paano ang paglunas sa lalong mabuting mamarapating gawin ng mga ito.

Ang *Florante at Laura*, mahigit sa katipunan ng lahat ng mga saynete, komedya, at ibá pang tulang sinulat ni Francisco Balagtas, ay siyáng napagtiningan ng diwa niyang pasuwail sa kalakaran ng panahon at ng kaniyang damdaming mapanghimsik laban sa mga tuwás na kaugaliang naghahari noon sa tinubuan niyang lupa. Bagaman napakaliit sa tingin ang awit at napakanipis na aklat sa pagbása, ngunit naging isang batibot na suligi, isang napakahayap na balisong, na nakasugat nang malalalim na budhi at kaluluwa ng malupit na pamahalaang pinaglaanan, hindi sa pamamagitan ng mararahas na saksak at taga, kundi ng mga walang kalatis na ulos at iwà.

Ang minsa’y nasabi namin sa pagbubunyi sa mga sinulat ni Dr. Jose Rizal, na ang sandatang-pluma’y malakas sa lahat, “ay lalong nababagay ipagpaunlak sa nauna sa kaniyang panulat ni Francisco Balagtas.”

Hindi kami mangingiming magsabi na sina Burgos, Rizal, at Bonifacio ay makalimampu hanggang sandaang taon muna bago nangakasunod at nakapagpatúloy sa landas ng pagtuturo sa bayan ng panunuligsa at paghihimsik na pinasimulan ni Francisco Balagtas laban sa malupit at masakim na kapangyarihan; kayâ si Balagtas ang matatawag na “precursor” o kayâ’y panganay ng mga hulíng bayani ng katubusan na sa kaniya’y nagsisunod.

Hindi kami nagsasalitâ nang walang sandigan at katibayan. Himaymayin natin ang mga lihà at kilabot ng kabuuan ng “munting-malaking” awit na iyan, at mabibilad sa ating mga matá ang kabayanihan ni Francisco Baltazar.

Apat na uri at layon ng paghihimsik ang súkat mahango sa awit na *Florante at Laura*:

1. Himagsik laban sa malupit na pamahalaan;
2. Himagsik laban sa hidwang pananampalataya;
3. Himagsik laban sa mga maling kaugalian; at
4. Himagsik laban sa mababàng uri ng panitikan.

Tungkol sa Unang Himagsik

Inilarawan ni Balagtas ang ibá’t ibáng uri ng mga kalupitan at masasamáng palakad ng pamahalaang Español. Bagaman ang pagsasaysay ay di tumitiyak na ang mga lupit at kasamaang iyon ay sa Filipinas nangyayari; datapwat ang mga bagay at pangyayaring iniuulat o binabanggit ay akmang-akma at malápit sa larawan ng mga nangyayari rito noon. Upang mailigaw ang bumabása at maligtasan ang pag-uusig, tinawag niyang “kaharian ng Albaniya” ang pinangyarihan. Ngunit ang panga-pangalan ng mga tauhang gumaganap sa dula at awit, ay pawang ngalang Kristiyanong Español,

at ang sa mga Moro ay mga pangalang Arabe o Musulmang palasak sa mga nobela at kuwentong Español.

Gayon na lámang kasugid sa pagsusuri ng mga aklat at ibá pang babasahíng-bayan ang noo'y umiiral sa Comision Permanente de Censura, na di-súkat malingid sa katalinuhan ni Francisco Balagtas ang lalong maingat na paghahanda ng isang babásahín o awiting-bayan, na may mga lihim na tuligsa sa nakatatag na pamahalan, at may itinago o ikinakanlong na mga binhi ng pagpapakilála sa bayan ng tinitiiis na mga kaapihan at ng kalupitan ng mga pinunòng sa bayang umaapi.

Palibhasa naman noon ay wiling-wili ang mga tao sa pagbábasá ng mga awit at korido, at ito lámang naman ang mga babasahíng naiibá sa mga nobena, trisahiyo, at balanang uri ng mga dasalang tanging pinahihintulutan ng Censura; kayâ idinaan ni Balagtas sa uri at ayos-awit ang pagsasaysay ng kaniyang mga isipang kunwa'y pang-aliw bago'y patuligsa at pasuwail. At dahil sa ang karaniwang naaari lámang paksain sa mga awit, korido, komedya, duplo, at ibá pang babásahín at panooring-bayan ay búhay at labanan ng mga Kristiyano at Moro, na ang pinangyayariha'y mga ibáng lupa't ibáng lahi, at kailanma'y hindi naaaring makatukoy ng ukol dito sa ating lupa; kayâ ang kasaysayang pinaksa sa *Florante* ay búhay rin ng mga Moro't Kristiyano. Sa gayong paraan ay napakibagayan ang pananabik at pagkawili ng bayan at gayon din ang kaluwagang magpahintulot ng pamahalaan at ng simbahan sa gangganitong uri ng babasahín at paksain. Anupa't isinunod sa agos ng may-akda ang kaniyang nilunday na *Florante at Laura*, hábang nag-iiwan sa mga nararaanang pampang ng mga budhi ng mga pataliwás na isipan laban sa mga gipit na kalagayan at sa mga kaugaliang hamak na noo'y umiiral.

Sa pasimula pa lámang ng awit, na pinamagatan ng may-akda ng "Puno ng Salita," ay masisinag na ng sinumang babásang may matatalas na isip ang buo at buháy na larawan ng sakdal-sungit na panahon, mistulang gubat na madilim, mahayop na mababangis at walang kasinsukal na lupaing kinaroroonan ng tinawag niyang "kaharian ng Albaniya," na sinabi na nating siyáng

Filipinas. Basáhin ang mga sakhong (stanza) na mula sa una hanggang ikapito at sabay o sunod na gunigunihin ang kahambal-hambal na katayuan ng ating lahi at tinubuang lupa sa ilalim ng kapangyarihan ng España at ng Roma noon.

Sa isang sakhong lámang (8) ay buo niyang ipinasinag ang isang “punòng higerá,” bílang larawan ng isang pamunuang bayang ubod ng kasungitan at bangis, na kinagagapusan ni Floranteng sawimpalad. Alin pa nga ang mga ito kundi ang pamahalaang Español at ang bayang Filipino?

Ganito ang pagkakarawan sa tula:

“Sa may gitna nitóng mapanglaw na gubat,
May punòng-higerang daho’y kulay pupas;
Dito nagagapos ang kahabag-habag,
Isang pinag-usig ng masamâng palad.” (8)

Sa mga sakhong na ikasiyam hanggang ika-12 ay inihambing ang lahi o bayang Filipino sa magandang binatang sawimpalad na nakagapos sa punò ng kalupitan; lumuluha, nananaghoy, at humihingi ng layà at katarungan, ngunit walang mahabaging kamay na súkat magligtas, bagkus lalo pang pinagbabangisan ng pag-iisa at kapighatian.

Sa ika-13 sakhong ay nagsimula na ang pagsumpa ng may-akda sa bandila ng Albaniang nakawagayway, na tinawag niyang “bandila ng lalong kasam-an.” At nagsapul na rin dito ang mga bulalas ng pagngingitngit, ang pagsusumbong sa Maykapal, at ang paghingi sa langit ng paghihiganti sa gayong ubod ng samâng pamahalaan.

Inihanay na isa-isa ang mga kasamaang ito sa pamamagitan ng masising na sakhong at matatalinghagang pananalitâng sumusunod:

“Sa loob at labas ng bayan kong sawi,
Kaluluha’y siyáng nangyayaring hari,

Kagalínga't bait ay nalulugami,
At inis sa hukay ng dusa't pighati." (14)

"Ang magandang asal ay ipinupukol
Sa laot ng dagat ng kutya't linggatong;
Balang magagaling ay ibinabaon
At inililibing nang walang kabaong." (15)

"Nguni, ay ang lilo't masasamâng loob,
Sa trono ng puri ay iniluluklok,
At sa balang sukab na may asal-hayop.
Mabangong insenso ang isinusuob." (16)

"Kaliluha't samâ ang ulo'y nagtayô
At ang kabaita'y kimi't nakayuko,
Santong katuwira'y lugami at hapô,
At luha na lámang ang pinatutulo." (17)

"At ang balang bibig na binubukalan
Ng sabing magalíng at katotohanan,
Agad binibiyak at sinisikangan
Ng kalis ng lalong dustang kamatayan." (18)

Sa saknong na ika-19 ay dinadaliri na ang dalawang pangunahing sanhi ng gayong pagsamâ ng pamahalaan at ng sukdulan na ng paghihirap ng bayan—ang kasakiman sa yaman at ang katakawan sa kapangyariha't dangal. Ganito ang pagkakasalitâ:

"O taksil na pita sa yama't mataas,
O hangad sa puring hanging lumilípas,
Ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat
At niring nasapit na kahabag-habag." (19)

Sa ika-20 saknong ay tiyakan nang binanggit ang isang "Konde Adolfo," bílang larawan ng katauhan, o kinatawan ng diwa ng pagkamangangagaw ng kapangyarihan sa pamahalaan din niláng nakatatag, ng diwa ng pagkasakim sa kayamanan at karangalan, at ng diwa ng pagtataksil sa kaniya ring mga hinlog at

kasamahán, sa pamamagitan ng balatkayo ng kapakumbabàan, ng “masayáng mukha at pakitang giliw,” hanggang maipagwagi ang “lihim na pita sa yaman, kapangyarihan at dangal.” Mapaghuhulo na ng sinumang napailalim sa panahon ng pamahalaang Español kung alin ang “diwa(ng ito) ng dilang kasamaan” na ibig ilarawan o tukuyin ng may-akda ng *Florante*.

At ang Konde Adolfong iyan, sa wakas, ay hindi tinugutan ni Balagtas hanggang hindi naigupo at napatay ng panà ang isang babaeng Mora pa naman—si Florida, kagaya rin naman ng pagkakasupil at pagkakapagtaboy sa mga halimaw na sisilà sa nakagapos na si Florante, at ang naging tagapagligtas ay isang Moro rin—si Aladin.

Ang lahat-lahat na iyan ay isinaysay at inilarawan ni Francisco Balagtas sa kaniyang awit, hango sa mga nangyayari nang panahong yaong kaniyang kinabuháyan (1788–1838). Samakatwid, nauna pa siyáng di-hamak sa ating mga Burgos, Rizal, Del Pilar, at Bonifacio, kung sa gawang paggising at pagpapabangon sa ating nakagulangapay na bayan sa banig ng kaapihan at pagkaalipin.

Tungkol sa Pangalawang Himagsik

Kakaibá sa ngayon na bawal sa Saligang-Batas ang pagkakapisan ng kapangyarihan ng estado at kapangyarihan ng iglesya, at ang lahat ng mamamaya’y may lubos na kalayàan sa pananampalataya at pagsamba, noon ay ganap na kabaligtaran ang umiiral. Ang pamahalaan at simbahan, dalawa man sa pangalan ay iisa sa turing at sa kapangyarihan. Kung maminsan-minsang nagkakahidwaan ang dalawa, ang simbahan ang siyáng nakapangyayari at nagwawaging karaniwan. At noo’y walang maaaring sampalatayaanang relihiyon ang mga mamamayan, kundi tanging ang Iglesya Katolika Apostolika Romana, na siyáng kinikilála ng pamahalaang “*religiión oficial del estado*.”

Dahil dito, anumang aklat, pahayagan, at ibá pang uri ng mga limbag na babasahín, ay hindi maaaring maikálat kung yari rito,

o makapások kung yari sa labas, nang di magdarran muna sa Censura. Kung mangakaraan na ay kinakailangan pa ring magkapahintulot at magkatatak ng tinatawag na "*gobierno civil*" at ng "*gobierno eclesiastico*." Aklat na lumabas nang wala ng alinman sa mga pahintulot at tatak nilá ay naipapalagay na "kontrabando," at ang kusang bumása ay napapalagay namang nakagawa ng "pekado mortal," at kaipala'y maging "*excomulgado*" pa.

Gayon na lámang ang higpit ng simbahan at pamahalaan, na kinakatawan ng Comision Permanente de Censura, kung kayâ ang mga manunulat nati'y nangaging takót magpalabas ng anumang aklat o ibá pang babasahing di ukol sa pananampalataya, gaya na nga ng sari-saring uri ng mga dasalan, nobena, búhay ng mga santo at santa, at ibá pang gangganito. Ang mga awit, korido, at komedya, ay napabílang sa mga aklat na babasahín o palabas na panoorin; ngunit ang kailanma'y di nga naaaring mawala sa mga ito, ay ang labanan ng Kristiyano at Moro, binyagan at di-binyagan, na sapilitang mga Kristiyano ang panálo at ang mga Moro ang tálo. Kailanma'y hindi maaaring itanghal na ang Moro'y maging mabuti pa kaysa Kristiyano. Ang binyagan ay siyáng laging kalong at tanging tangkilik ng Diyos, at ang di-binyagan ay laging kampon ng demonyo. Sa mga paring propesor ay karaniwan nang marinig noon ang kasabihang "*el moro bueno es el muerto*"—ang mabuting Moro ay ang patay.

Hanggang sa ganitong samâ ng pagpapalagay sa kapuwatao dahil lámang sa ito'y hindi binyagan ay umaabot ang pag-alipusta noon sa mga ibáng di-kaisa ng relihiyon. Ang pamagat na "Moro" ay sadyang may kakambal nang diwa ng pagduhagi at himig kaalipustaan. Kasingkahulugan ng taksil, palamara, at sukab. Tinaglay rito ng mga Español ang alamat ng kapootan sa mga di-binyagang Arabe o Musulmang sumalakay at nakasakop sa España nang may ilang dantaon, at nakapag-iwan sa kanilá ng malalalim na bakás ng wika, panitikan, at mga kaugaliang Arabe o Mahometano.

Kakaibá nga táyong mga Filipino, na lampas pa sa sukdulan kung kumilála at gumanti ng utang-na-loob sa mga banyagang

bansang sumalakay, sumakop, at lumupig sa ating bayan at lahi nang pupuo at daan-daang taon. Anong dalì nating lumimot sa mga kaapihan at magmahal sa mga umapi, nang kaipala'y mahigit pa sa rating pagmamahal! Dito sa Filipinas, nakakapagparagdag pa sa mga katutubo nang poot ng Español tungkol sa Moro, iyang katigasan ng loob at katapangan ng mga taga-Mindanao at Jolo sa pagtanggì sa relihiyong Katolika at sa paglalaban nang ubos-káya sa balanang sasalakay at aagaw sa kaniláng lupa, pananampalataya at kalayàan. Nakatagal nang mahigit tatlong dantaon ang kapangyarihan ng España at ng Roma dito sa Filipinas, ngunit di nilá natamong mapasuko at mapasamba sa relihiyon nilá, ni mapasunod sa mga batas at pag-uugaling binyagan at makadayuhan na niyakap agad ng mga Filipino sa Visayas at Luzon.

Ang Moro nga sa mga panahong yaong inabot pa ng Makata nating pilosopo at rebolusyonaryo, ay isang napakahamak, dusta sa kasuklam-suklam na táong anaki'y napagkamalang likhain ng Diyos. Ngunit, si Balagtas, sa halip na makiayon o makibákas sa ganiyang palagay at paniniwala, ay tumaliwas na talaga at umibá ng landas ng pagkukuro.

Tikis niyang sinalungat at pinabulaanan ang palagay na ang Moro ay di nakakakilála ng Diyos; na ang Moro'y di-marunong ng gawang kabanalan; na ang Moro'y walang kaluluwa't sumasamba lámang sa mga hayop; na walang batas ng karangalang-asal; na laging taksil sa pakikisáma at ubod ng palamara sa mga kaaway. Ang mga kasamaang ito ay ipinakilála ni Balagtas na di lámang sa mga Moro súkat makita, sapagkat mayroon din, at kaipala'y karaniwan ding gawain ng mga Kristiyano. Na, ang magkakapuwa Kristiyano man ay nagsísiraán din, naglililuhan, at nagpapatayang madalas.

Sina Haring Linceo at anak niyang dalagang Prinsesa Laura; sina Duke Briseo at anak niyang binatang Florante, at si Konde Adolfong pinsan ni Florante, ay para-parang mga Kristiyano; datapwat silá-silá na rin ang nagtaksilan. Inagaw ni Adolfo ang korona at trono ng Haring Linceo, at pinatay pa ito, pati si Duke

Briseo. Pinaghandaan ding patayin si Florante upang maagaw ang kasintahan nitóng si Laura; pinag-akalaan itong dahasan ng puri. Silá’y para-para ngang mga Kristiyano, magkababayan, magkakamag-anak pa, at katutubong mga kaaway at kadigmaan ng mga Moro. Subalit, sino ang nagligtas sa binyagang si Florante na ipinatápo’t ipinagápos ng kapuwa niya binyagan at pinsang si Adolfo, nang sa pagkagapos ay darakmain na lámang ng dalawang halimaw (hayop na leong sagisag pa man ng España), sino nga ang nagligtas at nagyaman kay Florante upang panaulian ng hininga’t lakas?—Isang Persiyanong Moro, ang mahigpit pa niyang kalabang si Prinsipe Aladin! At sino naman ang nagligtas ng puri at búhay ng binyagang Prinsesa Laura, nang oras na ginagahasa ng kapuwa binyagang Konde Adolfo?—Isa namang Mora, si Prinsesa Florida, na siyáng pumanà at nakapatay sa gumagahasa!

A! ang *“ley natural”* o batas ng katalagáhan sa pagsasamahán at pagmamahálan ng magkakapuwa-tao ay ipinakita ng dalawang magkasintahang Moro at Mora na nása ibabaw ng mga batas ng alinmang relihiyon; na sa mga hindi man Kristiyano ay may Diyos ding nangangalaga at nagtuturo ng mga gawang kabanalan, ng pagkakawanggawa at ng pagdamay sa kapuwa-táong naaapi at nása kapahamakang lagay; na sa oras ng mga kapanganiban ng búhay ay di kailangan ng magliligtas na usisain pa o uriin muna kung ang nása panganib ay kalahi o hindi, kaaway o kaibigan, kapuwa binyagan o hindi.

Pakilasahan natin ang masasaklap na salitá ng isang Kristiyanong “anak ng Diyos,” at pakilasapin din naman pagkatapos ang matatamis na pananalitá ng Morong “anak ng diyablo,” at sakâ natin sabihin kung si Balagtas ay may katwirang tumutol at magsuwail laban sa gayong maling pananampalataya at mana-manahang paniniwala.

Si Florante, nang sa pagkawalang-malay-tao ay balikan ng diwa at muling mamulagat sa kandungan ni Aladin, ay nagitlahanan, at palibhasa’y di-káyang umigtad, ay napataghoy na lámang ng ganito:

“Sino? sa abâ ko’t nása Morong kamay!” (146)

Sa kaunting salitang ito ay mababása ang pinagkabatuhang tigas ng loob at lagi nang mahigpit na hininga ng mga binyagang Romano laban sa mga di-binyagan o sa tungkol Morong sinuman o anuman.

Datapwat sa bibig ng isang tunay na Moro, si Prinsipe Aladin, ay ganito naman ang malulumanay, makatao, at maka-Diyos, na mga pangungusap:

“Sagot ng gerero’y huwag na manganib
Sumapayapa ka’t mag-aliw ng dibdib,
Ngayo’y ligtas ka na sa lahat ng sákit,
May kalong sa iyo ang nagtatangkilik.” (147)

“Kung nasusuklam ka sa aking kandungan,
Lason sa puso mo ang hindi binyagan,
Nakukutya akong di ka saklolohan
Sa iyong nasapit na napakarawal.” (148)

“Ipinahahayag ng pananamit mo,
Taga-Albaniya ka at ako’y Pers’yano,
Ikaw ay kaaway ng baya’t sekta ko,
Sa lagay mo ngayo’y magkatoto táyo.” (149)

“Moro ako’y lubos na táong may dibdib,
At nasasaklaw rin ng utos ng langit,
Dini sa puso ko’y kusang natititik,
Natural na leing sa abâ’y mahapis,” (150)

“Ano’ng gagawin ko’y aking napakinggan
Ang iyong pagtaghoy na kalumbay-lumbay,
Gapós na nakita’t pamumutiwanan
Ng dalawang ganid, ng bangis na tangan.” (151)

Madalumat kayâ natin ang kadakilaan ng ganitong leksiyon o aral na itinalampak ni Balagtas sa mukha ng mga mapanariling paniniwala at mapalalòng pag-uugali ng mga Kristiyano noon, at kaipala’y ng karamihan pa man ngayon!

Ngunit, hindi hahangga diyan ang kapangahasang ipinakita ng ating Makata sa pagpuwing at pagsusuwail sa ilang kaugalian at katiwalian ng noo'y nag-iisa at naghahari ritong pananampalataya.

Sinasabi ng matatandang kasaysayan tungkol sa katutubong pananampalataya ng mga tagarito, na ang tawag diyan ng relihiyong bagong pasok at pairal dito ng España at Roma, ay "*idolatría*" at "*anitería*" lámang, at di-tunay na relihiyon o pagsamba sa totoong Diyos. Ito rin ang tinatawag nilang "paganismo." Dahil sa ganiyang palagay ng pamahalaang Español at pananampalatayang Romano ay pinagsunóg at ipinagbawal ang karamihan ng mga katutubong kasulatan at ibá pang sagisag ng mga "idolo" at "anito," tulad ng mga larawang sinasamba ng mga pagano o di-binyagan. Gayon na lámang ang pagkakahamak ng mga pinunò ng simbahan sa gayong mga sulat, sagisag, at larawan, na pati katutubong pamagat nating Bathala sa Dakilang Maykapal, ay nilagyan nilá sa talatinigan ng kahulugang "*su mas grande idolo!*" Anupa't unti-unting naging bawal, nalimutan, o nangawala ang mga pamagat at salitang ukol sa "idolatriya" at "paganismo," at nangahalinhan ng pangalan, sagisag, at larawan ng mga santo at santa, at ng mga ibá pang tawag at anyo, ayon sa bagong dating na pananampalataya at pagsamba ng mga Kristiyanong Katoliko.

Datapwat, si Francisco Baltazar ay nagpakilála rin ng di niya pag-sang-ayon sa pagtatápon ng mga salitá, sagisag, at pamagat na nagpapakilála ng katutubong pananampalataya ng mga tagarito. At palibhasa'y di niya inakalang mabuti ang lantaran at tuwirang pagtatanggol ng matandang "idolatriya" at "paganismo" ng ating mga ninuno, ang ginamit at inilagay sa kanyang awit, ay hindi mga pamagat na hango sa "*Sancta Sanctorum*" at "*Calendario Gregoriano*," kundi pulos na sa mitolohiya ng mga Griego kumuha, na nagtataglay rin ng diwa, kulay, at alamat ng "idolatriya" at "paganismo."

At isa pang tanda ng pagtaliwas ni Balagtas sa kasagwaan ng mga ugaling makarelihiyon ay ang ginawa niyang paghahandog ng kaniyang awit. Halos lahat ng mga awit, korido, at ibá pang mga dasalan at aliwang babasahín noon ay laging may paunang

dedicatoria o pagpapatungkol, kundi sa alinman sa maraming bansag ng Mahal na Birhen, ay sa ngalan ng alinmang pinipintakasing santo o santa ng may-akda. Ang karaniwang layon ng ganitong paghahandog at patungkol, ay paghingi ng awa at tulong sa pinaghahandugan upang mapanuto sa pagsulat, mapawasto sa kamalian, mailawan ng biyaya ang kariliman ng paksang tatalakayin, at mapakamtan ng patawad o paumanhin sa anumang kakulangan o pagkakahidwang mapansin sa akda ng babása. Anupa't isang lubos na kapakumbabaan at pagtitiwala sa tulong ng langit o ng pintakasi ang maging sa unahan at maging sa hulihán ng aklat ay ipinahahayag ng may-akda.

Subalit si Balagtas, na kaipala'y naniniwalang hindi dapat ipamintakasi sa mga tagalangit ang mga susuláting ukol sa mga kabalighuan, kabulaanan, at kabalbalang madalas na siyáng nilalaman ng ganiyang uri ng mga akda, ay hindi nga gumaya o sumunod sa gayong hangal at lapastangang pagdalangin at pagpapatulong na pinagkaugalian ng mga manunula at mangangatha. Ang pinaghahandugan ni Kikong Balagtas ng kaniyang tulambuhay na iyon ay si Celia, ang musa o paralumang naglalalindiwa sa kaniya upang makasulat ng isang dakila't napakayamang awit, na tinagurian niya ng—

“Ito'y unang bukal ng bait kong kutad
Na inihahandog sa mahal mong yapak,
Tanggapin mo nawa, kahit walang lasap,
Nagbuhat sa puso ng lingkod na tapat.”

Ang katwiran ng dakilang Makata sa ganitong pagsinsay sa kinaugaliang landas ng pamimintakasi at pag-aalay ng mga bungang-isip ay dapat itong ihandog sa kung sino ang kapuwa nilikhang pinagkakautangan ng nayaring bungang-isip, at hindi ang sinumang tagalangit na walang kinalaman sa dahilan at layon ng pagkakayari.

Tungkol sa Pangatlong Himagsik

Ang pagsasamahán ng mga tao, ang pagpapatibay na lalo at lalo sa buklod na mag-aanak, ang lipunan, sa katagang sabi, ay siyáng pinag-ukulan ni Kikong Balagtas ng kaniyang pangatlong pagbabangong-puri.

Sa mga kamalian at kasalanang totoong namalask at nagkaugat nang malalalim, sa di mabuting mga kaugalian ng ating lahi na inabot at napagpakuan ng mapagmasid niyang mga matá at pag-iisip, ay nabibilang ang pagpapabúkas-búkas ng dapat nang gawin ngayon, ang masagwang pagpapalayaw sa mga anak, ang pagkamapaniwalain o mapagtiwala, ang pagbabalatkayo at pagkamainggitin, ang pagkamapanghamak at mapaghiganti sa kaaway, ang pangangagaw sa ibá ng pag-ibig, at ibá pang masamâng pinagkaugalian sa lipunan, na kinapitan ng umingles ng *Noli Me Tangere* ni Dr. Rizal ng pamagat na *Social Cancer*. Inari ni Balagtas na malalaking kasiraampuri ng lahi ang paglaganap at pananatili ng mga di-magandang kaasalang ito. Ipinagmakahiyâ niya, at sa kaniyang awit ay tinapatang isa-isa ng mga lunas na pangaral at kahiyáng na mga halimbawa, sa pamamagitan ng mga kawili-wiling pananalitâ ngunit mahahayap na talinghaga.

Sa mapagpaliban ng mabuting gawain, ay ipinarunggit niya ang—

“Na, kung maliligo sa tubig aagap
Nang hindi abutin ng tabsing ng dagat” (11)

Sa mga mapagpalayaw sa anak, ay ilang talatang makatwiran ang kaniyang iniaral sa pamamagitan ng mga saknong bílang 197, 198, 199, 200, 201, 202, at 203. Mahahalaw natin ang mga sumusunod:

“Di dapat palakhin ang mga batà sa sayá,
At sa katuwaa’y kapag namihasa,
Kung lumaki’y walang hihinting ginhawa.” (197)

"Lumaki sa tuwa'y walang pagtitiis,
Ano'ng ilalaban sa dahas ng sakit?" (198)

"Ang táong mágawî sa ligaya't aliw,
Mahinà ang puso't lubhang maramdamin." (199)

"Para ng halamang lumaki sa tubig,
Daho'y nalalanta munting di madilig." (200)

"Ang laki sa layaw karaniwa'y hubad
Sa bait at muni't sa hatol ay salat." (202)

"Sa taguring bunso't likong pagmamahal
Ang isinasamâ ng batà'y nunukal,
Ang ibá'y marahil sa kapabayaan
Ng dapat magturong tamad na magulang." (203)

Sa pagkamapagtiwala o palagay-loob at sa may balatkayong pinagtiwalaan ay súkat na banggitin ang mga salitâ ni Florante nang ipinaninibugho si Laura:

"Katiwala ako't ang iyong kariktang
Kapilas ng langit, anaki'y matibay,
Tapat ang puso mo't di nagunamgunam
Na ang paglililo'y nása kagandahan." (41)

Sa pangingilag sa kaibigang taksil at mapagbalatkayo ay ganito ang pangaral ng Guro ni Florante:

"Huwag malilingat at pag-ingatan mo
Ang higanting handa ng Konde Adolfo;
Pailag-ilaga't parang basilisko,
Súkat na ang titig na matay sa iyo." (245)

"Kung ang isalubong sa iyong pagdating
Ay masayang mukha't may pakitang giliw,
Lalong paingata't kaaway na lihim,
Siyang isaisip na kakabakahin." (246)

“Datapwat huwag kang magpapahalatang
Tarok mo ang lalim ng kaniyang nasà;
Ang sasandatahi’y lihim na ihanda
nang may ipagtanggol sa araw ng digma.” (247)

Sa pangangagaw sa ibá ng pag-ibig ay ganito naman ang panaghoy ni Aladin:

“O pagsintang labis ng kapangyarihan,
Sampong mag-aama’y iyong nasasaklaw;
Pag ikaw ang nasok sa puso ninuman,
Hahamaking lahat, masunod ka lámang.” (80)

“At yuyurakan na ang lalong dakila,
Bait, katuwira’y ipanganganyaya,
Buong katungkula’y wawaling-bahala,
Sampon ng hininga’y ipaubaya,” (81)

Halos kalahati ng awit ay nauukol sa gangganitong mga suliranin ng pagsasamahán at pag-ibig, na inilalahad, tinutuligsa, at tinatapatan ng mga panlunas na aral at halimbawa. Ngunit súkat na ang mga talatang hinalaw namin, upang magpakilála ng diwang mapanaliksik ni Balagtas at ang damdaming lipos ng karanasan sa mga katiwalian ng búhay.

Mahigit na limampung taon muna ang nakaraan, bago ang gangganyan ding mga suliraning panlipunan ay ulitin at puspusang talakayin ni Dr. Rizal sa kaniyang *Noli* at *Fili*, at sakâ ni Bonifacio sa “Kartilya ng Katipunan.”

Tungkol sa Pang-apat na Himagsik

Ang agwat ng pagtula at pananagalog ni Balagtas sa kalahatan ng mga manunula at mananagalog nang mga panahong iyon ay tunay na napakalakí at napakahirap matulusan sa mga hanggahan at saklaw. Lumitaw siyá at napagitna nang kasalukuyang ang panitikang Tagalog ay sakbibing lubos na lubos na pananampalataya. Nakukuyom sa

kamay lámang nitó ang mga katutubong pakpak at bagwis ng Wika, at kuyom na'y nakukulong pa sa bakuran ng Sensura, na maanong may kaunti mang puwang o bútas na súkat malusutan sa pagtakas, sakaling ibiging makawala.

Ang lalong mabubuting manunula at manunulat noon, gaya ng mga Tuason, Tecson, Puancen, Mojica, Huseng Sisiw, Pilapil, de Castro, Evangelista, at ibá pang marami, ay walang nangapagdaragisunang sulatin o tulain noon kundi mga nobena, loa, duplo, búhay ng mga santo, pasyon, sari-saring dasalan, padalahan (sulatan sa pag-ibig), paanyayang patula sa mga pistahan, sermon o platika, awit, korido, komedya, at ibá pang gangganito, na pawang himig-simbahan, amoy-kandila, matuwid na landas, at hagdanang pakabilâng-búhay. Bhirang-bihira ang para sa búhay na ito. Kalahati naman ng lahat ay yari sa tula, ngunit anong tula!

Sa ilang pag-aaral tungkol sa tulang Tagalog ay natutuhan naming ito'y nangangailangang magtaglay ng apat na sangkap o katangian ng súkat ikaibá sa pagsasaysay na tuluyan (prose).

Ang sangkap na ito'y: **tugma, súkat, talinghaga, at kasiningan.**

Ang dalawang una'y mga sapilitan at pangunahing kailangan, at ang dalawang hulí'y mga panghiyas lámang at di-gaanong sapilitán; bagaman kapuwa nagagamit maging sa tula at maging sa tuluyan. Subalit ang tulang wala ng dalawang hulíng sangkap na ito, dili ang hindi matatawag nga ring "tula," ngunit tulang pangkaraniwan lámang, at di súkat maipagmalaki ng panulaang Tagalog, na gaya bagá ng kung tinataglay ng tula ang lahat ng apat na sangkap.

Tinatawag naming "manunugmâ" ang mga tumutula nang huwag di magkatugma ang mga hulíng salitâ ng mga taludtod (*line* o *verse*) na bumubuo ng bawat saknong (*stanza*). Madalas ding ang mga manunugma ay di-gaanong maiingat sa súkat (*meter*) ng mga taludtod. Anupa't mahusto lámang sa bílang ng mga pantig na kailangan ay naaari na sa kanilá ang magbawas ng mga pang-angkop o ng ibáng katagang tunay na kailangan ng wasto at matatas na

pananalitâ. Ang tawag na “manunula” at “makata” ay alangang taguri sa mga “manunugma” lámang. Naging panudyo na tuloy sa tula ng mga manunugma ang tawag na “tula-tulakis” o “tulang lilipad-lulukso.”

Sa matandang panulaang Tagalog ay halos pawang mga manunugma lámang ang nagsisipamayani. Kung itatangi ang mga tulang salawikain, ang mga bugtong, at mga kundiman, na siyáng mga uri lámang ng tulang likás na matatalinghaga at masisining, bukod sa may mga tugma at súkat din naman, ay masasabi ngang lahat na halos ng ibá-ibáng uri ng mga tula noon ay walang alinlangang maipagkakaloob sa mga tula ni Francisco Baltazar ang karapatang siyáng una at higit sa lahat na pinagkakautangan natin ng lalong mataas na diwa sa pagtula, ng lalong maayos na paghahanay ng mga isipan sa tula, at ng lalong magagandang talinghaga sa pananalitâ. Kung sa kataasan ng uri ng tula ni Balagtas ay isasáma pa ang pagkamakabago na, noon pa man, ng balangkas ng kaniyang awit, na ibáng-ibá sa mga pinagkaugalian, ay karapatan din naman ni Balagtas na ibigay sa kaniya ang gantimpala at karangalan ng pagkapasimuno sa pagpapasok sa ating mga dáting awit at dula ng gayong maganda at matalinong mga kabaguhan.

Nariyan ang aming mga matuwid kung bakit nakapangangahas kaming magsabi na si Francisco Balagtas ay nakagawa rin ng paghihimagsik sa larangan ng panitikan, lubha pa sa panulaang Tagalog.

Pambansa at di Pangkatagalugan Lámang

Datapwat waring magkakamalí kami at magkukulang sa katotohanan kung ipasasarili sa wikang Tagalog lámang ang mga tagumpay at pakinabang na tinamo , tinatamo, at tatamuhin pa sa hinaharap ng dakilang awit na iyan ng Sisne ng Panginay. Ang tagumpay ay pinakinabangan at pakikinabangan din ng mga ibá pang wikang kapatid ng Tagalog sa pagka-Filipino.

Hindi kami lámang ang nag-aakala ng ganito. Mga bantog na mananaysay at pantas-wikang banyaga at kalahi, ay kumikilála at namamansag ng ganiyang katotohanan. Pinatutunayan niláng ang mga aral na inihahasik sa isip at kalooban ng mga tao ng kahanga-hangang awit na iyan ay hindi sa katagalugang-lupa lámang tumubo, lumago, at napag-anihan ng sagana at matitimyas na bunga, noon at hanggang sa kasalukuyan; kundi maging sa isipan ng di-iilang mananaysay at manunulat na banyaga at kalahi, maging sa kahilagaan, katimugan, at kakanluranang-lupa ng Filipinas, at pati na sa isipang-paham ng ilang tagamalalayòng daigdig.

Sa mga naalaala naming aklat na kinabasáhan ng sinisiping ilang talata ng *Florante at Laura* at ng kalangkap na mga papuri at paghanga sa ganda at kadakilaan ng nasabing awit, ay isa na ang sa kay Fray Sebastian de Totanes na *Arte de la Lengua Tagala*, sa ikaapat na pagkalimbag noong 1865; isa pa ang *Gramaticang Tagalog* ni Fray Joaquin de Coria, na nilimbag sa Madrid noong 1872 at may kalakip pang matataas na kuro tungkol sa tula at "tayotay" na Tagalog at sakâ sa *Florante*. Gayon din ang súkat maalaala sa *Ensayo de Gramatica Hispano-Tagala*, ni Fray Toribio Minguella, limbag sa Maynila noong 1875.

Ang Español ring si Wenceslao E. Retana, bantog na mananaysay at mananaliksik-wika, ay maraming ulat at banggit na mahahalaga hinggil kay Balagtas at sa *Florante*, lalo na sa kaniyang napakamaayos na *Aparato Bibliografico de Filipinas*.

Naging sanhi ng isang liham ni Dr. Rizal buhat sa Alemanian sa matalik niyang kaibigan sa Leimeritz, Austria, na si Ferdinand Blumentritt, ang pagkaiwan sa bahay nitó ang dalá-dalá niyang sipi ng *Florante at Laura*. Hinihingi sa liham ni Dr. Rizal na ipadalá lámang sa kaniya ang aklat, pagkat totoo niyang kailangan. Disasalang si Blumentritt man, na isang Austriacong minsan ma'y dinakatuntong sa ating lupain ngunit naging dalubhasa sa wikang Tagalog, ay wiling-wili rin noon sa pagbabasá ng *Florante at Laura*.

Sa ilang nangamatay nang halos kapanahon pa rin natin na mga mananaysay at dalubhasang mangangastíla't mananagalog,

ay nagsisipangunang súkat maalaala at mabanggit si Macario Adriatico (*MacYear*) sa kaniyang mga lathala sa *Diario de Filipinas*; si Hermenegildo Cruz sa kaniyang aklat na *Kung Sino ang Kumathang Florante*; si Epifanio Santos Cristobal sa kaniyang mga salaysay na *Literatura Tagala* at *Florante*; si Dr. Rafael Palma sa kaniyang pagkatagalog sa kuro-kuro sa ilang mahahalagang bahagi ng awit na iyan; si Julian C. Balmaseda, sa dami ng nasulat na tulang maka-Balagtas, atbp. Sa mga mang-iingles na manunulat ay marami na ring súkat mabanggit sa kaniláng mga salaysay at akdang naipalimbag tungkol din sa búhay ni Balagtas at sa awit na *Florante*; gaya ng nangamatay nang sina Juan Salazar, Eulogio B. Rodriguez, Sinclair atbp, at sa mga nabubúhay pa'y nariyan sina Federico Mangahas, Raul R. Verzosa, Jacinto R. de Leon, atbp.

Napag-alaman namin ang ganito, una-una'y kay Dr. Pardo de Tavera, at sa ilang kaibigang mananaysay at pantas-wikang taga-tagaroon sa mga lalawigang may mga wikang kapatid ng Tagalog. Kalabisan nang sabihin na kayâ namabuti niláng ihulog sa kani-kaniláng pampurok na wika, ay sapagkat natáya nilá ang kahalagahang di-karaniwan ng tinurang awit. Sa paraang ito ay masagana't hayagang sumabog sa mga linang na lupa ang binhi ng mahihimagsik na isipan at matatalinghagang pananalitâ ni Balagtas sa pagpukaw ng nagugupiling na kaloobang-bayan, hindi nga sa katagalugan lámang, kundi sa kabi-kabiláng panig ng Sangkapuluhan. Anupa't kung bagá sa isang lahatang paghihimagsik na inihahanda ay napakalat na muna't nakapagkuta sa magagalíng na katayuan, upang kanawa-nawang makalusob nang sabay-sabay at tulong-tulong ang mga pangkat na sasalakay laban sa pinaghihimagsikang makapangyarihang kaaway. Paraan itong di nagawa sa mga propaganda ni Dr. Rizal, sapagkat bukod sa halos pawang sa wikang Español nakasulat, at patago-tago o panakaw-nakaw kung ipangalat, ay hindi mga karaniwang taumbayan ang kinahulugan at nakakabása, kundi mga ginoong marurunong at mayayaman, na kailan at saan pa man, ay siyáng mga una-unang tamad sa mabibigat na gawain at duwag sa anumang panukalang kaapinan ng kaniláng búhay at katiwasayan.

Nang ang mga propaganda nga nina Rizal ay magsipasok nang unti-unti at pasubok-subok sa mga lungsod na sasaklayin, ay nakatanim na nang malaganap ang mga binhi at taad ng bagong isipan sa ibabaw ng mga luma at hidwang pinagkaugalian. Ano pa nga't may pinagdatnan na ang mga bayaning nagsisunod sa mga kaloobang linang at handa na sa pagtanggap ng mga makabagong paraan sa pagpapalago ng diwa ng pagkapoot sa mga manlulupig at ng damdamin ng pagkahabag sa kaapihan ng sarili.

Hindi maitatanggi na ang mga gintong aral ng dakilang akda ni Balagtas sa Tagalog, ay taglay-taglay rin saan mang dako nakarating sa pamamagitan ng pagkakahulog sa iba't ibang malalaking wikain sa Kapuluan. Sa tulong ng *Florante at Laura*, na nabása sa kani-kanilang wika, ay súkat nang mapag-akalang napukaw o naragdagan pa ang kanilang sari-sariling pagkakilála sa katayang gipit ng sariling bayan, sa kaisa-isang sapilitang pananampalataya, sa napakalaos nang mga kaugalian, pagsasamahán ng mga tao, at sa napakasikil at napakababang uri ng panitikang sarili. At sa ganito'y napakinabangan din nilá ang mga simulain ng pagtutol at pagsusuwail na inihasik ng "munting-malaking aklat" na iyan ni Balagtas.

Isa sa mga katunayang nagkabisà nang di-hamak sa maraming panig ng Filipinas ang mga aral ng *Florante at Laura*, at ng may- akda nitó ang pagkabighani ng mga Ilokano na buháyin sa límot at pagwawalang-bahala sa kabantugan ng kanilang tulang *Lam-ang* at ng makata niláng si Bukaneg. Sa hawa ng mga idinaraos na **balagtas**, na panghalíli sa dáting duplo dito sa Katagalugan, ay gumaya silá at nagdaraos ng ganang kanilá, na tinatawag naman ng "Bukanegan." Ayon sa aming balita, sa ilang purok man ng Kabisayaan ay may mga pagdaraos na ring ganito, lámang ay hindi silá umiisip ng pansariling pangalan gaya ng Kailokuhan, kundi ang ginagamit na rin niláy ang balagtas. Aywan kung sa Kabikulan o sa Kapampangan, mayroon na rin siláng idinaraos na ganang kani-kanilá. Ngunit ang isa pang katunayang maaaring kilanlin at alalahaning pagbubunyi at pagpapaunlad din sa awit at ngalan ni Balagtas at makailan nang gawin ng ilang makatang Filipino sa wikang Español, na sa dáti niláng tawag na "*Justa poetica*," ay balagtas na rin ang kaniláng itinawag.

Hábang lumalaganap at umuunlad ang mga kaugaliang ito na pagpapaligsahan o mga pagtatálo sa tula, na mahahalagang suliraning bayan ang pinapaksa, ay lalo namang magtitibay ang katotohanang si Francisco Baltazar at ang kaniyang *Florante*, na siyáng mula, dahil, at layon ng mga balagtasang, maging sa alin pa mang ibá-ibáng wika ganapin, ay may sarili nang bantayog sa kabibilang panig ng ating bansa, na kung hindi pa man nakatayô sa lupa, sa mga liwasan, sangandaan, o mga paaralan, ay nakatirik na rin sa budhi at sa kalooban ng mga taumbayang marunong kumilála ng utang-na-loob sa mga lider at mga bayani ng katubusan ng ating lahi at ating bansa.

Mga Bisa ng Wikang Tagalog

Ang Tulang Tagalog, palibhasa'y isa sa mga pangunahing saklaw ng Panitikan, tulad din naman sa alin pa mang ibáng wikang bihasa at maunlad sa sandaigdig, ay may apat na panahong pinagdaanan hanggang sumapit sa kasalukuyan:

- a) panahong katutubo;
- b) panahon ng pananampalataya;
- k) panahon ng himagsikan; at
- d) panahon ng kalayàan

Nauukol ang una sa buong panahong nauna sa pagkatatag dito sa Filipinas ng kapangyarihan ng España at Roma, na maaaring nating tulusan at hanggahan sa 1600, na siyáng ipinagsapul ng mga unang kasulatan o bungang-isip na napalimbag; bagaman noon pang 1521 nakaratíng dito ang unang kongkistador na Portuges-Español na si Fernando Magallanes. Ang ikalawang panahon ay sumasaklaw sa pagkatatag at pag-iral sa Maynila ng kapangyarihang Español. Ito pa ma'y nasabayan na rin sa mga hulíng taon ng panahon ng paghihimsik. Kung susukatin natin ang habà o tagal ng ganap na panahon ng pananampalataya, ay matutulusan ang mga hanggahan buhat sa 1601 hanggang 1800. Ang ikatlong panahon ay mula naman sa 1801 hanggang 1900. Sa

ganang amin, ang mga unang badha ng paghihimagsik ng lahing Filipino, sa pamamagitan ng panulat at ng diwang nagpipiglas na makaalpas sa madilim na kulungan ng pagkaalipin, ay noon ngang mga taóng isinilang sa maliwanag (1788) ang walang kapantay nating Makatang pilosopo at repormistang si Francisco Baltazar. Sa buong dantaong XVII ay masasabing diyan namugad at humalimhim ang diwa ng panlahat na pagbabagong-puri ng ating lahi. Diyan na nagsisulat ng maiinit na pagtutol sa kaapihan ang ating mga Balagtas, Pari Burgos, Dr. Rizal, M. H. del Pilar, A. Bonifacio, E. Jacinto, A. Mabini, P.A. Paterno, P.H. Poblete, I. de los Reyes, atbp, hanggang sa inabot na ng pagdatíng ng Americano (1898). Makailang taon lámang (1901) ay maipalalagay namang siyá nang pagsisimula ng tinatawag naming panahon ng kalayàan; sapagkat dito na nakabitaw ang malayàng pag-iisip, ang kalayàan ng panunulat at pamamahayag, pananampalataya, pagsasapi-sapi, atbp.

Sa loob nga ng dantaon o siglong iyan nagsiluwal ang mga bayaning panulat na sumagasa sa pusikit na karimlang gawa ng sakdal kapal na ulap na tumatabing sa mukha ng Bagong-Araw, na ngayo’y nahaharap na natin nang lantaran at walang pangimi sa pagkasilaw.

Hindi natin maikakait at mapagwawalang-turingan ang katotohanan na ang panulat at diwa ni Balagtas ang nangunguna sa hanay ng mga bayaning nabanggit . Sinabi naming si Balagtas ang una, sapagkat nang ilabas nitó ang kaniyang ebanghelyong awit, na halos matatawag na ring unang “bomba atomika” na pumutok at sumambulat nang walang kalatis, ay noon pang 1838—ayon sa patunay ng dakilang mananaysay na si Dr. Trinidad H. Pardo de Tavera, at gayon din ni Hermenegildo Cruz, unang tagapagsaysay ng búhay ni Francisco Baltazar—lumabas ang unang siping-limbag ng *Florante at Laura*. Samantálang si Pari Jose Burgos, nang magsulat ng kaniyang mainit na pagtutol sa pagkakaapi ng mga paring Filipino ay mahigit na sa kalahatian ng tinurang dantaong XVIII, hanggang sa noong 1872, siláng tatlo nina Pari Mariano Gomez at Jacinto Zamora ay ipabitay sa Bagumbayan ng

pamahalang Español, dahil sa bintang na mga kinalám sa pag-aalsa ng mga kawal sa Arsenal ng Cavite.

Kailan na lámang ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Dr. Rizal, gayon din ang *La Soberania Monacal* ni M.H. del Pilar, ang *La Solidaridad* niláng magkakasamahán sa Madrid, at *La Civilizacion Tagalog* ni P.A. Paterno, at ang ibá pang babasahing akda ng ilang bayaning manunulat natin? Halos para-parang nagsilabas nang ang siglo'y magtatapos na lámang. At, ang lahat ay pawang nangasulat sa wikang Español, na wari bagáng sadyang iniukol lámang sa pagkaunawa ng lahing panginoon at makapangyarihang pinanunuyuan at hinihingan ng kaunting mga pagbabago o reporma. Opo, mga pagbabago lámang; di tahasang paghiwalay sa España. Anupa't mga hindi iniukol sa pagkaunawa ng bayang naaapi at pinaglulupitan. Kakaibá nga sa ginawa ni Balagtas, na isinulat sa wika ng bayan ang ebanghelyong awit, kayâ madaling nauunawaan ang diwa, at lumaganap ang layong paghihimagsik laban sa mga panginoong dayuhan.

Narito rin ang kaibhan ng paghihimagsik ni Francisco Baltazar sa mga pulu-pulong pagbabangong nauna sa kaniya. Halimbawa'y ang himagsik ni Lapulapu sa Mactan, ang kay Dagohoy sa Bohol, ang kay Diego Silang sa Ilocos. Palibhasa'y hindi panulat na may kamandag ang sinandata ng mga ito, at sa sariling wikain o diyalekto lámang nakipag-usap at nangayag sa kani-kaniláng mga kababayan, upang sumáma sa gawang pagbabagsak sa kapangyarihang manlulupig; kayâ pawang doon lámang sa pook nilá nagdingas ang balak at doon na rin namatay.

Ngunit nang sa wikang Tagalog na ihayag ni Balagtas ang kaniyang matatayog na simulain at tuligsa, na gaya nga ng ginamit sa kaniyang awit, ay mabilis na kumálat sa Sangkapuluan ang mga liwayway at simoy ng makalahi at lihim niyang panukala. Nágising agad ang bayan sa pagkagupiling, at nang gising na'y sakâ pa lámang nagsisipot ang mga Plaridel, Bonifacio, Jacinto, pati na si Rizal, na sa pananandata ng kani-kaniláng *Tocsohan*, *Kartilya ng Katipunan* at hulog sa Tagalog ng dulang *Guillermo Tell*, sakâ

Liham sa mga Dalaga sa Malolos, atbp, ay natuluyang bumalikwas ang bayang nag-aatubili pa sa pagbangon, palibhasa’y lubos nang nawatasan ang kaniláng mga iniaaral, na hindi na sa pamamagitan ng wikang dayuhan, kundi sa wikang Tagalog na sa ngayo’y siyá nang karapat-dapat na Wikang Pambansa at isa na sa mga wikang pampamahalaan ng Republika ng Filipinas.

Ang *Florante at ang Sensura*

Ito na lámang ang suliraning kailangan nating liwanagin at lutasin.

Kung sa isang dako’y ating inaamin, na sa buong panahon ng kapangyarihan ng España at kapangyarihan ng Roma dito sa Filipinas, ay gayon na lámang kahihigpit ng mga pamalakad, pagbabawal at pag-uusig sa mga aklat, pahayagan at ibá pang babásahín ng mga tao at ng bayan, na anupa’t lagi nang may nakatatag at umiiral na Lupong Tagasuri o *Comisión de Censura*; at kung sa isa pang dako’y inaamin din natin na ang awit na *Florante at Laura* ay punò ng diwa ng pagtutol at pagsusuwail sa mga kapangyarihang natatatag, at batbat ng mga aral na salungat at pasilambang sa mga batas at kaugaliang noo’y umiiral sa pamahalaan at sa bayan . . . paanong nangyaring ang suwail at mapanghimagsik na awit na iyan ng isang Indio ay nakalampas na maluwalhati at walang kilatis na bithay ng mga pagsusuri at malilisik na matá ng mga pari at mga seglar o paisanong Español na nagsisibuo ng tinurang Lupon ng Sensura?

Bílang sagot sa ganiyang tanong, ay sisipiin na lámang natin dito ang ilang talatang, hinggil din sa suliraning ito, ay inilahad namin sa dakong hulí ng aming binasa’t ipinalimbag na panayam—*Tinging Pahapaw sa Kasaysayan ng Panitikang Tagalog*—sa lilim ng Surian ng Wikang Pambansa, noong Hunyo 23, ng taóng 1938, na ganito ang pagkakasaad:

“Ang Comision Permanente de censura ay 1856 nang itatag ni Heneral Ramon Montero, upang siyá nang tumupad at magpatupad nang panayan sa mga dáti’t dáting kautusan at pamalakad na bukod-bukod hinggil sa pagsusuri ng mga aklat na palimbagin at ng

mga pahayaga't limbagan. Kung nabalam ang pagpapalimbag ng *Florante*, bagaman maluwat nang nangyari ang sulat-kamay, maaring COMISION nang ito ang nakasuri't nagpahintulot. Kung sa kamay nga nitó umábot, di-sasálang napasáma na lámang sa mga lansakang pagpaparaan o pagpapatibay ng mga awit. Kung sa kamay naman ng nauunang mga Luponng pana-panahon kung magpulong, maaring gayon din ang nangyari, sapagkat hari noon ang kawikaang 'Walang anuman, at awit lámang!'

"Datapwat súkat din namang mangyari ang alinman sa mga paraang sumusunod: Sa di-palagian at sa palagian mang Lupon ng Sensura, hindi nagkukulang ang isa man lámang kagawad na marunong ng Tagalog. Ito pa ma'y karaniwang Español na pari. Bihira ngang may mapasámang paring Filipino, na gaya nina pari Burgos at Zamora. Ang mga aklat na sinusuri ay ibinibigay sa isang kagawad, na siyáng bumabása hanggang sa makapagsulit ng kaniyang mga pagkukuro. Ang mungkahi niyang ipasiya sa aklat ay karaniwang siyáng nasusunod, at ang ipasiya ng Lupon ay bihirang-bihirang di siyáng pinagtibay ng matataas na Kapangyarihan.

"Maaaring ang *Florante at Laura* ay natiwala sa kamay ng isang paring Español na marunong ng Tagalog. At dahil sa di niya káyang unawain ang matatalinghagang pananalitâ ng awit, at kahiyâ-hiyâ namang aminin sa Lupon ang kaiklian ng kaniyang abot sa wika ni Balagtas, ay mininsan na ang pagsasabi ng 'Mabuti. Mapahihintulutan.' Ano nga nama't hindi, sa yao'y isang *hamak na awit lámang?* Maaari rin namang sa isang paring klerigo ipinagtiwala ang pagsuri. At sapagkat ito'y Tagalog na may likás na diwa ng pagkamakata, katutubong damdamin ng pagkamakabago, lihim na pagsang-ayon sa mga isipang himagsikan; kayâ marahil, nang masakyan na ng kaniyang isip at budhi ang napakatalino, makabayan at makatáong mga talinghaga ni Francisco Baltazar, at tikis nang nagpawala-wala, kusang nagwalang-bahala sa mapapangahas at mapapanganib na dusa't pagano ng aklat, at hininging isáma na ito sa mga ibá pang pagtitibayin ng Lupon.

"At sa ganito nakaraan nang walang-kalatis sa pinagdaanan ang mga bagong simulain ng Kadakilaang-Asal o Moralidad, na

tumataliwas sa mga lumang simulaing naghahari hanggang noon sa napakamasampalatayahing mga *Indio Filipino!*"

Ngayon, maaari pa kayâng tawaran o ipagkait kay Francisco Balagtas ang dangal ng pagka-Bayaning Pambansa sa harap ng "Apat na Himagsik" na aming kasasaysay pa? (Abril 1955)

MANUNUGMA, MANUNULA, AT MAKATA

Isang bagay na kapuna-puna sa ating panitikan o sa ating mga manunulat sa sariling wika, sa mula't mula pa at magpahangga ngayon, itong kung bakit pagsasapul nang sumulat ng isang nag-aaral o ng isang kasibulan sa pagsulat, ay tula kaagad ang hinaharap. Hindi lámang maibiging magbasá ng mga tula kundi sumusulat na agad ng tula.

Bakit ganito?

Sa lahat ng wikang maunlad ng lahing bihasa, ang palagay sa tula ay isa sa mga hulíng dunong na pinag-aaralan sa panitikan; samantálang dito nga sa atin ay siyáng unang hindi man lámang pinag-aaralan nguni natututuhan.

Subalit, dapat naman nating maláman na hindi lahat na tinatawag na "tula" ay talagang tula nga. Dahil sa isa sa mga sangkap at katangian ng tulang Tagalog ang "tugma" o pagkakasintunungan ng mga hulíng salitâ ng bawat taludtod ng isang saknong o talata, akala ng karamihan ay nakatutula na silá kung makapagtugma-tugma ng mga salitâ. Ito'y isang malíng pag-aakala.

Sa tunay na tula ay apat na katangian ang karaniwang ikinaiibá sa lalo mang magandang pagsasaysay na tuluyan. Ito'y ang **tugma**, ang **súkat**, ang **talinghaga**, at ang **kasiningan** o **kariktan**. Ang mga katangiang ito ay siyáng ikinatataas ng uri ng tulang Tagalog sa piling o harap ng mga tula sa ibáang wika. Hangga't ang apat na bagay na ito ay napagpipisang ipakita ng manunula sa kaniyang sinusulat

nang patula ay lalo namang nagiging ganap ang karapatan nitó sa pagkatulang Tagalog.

Kailangan ding makilála na ang manunugma ay lalong ibá sa talagang tinatawag na makata. Itong makata ay siyá nang karaniwang itawag ngayon sa bawat manunulat na nakatutula-tula. Datapwat mabuti nang sabihin dito na ang makata ay hindi sa mga tula lámang súkat makapagpakita ng kaniyang maririkit na pananalitâ at matataas na diwa kundi sa tuluyan man; samantálang ang manunula ay sa talagang pagsasaysay na patula lámang nagpapakita ng ganiyang katangian. Sa biglaang sabi, ang pagkamakata ay maaaring makilála sa pagsulat ng tula at ng tuluyan man, ngunit ang manunula ay talagang sa tula lámang.

Kung gayon, hindi natin súkat masamain ang likás na hilig ng kabataan natin sa tula o pagtula. Ang kailangan lámang ay ipakilála sa kanilá ang katotohanang kung talagang ibig niláng maging makata o manunula, ay nararapat siláng mag-aral na mabuti ng sariling wika at manaliksik na masusi sa mga katangian ng wikang ito, sa tulong ng likás na kayamanan ng diwang silanganin at ng mararamdamin at maselang na puso ng mga anak sa lupang Filipinas.

MASAYÁNG PANANAGALOG

Ang mga kathang katatawanan, maging sa tuluyan at maging sa tula, ay salat na salat sa ating mga babasahing aklat at pahayagan. Nang mga ilampung taon muna bago magkadigma, at lalo pa ngayong may digmaan na, ang ganiyang kasalatan ay talagang amin nang napapansin.

Bakit kayâ? Ano-ano ang mga dahilan?

Hindi maikakait na ang lakad ng panahon ay may malaking kinalaman sa lakad at hilig ng panunulat sa isang bayan. May kinalaman din naman ang katayuan ng nasabing bayan sa kalawakan ng daigdig. At gayon din ang uri ng kabuhayan ng mga táong diya'y taal na naniniráhan.

Tinatanggap na ang lahat na may sarili táyong kabihasanan bago dumating sa Kapuluang ito ang Español. Nagpapatunay, nang higit sa lahat, ang pagkamayroon natin ng katutubong katitikan o baybayin. Kayâ mayroon táyo nitó ay sapagkat, marunong táyong sumulat at hindi natin kauugalian noon ang pagsulat, kung hindi kinalulugdang basáhin ng marami ang ating mga sinusulat. Sa katagang sabi, táyo’y may sarili nang panitikan sa mula-mula pa; at ang katuturan nitó’y sarili’t katutubong kabihasanan.

Sa may apat na raang taon ng kapangyarihan ng Español rito sa Filipinas ay masasabing nasarili ng pananampalayang Katolika ang Panitikang Tagalog. Ang likás na diwang silanganin at ang katutubong kabihasanan ng Filipino, ay ipinailalim at ipinakibagayan ng manunulat at manunula noon sa mga batas at pangangailangan ng tinurang pananampalataya. Naging malubhang kasalanan noon ang sumulat at magpalimbag ng lalo mang munting aklat o pahayagan nang walang tatak o pahintulot na sadya ng mga pinunò ng simbahan. At sa gayon ay súkat nang mapaghulong hindi gaanong makagigitaw ang mga mananagalog sa ibá pang larangan ng panunulat, lubha pa sa mga susulatin at babasahing masasayá, pambiro at pampatawa. Bawal “ang magtawa sa loob ng simbahan” at “ang maglaro sa Pasyon!”

Sa may sampung taon namang paghahanda at pagdaraos ng Himagsikan, lalo nang naging alangan at di-angkop ang pagbibiro at pagmamasayá ng isang panulat. Mga banal na aral ng Katipunan at mga kasaysaya’t halimbawa ng kabayanihan, ang noo’y súkat lámang maging pagkain ng diwa ng mga manunulat at manunula.

Pagkatatag ng kapayapaan sa panahon ng Americano, ay unti-unting nakapagitna sa larangan ng pananagalog ang pagsulat ng masasayang dula, katha at lathala sa ating mga dulaan, aklatan, at pahayagan. Sa mga dulaan ang dáting payasong tagapagpatawa ng mga komedyang moro-moro, ay napalitan sa mga drama at sarsuwela ng mga sadyang tauhan ng dula na gumaganap at nagsasalitâ ng mga katawa-tawang bahagi ng kasaysayang itinatanghal. Namayani noon sa uring ito ng mga palabas-dulaan ang ating nangasira nang Severino Reyes, Pantaleon Lopez, Patricio Mariano, Hermogenes Ilagan, at ang

hulíng yumao na rin si Julian C. Balmaceda. Sa mga kathambuhay o nobela, bihirang mga nalimbag na aklat ang súkat mabanggit sa katangian ng pagpapatawa sa mambábasá. Halos isa ma’y wala, at kung mayroon ma’y súkat ang mangisa-ngisang kabanatang napapasingit sa buong katha, na marahil ay pilit pa ang pagkakapasok ng mga tauhan, at gayon din ng mga pangyayari at pananalitâ. Wala nga kaming matukoy na mangangathang nakapaglimbag na ng isang buong aklat ng katatawanan mula sa punò hanggang sa wakas. Sa mga pahayagan, dito dumagsa ang masayáng pananagalog; nagkagulo ang mga lathalang katatawanan. Nagsimula muna sa mga pang-araw-araw na pitak na pinamagatang “Buhay-Lansangan.” Di nalaon, ito’y nagsanga ng “Buhay Lalawigan,” at ibá pa. Sumunod ang mga lingguhang sadyang ukol lámang sa pagpapatawa, panunuligsa, at panunukso. Ang mga lathala’y di na sa mga tuluyan lámang ginagawa gaya noong una, kundi gumamaw na lalo ang mga gawa sa tula. Sa uring ito ng pananagalog at panulat ay nagsipamayani ang mga nasira nang Manuel Francisco, Leoncio Sarmiento, Valeriano Hernandez Peña, Jose Corazon de Jesus, Godofredo B. Herrera, at mga ibá pang di ko na maalaala ngayon. Sa mga nabubúhay pa’y halos mangisa-ngisa na lámang ang súkat mabanggit. Sa mga mamamahayag na manunuligsa ay di-súkat malimutan ang mga panga-pangalan ng nagsiyao nang sina Pascual H. Poblete, Mariano Sequera, Rosauro Almario, Carlos Ronquillo, at ilan pa rin.

Ang pana-panahong iyan ng mga dula, katha, at lathalang katatawanan, ay nagkaroon ng batik napanlahat, na súkat makapusyaw sa dangal ng Panitikang Tagalog. Ang sining ng pagpapatawa ay unti-unting nabatak, hindi na sa pamamagitan ng talagang katawa-tawang pangyayari at pananalitâ, kundi sa pamamagitan ng mga salitâ at kilos na may dalawang kahulugan— isang malinamnam at isang malansa. Ang kalansahan naman ay siyáng lalong nakakalugdang pulutin at lasapin ng mga nanonood at bumabása; ngunit ang kalinamnaman ay bahagya na. At ang sining ng panunukso at panunuligsa ay unti-unti rin namang nahila, hindi sa mga pagpansin at pagbironng nakapagtuturo at nakatutuwa, kundi sa pamimintas at panghahamak na kagálit-gálit at nakasisirampuri. Ang mga batik na ito ay siyá pa ring karaniwang naitatanghal natin sa maiikling dula at pambodabil na ipinalalabas

sa mga dulaan at pahayagan ng ilan nating mga walang hunos-diling manunuligsa.

Sa biglang sabi, dili ang hindi nagkaroon táyo ng mga manunulat na may likás na hilig sa sining ng pagpapatawa, pagbibiro, at pamumuna; datapwat ang sining na iyan ay laging kimí at pasulpot-sulpot lámang sa larangan ng pananagalog, at karaniwan pang nalalahiran din ng mga batik na nakapupusyaw nga sa dangal ng ating Panitikan.

ANG PANANAGALOG NI BALAGTAS SA *FLORANTE AT LAURA*

Sa mga dakilang katangian ng kathang-tulang *Florante at Laura*, ilan ang may kaugnayan at makukuhang patakaran sa paglutas ng isang mabigat na suliranin ng kasalukuyang pananagalog. Ang suliraning ito’y nauukol sa paglilinang, pagpapayaman, at pagpapalaganap ng wikang Tagalog, na, bukod sa wikang pambansa na, ay pampamahalaan pa ngayon.

Alin ang lalong marapat na paraan sa manatili táyo sa panghihiram na lámang sa mga wikang banyaga, o lumikha kayá ng mga sariling salitâng maitatawag sa mga bagay na wala pang pangalang talaga sa ating wika? Ito ang suliranin. At dito nga maaring patakarin ang pananagalog ng dakilang Makata ng Panginay.

Ang awit na *Florante at Laura* ay mahigit nang isang daang taon ngayon sapul nang sulatin ni Francisco Baltazar. Bagaman hangga ngayo’y di pa natutuklasan ng mga mananaysay ni Balagtas ang tiyak na taon at tiyak na bayan kung kailan at saan sinulat nitó ang naturang awit; datapwat, kumulang-humigit, ay napagsisiyá nang dito sa Maynila ginawa at di sa lalawigan ng Bataan, na gaya ng wari’y ibig palabasin nang pakabíg, ng isa o dalawang mananaysay na tagalalawigang nasabi. At súkat nang mapaniwalaang ang pagkakasúlat ay nangyari sa loob ng o pagitan ng mga taon 1838 at 1840, hábang ang gulang noon ng dakilang Makata ay lumabas-pumasok sa 51 taon.

Ang palasak na pananagalog nang mga panahong iyon ay di lámang madiwa ng pananampalataya, na gaya nga ng sabi ng isang manunulat, ay “amoy kandila” at “gayak-simbahan,” kundi masalitâng Español, at kung minsan pa’y ma-Latin palibhasa’y inaaring kapurihan noon at pagkabansag na may pinag-aralang mataas ang gayong paghahalò ng Español at Latin sa mga pagsasalitâ at pagsulat.

Ang unang katangian ng pananagalog ni Balagtas sa *Florante* ay ang, sa halip na sa isang tagalangit tuwirang ihandog ang kanyang akda, ay hindi kundi sa isang tagalupa rin, kay “Selya” na nga, at ito na lámang ang dinaingang magdalangin ng awit niya sa Birheng tagalangit. Sa halip din namang maging mapakundangan ang kaniyang pagsasaysay ng tagumpay ng mga Kristiyano sa mga Moro, gaya ng lahat ng awit, korido, at komedyang may labanan ng binyaga’t di-binyagan, ay pinakalalo pa ang tingkad ng kabayanihan at karangalang asal ng mga Moro at Mora, kagaya ni Aladin at ni Flerida, na siyá niyang pinapagligtas ng búhay at kapurihan hanggang maisauli ang walang kahulilip na ligaya sa kaaway niláng magsing-ibig na Kristiyano at Kristiyanang si Florante at si Laura.

Sumunod din nga si Balagtas sa agos ng ugaling pagmamagalíng ng mga salitâng hiram, na kung bagá sa ngayo’y siyáng tinatawag na “pagpapasikat”—datapwat ang kaniyang pagkagamit sa nangasabing salitâng hiram at hango sa Español ay di naman lumampas pa sa uring “saling-pusa” lámang. Anupa’t gumamit man siyá ng mga banyagang salitâ sa mga diwa at bagay na wala pang likás o katapat na pangalan sa sariling wika; ngunit pinakaingatan niya naman tuwina, upang ang paghahalòng ito ay hindi makasira munti man sa taal na himig-malalambing at katutubong hugis-maganda’t matipuno ng kaniyang pananagalog.

Hindi siyá lumikha, sa may 429 na saknong, o kayâ’y 1708 taludtod na nasangkapsa buong awit, ng isa man lámang bagong salitâ, na gaya ng ginagawa ng di-iilan sa mga kasalukuyang mananagalog. Lahat ng mga kataga’t salitâng kaniyang ginamit ay matatagpuan, hindi lámang sa mga dahon ng talagang talatinigang Tagalog, ni

kinikilala noon at ngayon pa man, kundi nasusulat din naman sa dila ng madlang Tagalog. Maano man bang may isang katagang ginamit sa buong *Florante*, na tanging gamitin sa lalawigang ito o lalawigang iyon. Ang katangiang ito ay isa pang bagay na nakapagpapatibay na ang walang kamatayang awit ay dito nga sa Maynila sinulat, at ang katutubong pananagalog-Bulakan ng may-akda ay hindi pa nalalahiran ng pananagalog-Bataan, gaya ng napapansin sa kaniya ring akdang-Udyong o Balanga na *La Elegante y el Negrito Amante*.

Ayon sa isang mapagtipong-aklat na mananaysay, ang kabilang na ng mga awit at koridong nasulat at nalimbag sa wikang Tagalog, ay labalis at di-kukulangin sa 500. Wala sinuman sa ating makapagmamalaking nabasa niya ang lahat ng iyan. Ngunit lahat naman táyo’y makapagsasabing sa lahat-lahat mga awit at koridong nabasa natin ay walang nangingibabaw at namumukod sa taas ng diwa, sa kagandahan ng pananalitâ, at linis ng pananalinghaga, sa kadalisan ng mga tugma, at sa tibay ng pagkalimbag sa budhi’t puso ng madla, matangi, tanging-tangi, sa awit na iyan ng Dakilang Anak ng Bigaa.

Kung sa bagay, wala pa noong nasusulat na mga sadyang batas at tiyak na alituntunin sa pagtula. Datapwat ang *Florante* ni Balagtas ay isang aklat na parang sinadya upang makapagturo sa may pag-ibig ng lalong maganda at malinis na pagtula. Pati sa mga kamalian ng pananalitâ, pati sa paglabag sa mga tuntunin ng Balarilang Tagalog, si Francisco Baltazar ay tunay na nakahahanga. May mga kamalian siyá’t paglabag na lalong nagpaparikit sa kanyang tula, at lalong nagpapayaman sa mga pananalitâ niya’t talinghaga.

Gaya, halimbawa, nitóng panimula niyang:

“Sa isang madilim gubat na mapanglaw.”

Sa yugtuan ay kulang ang pang-angkop *na*, anupa’t dapat sanang sabihing *madilim na gubat*. Sa wastong pag-uugnay ay di-dapat mapagitna ang pangngalang *gubat* sa dalawang pang-uring *madilim* at *mapanglaw*. Ang marapat ay *madilim at mapanglaw na gubat*, o kayâ’y *gubat na madilim at mapanglaw*. Maaari dili

ang hindi mapagitna ang pangngalan sa dalawang pang-uri, ngunit sa ganito sanang ayos o paraan: *Madilim na gubat at mapanglaw*. Subalit nga, ang pagkakaayos at pagkukulang na iyan ni Balagtas ay hindi maikapagsasabi ng isang manunuri na nakapangit sa pananalitâ, mahanga pa'y nakapagpagandang lalo sa pasimula ng tula.

Isa pang masasabing kamaliang-kagandahan ang nása taludtod na—

“Tatlong araw na di nagtatanaw-tama”

Naaari nating sabihin sa mga sugalan kung sa tinayâ-tayâ ay di táyo tumama-tama, ang pariralang “di nagtanaw-tama.” Ngunit sa himig ng pananalitâ sa awit ay tíla malamáng na tumutukoy sa “di-pagkikitang tatlo nang araw.” Kung ganito, ang marapat sanang inilagay ay *di pagtatamang-tanáw*. Subali't hindi natin matatawaran ang makapupong ganda ng pasaliwàng pagkakasalitâ ni Balagtas kaysa kung itinuwid niya ang ayos at binago pa ang tugmaan.

At isa pang halimbawa:

“Na, kung maliligo sa tubig sa tubig aagap
Nang hindi abutin ng tabsing sa dagat.”

Dito'y tíla lalong bagay na sabihing *tabsing ng dagat*; sapagkat ang itinatabsing ng paliguang tubig-tabang ay ang pagpasok at pagkahalò ng tubig na gáling sa dagat. Ang tubig-dagat ay likás na maalat. Ang tabsing ay siyáng nagiging lasa ng tubig na matabang kung nababantuan ng kaunting alat. Subalit inilagan marahil ni Balagtas ang pagkakapisan ng dalawang *ng* sa isang parirala, kayâ ginawa nang *sa* ang ikalawa. At sa ganito, bukod sa di naman halatain ang malí, ay di rin namangit ang pananalitâ, bagkus ang pag-iwas sa pag-ulit ng *ng* ay nakaluwag pa nga sa tula.

At isa na lámang upang huwag tayong páhabâ;

“Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad
Sa bait at muni’t sa hatol ay salat”

May nagpapalagay na itong ikalawang taludtod ay malí, na marahil ay kamalian ng naglimbag, o sinadya ng nagpalimbag. Ang dapat sana’y:

“sa bait ay munti, (at) sa hatol ay salat”

Ngunit si Balagtas ay di naglagay ng kuwit sa panugmang *hubad*, sapagkat ang pangugusap niya’y hindi diyan binubuo o tinatapos, kundi hanggan sa yugtuang *muni*; alalaong baga’y ganito:

“ . . . hubad sa bait at muni . . . ”

Ang pagpapalagay na malí ay ibinabatay rin naman sa umano’y di-tama ang salitang *muni* kundi *muni-muni*, pagkat ito ánilá’y salitang sadyang paulít, na gaya ng *alaala*, *dilidili*, *guniguni* na di-mangaaaring hatiin. Subalit tíla ang pumapansin na rito ang malí at hindi ang may-akda. Ang muni-muni ay kabílang at kauri ng mga paulít na salitang bulay-bulay, bukò-bukù, kuru-kuro, wari-wari, na nangaaaring gamiting isahang hati lámang, bulay, bukò, kuro, wari, at ito ang dahil kung bakit sa Balarila ay itinatagubiling gitlingan ang mga salitang-ugat kung inuulit.

Ngayon ay balikan natin ang suliranin ng panghihiram ng mga salitang banyaga, at ng panlilikha ng mga bagong salitang panarili, sa lilim o harap ng napakaganda at panlahat na panahong pananagalog ni Balagtas sa *Florante*.

Sa aking palagay, ay hindi tahasang magkalaban ang panghihiram at ang panlilikha; mahanga’y maaaring maging matalik na magkatulong sa paglilintang, pagpapayaman, at pagpapalaganap ng wikang Tagalog.

Datapawat hindi magandang asal ang manghiram pa sa ibá kung mayroon nang sarili.

Ang mga nahiram ay nahiram na, at ito'y mangaaari nang sarilinin kung talagang kilalá at gámit na ng madla, at angkop naman sa ating palabigkasan.

Subalit sa mga bagong panghihiram na gagawin, na hinihingi ng bagong pangangailangan at kabihasan, ay may isang suliranin ding laging kinabibitinan ng ating mga pantas na mananagalog. Dahil sa pasalin-saling kapalaran ng bayan natin sa kapangyarihan ng ibát ibáng bansa, at sanhi rin naman sa pabago-bagong pag-aaral at pakikibagay sa ibát ibáng wika at kabihasnang banyaga, ay di maiiwasan ang pag-aalinlangan kung alin-alin ang mga salitang hihiramin at hahanguin sa isa't isa.

Kung ang gagawin naman natin ay dampot dito, dampot doon, at sa balanang dumatíng ay manghihiram táyo ng ating mga gagamitin, hahanggan tayo balang-araw sa pagkawala ng sariling wikang maipagmamalakí, o táyo na rin ang di makakakilála sa lipi ng ating pagkatao at pagkabayan, gayon din sa uri ng ating búhay at kabihasan.

May mga bagay na katutubo sa ating lahi at ugali na hangga ngayo'y ipinanghihiram pa natin ng pangalan. Halimbawa'y ang mga hiram na salitang *moralidad, higiene, sanitacion, justicia* (hindi Tagalog na taal ang "katarungan"), at ibát ibá pa. Nakahihiyang maipamukha sa ating kayá táyo walang sariling salitá sa mga bagay na iyan, ay sapagka't katutubong di natin nakikilála o ginagawa ang mga dakilang batas at asal na naturan.

Ito'y ilan sa mga katotohanang nagbibigay-matwid sa pangangailangan nating lumikha-likha rin naman.

Hábang ang diwang makasarili at bawat bansa sa sandaigdig ay hindi nagbabawal, bagkus lalong pasigla nang pasigla sa kabi-kabilá, ang hilig ng mga bayan sa pag-aangkin at pagpapatibay ng sari-sariling wikang pambansa ay hindi rin naman mahahadlangan; mahanga'y tikis na sasagasain ang lahat ng sagwil na sa lakad niláy maipang-aabála ng ibá. At sa gawaing

ito nabibilang ang pagtatakwil, hangga't maaari, ng mga salitang hiram na di-kailangan, at ang pagsisimpan ng mga salitang sariling pantawag sa lahat ng kaniyang mga sariling pangangailangan at kagamitan.

Ito ang ginawa at ginagawa ng mga Japones, Aleman, at iba pa, sa pagbuo ng kani-kanilang makabagong wikang pambansa. Alinman sa kanilá, lalo na ang Japon, na siyang lalong malápit na halimbawa sa atin ngayon, ay hindi makapagsasabing, karaka-rakang maging bayang nagsasarili, ay mayroon na ng lahat ng salitang inginangalan sa lahat ng mga bagay na gawa, gámit, at kailangan ng makabagong kabihasanan at kapamuhayan. Nakapanghiram muna silá ng maraming banyagang salitâ, hábang kasabay ng panahong dumudulang sa sarili at humahango o bumubuo sa mga puta-putaking panangkap ng wika ng mga salitang himig-sarili, upang maipalit sa mga hiram at maipagtakip sa mga bagong pangangailangan.

Ang bayang Filipino ay di makapagmamalaking magsabi bagá na ang ganiyang paraan ng pagpapayaman ng sariling wika ay di niya kinakailangan. Kung hindi natin maipagkakapuri ang manlikha-likha, lalo nang hindi ang palaging manghingi-hingi at manghiram-hiram na lámang.

Subalit sa paglikha-likha ng mga bagong salitâ ay di dapat kaligtaan ang mga katotohanan at kapasubaliang sumusunod:

1. Na, ang wikang Tagalog ay kabílang sa mga wikang tinatawag na "aglutinante," na anupa't may mga kakanyahang di maisusunod sa palabuuan ng salitâ ng mga wikang "monosilabiko" at "pleksible." (Ang kahulugan ng mga salitang banyagang ito ay alam na ng mga pantas-wika.)
2. Na, ang tainga ng Filipino ay maselang, at ang dila ay may katigasan sa pagbigkas ng mga tinig at salitang banyaga.
3. Na, alinmang paglikha ay dapat masalig at hanguin, hanggang maaari, sa diwa at tunog ng mga bagay na nangalanan, at sa himig-Tagalog ng mga salitâ, kataga, at panlaping kilalá na at siyang ibig pagkunan at paggamitan ng lilikhain.

4. Na, bago lumikha, ay magsikap munang humanap sa matatandang talatinigang Tagalog, at bakâ sa mga ito'y makatagpo na ng salitâng taal na Tagalog, na, kung di man ganap na katugma ng bagong diwa o bagay na ngangalanan, ay nalalapit man lámang, o maaari kayâng batak-batakin nang kaunti ang saklaw ng lumang kahulugan.
5. Na, lubha sa Talatinigan nina Pari Noceda at Sanlucar, ang may 20,000 salitâng-ugat na diya'y nahahanay ay di nakikilála at nagagámit sa lahat, kundi ang kalahati lámang, sa kasalukuyang pananagalog ng ating mga manunulat sa pahayagan, sa mga kathambuhay, kasaysayan, tula, at balanang mga aklat at kasulatan. Di gagaanong kayamanang mairaragdag sa ating pangkasalukuyan at pandáratíng na wika at panitikang pambansa, kung matututuhan nating gisingin sa pagtulog at pamamatugan ang 10,000 salitâng iyang di napapakinabangan, at kung nabibigyan natin ng kani-kaniyang kabagay na gawain at kasukát na tungkulin sa mababawan o malalimang pananalitâ, at sa pangkaraniwan o pangkarunungan pananagalog natin.
6. Na, maaaring may mga salitâng kailangan na wala sa Tagalog ngunit mayroon sa mga ibáng kapatid na wika; at yayamang ang Tagalog ay hindi na wika lámang ng mga Tagalog kundi ng lahat nang mga Filipino, hindi kamaliang bago kumuha sa mga wikang banyaga, o lumikha ng mga bagong salitâ, na magiging bago rin sa mga Tagalog man, ay ang sa mga kapatid-wika na muna ang kunin, lubha pa't ang mga salitâng ito ay may-kagandahan at kalaganapan din naman, at sakâ sa paano't paano man ay nagtataglay rin ng himig-Filipino.
7. At, sa wakas, bílang hinog na bunga rin ng sariling karanasan sa pagsúlat at sa matiyagang pag-aaral sa mahalagang suliraning ito ng ating wikang Pambansa, ay ipinapayo namin, maging sa amin na ring sarili at maging sa mga kapalagayang-loob sa pananagalog, na, bagaman ang paglikha ng mga bagong salitâ ay hindi masamá, bagkus talagang kailangan ng ating wika; datapwat ang

gawaing ito’y napakaselang at di-dapat daanin sa pabigla- bigla at paraga-ragasa. Ibig naming sabihing huwag na lilikha táyo’t súkat, nang alinsunod sa ating sari-saring pagkukuro at panlasa, bago ipalalaot kaagad sa karurukan ng madla, na para bagáng naghagis ng isang nilutong pagkain, kasabay ng sabing: “Hayan ang niluto ko: kanin mo kung makakain mo, at kung hindi nama’y hindi!”

Kung hangad na ang ating mga bagong-likhang salitâ ay matanggap at kalugdan ng madla, o ng karamihan man lámang, ang lalong magalíng na paraa’y ilathala muna sa mga pahayagan, ihayin sa mga hayagang pagsusuri at pagtatálo ng mga maykapangyarihan o maykaukulang sumuri’t magtálo; o sa ibá pa kayâng paraang hindi paragasa ay pakawalan, paliparin, o pagulungin ang mga tinurang bagong-likhang salitâ, at nang sa nilakad-lakad ng araw ay makita kung alin ang napupusuan at alin ang hindi ng madla. At ang madlang ito, na siyáng unang makapangyarihan sa pagtanggap o pagtangi sa mga bagong salitâng pambayan na sa kaniya’y inihahanay ng mga dalubhasa’t pantas, ay siyá ring, sa wakas, ay masusunod kung anuman ang kaniyang maging kapasiyahan.

Ang nasirang Bigay-Ilaw (Dr. Eusebio T. Daluz) ay isa sa mga una, at kaipala’y humigit sa lahat ng kaniyang mga kapanahon, na nag-alok sa Panitikang Tagalog ng marami, daan-daang salitâng hiram at likha; datapwat sa kaniyang mga inialok, ay iilan lámang ang natanggap, na ngayo’y mga palasak nang gámit ng madla at ng mga dalubhasa’t pantas man. At bílang kapuna-punang bagay sa mga nangyari, ang nangatanggap na bagong salitâ’y yaong mga kuha sa mga kalipi at kapatid na wika, gaya ng *bansa* at *guro* ng Maláyo, *katarungan* ng Bisaya, at ilan pa. Di maikakait na nakatulong sa madalíng pagkatanggap at pamamalasak ang hugis at himig-Tagalog na rin ng mga salitâng iyan. At ito’y isang mabuting panuntunan sa sining ng panghihiram at panlilikha ng mga bagong salitâng pampayaman sa Tagalog.

Ang paglikha sa pamamagitan ng pagkakasáma ng mga titik, pantig, kataga, at baha-bahagi ng salitâ o mga salitâng pinagkukunan ng panumbas sa bagong diwa o bagong bagay na ibig ngalanan

ay isa ngang paraang hindi nakilála ni mapagkamalang gamítin ni Balagtas sa kaniyang Dakilang Awit. Kaipala’y masasabi na rin ang ganito sa lahat ng mga manunulat at manunula nang mga panahong lumípas. Ang sining ng panlilikha ay dalá sa atin ng hangin ng bagong pamumuhay, bagong isipan, at bagong kabihasnang sumunod sa panahon ng ating paghihimagsik. Ang pag-uusig ng kalayaan ay nagbukás sa ating isip at paningin ng ibá’t ibáng pinto ng makabagong karunungan at makabagong pangangailangan. Ang larawang súkat gitawan ng ating Wika ay lumawak nang lumawak; ang papawirin ng ating Panitikang sarili ay umaliwalas nang umaliwalas; anupa’t lumakí at dumami ang kasaklawan ng ating paghahangad na dumunong at ng pagmimithing magkasariling marangal na luklukan sa kalipunan ng lalong mga bihasang daigdig.

Ngayo’y di na mga awit at dasalan lámang ang pinagkakabuyuhan nating pag-arala’t sulátin, na gaya nang panahon nina Balagtas. Kung pang-awit at pandasalan lámang, ay talagang di na kailangang lumikha pa ng mga bagong salitâ. Ang talatinigang Tagalog ay mayamang-mayaman sa mga salitâ ng puso at sa mga pangungusap ng damdamin; saganang-sagana sa mga panagano ng kaluluwa at sa mga likhain ng guniguni at salamisim. Kayâ nakapaimbulog nang gayon na lámang ang diwa nina Francisco Baltazar, Mariano Pilapil, Modesto de Castro, at ibá pa, nang di na nangailangang magpakpak ng mga ibáng hugis ng salitâ, maliban sa mga katutubo at sa mga hiram na Español at Latin, na siyá lámang itinutulot ng masikip na galawan noon ng kaniláng mga panulat at kaisipan, ay dahil nga sa likás na kayamanang iyan ng talatinigang Tagalog. Subalit kung sa mga panahong ito silá mangangahas manandata ng panulat at ng talino sa larangan ng bagong búhay at bagong kabihasnang ay mapipilitan siláng sumukò sa tukso sa gawang panlilikha; lámang ay . . . matibay ang pananalig naming manlilikha silá sa matino at di pagaso-gasong pamamaraan.

TINGING PAHAPAW SA KASAYSAYAN NG PANITIKANG TAGALOG

NAG-AALAALA AKONG ANG napakagalíng na panihala ng Lupong Tagasuri ng Wikang Pambansa, na magdaos ng madalas na panayamang hayag tungkol sa nasabing Wika, ay bakâ mabigo tuloy, kung abútan na ng pamumulikat ang kaniláng kasiglahan, dahil sa paurong-sulong na pagsisimula:

“Ang paurong-sulong na lamon ng bunot,
Ay inaabutan ng sigwa sa laot.”

Kayâ ubaob man sa dami ng gawain, at kahit dahop sa káya’t panahon, ay sinagutan ko na ang pagtupad sa hingi ng Lupon. Naririto ako ngayon upang, wika nga, huwag di makapagbigay, di lámang sa mga may-atas na pinagpipitaganan ko, kundi lalong-lalo na sa maharlikang kalipunan ng mga dalubhasa’t palaaral sa mga dunong ng wika, na ngayon dito’y nalilimpi.

Pinagkagawian Nang Pamagat

“Literatura Tagala” o “Tagalog Literature”— ito ang sa aki’y hinihinging paksai’t suriin ngayon. Nakagawian na at palasak naman nang umiral, ang salitâng *Panitikan* na panumbas sa “Literature” o “Literatura”;

bagaman may di-iilan pa ring dalubhasa na nagsasabing ang lalong akma'y *Palatitikan*.

Hindi na ako paiibá sa pinagkagawian, may-katwiran o wala ang nagsisipansin sa di-katumpakan. Kung lahat ng salitá'y lilitisin natin sa pagkatumpak o pagkalisya sa bagay na nginangalanan o ipinahahayag nating pasimulan sa titik A ang talatinigan, at gagámit táyo ng pu-pong taon sa pagsusuri at pagbibithay. At salamat pa kung matutuklasan, at matatamo natin ang kalahati man lámang sa pinapakay. Paano'y para táyong naghahanap ng sandakot na karayom na napatápon sa laot ng karagatan!

Wala nang magaan, matino at marapat na paraan ng pagkilála sa mga salitá, na gaya ng kilalánin at tanggapin nang kung paano ang pagkakilála't pagkatanggap ng madla sa mga salitâng iyan. Ang dunong at kapangyarihan ng madla ay siyáng una't laging nasusunod sa pagpapakahulugan sa mga salitá, sa ibabaw ng karunungan, kalooban, at pasiya ng mga pantas-wika.

Ang tawag sa "Panitikan", hango sa salitâng-ugat na "titik"—na, sa ganang mga mananagalog ngayo'y siyá nang tandisang katumbas ng "letra" o "letter," ay di na nga kailangan pang pag-aksayahan ng panahon sa pagtatálo. Hindi naman nalalayô, bagkus siyáng lalong pinakamalápit at bagay itawag sa diwa't kapararakan ng salitâng Español o Ingles na tinutumbasan.

Ang "Panitikan" nga ay siyá na rin naming gagamitin sa buong salaysay na ito, samantálang ang "Palatitikan" ay siyá namang itutumbas sa kung minsá'y pang-una at kadalasa'y panghulí sa apat na bahagi ng Balarila, *Gramatica* o *Grammar*, na tinatawag sa Español na *Ortografia* at sa Ingles ay *Orthography*.

Ang Katutubong Panitikan

Mayroon o walang Panitikang Tagalog sa Filipinas, sa tunay at ganap na katuturan ng pamagat na ito?

Hindi sinasaklaw ng aming tanong ang panahong kasalukuyan, na nagsisimula sa Paghihimagsik ng Bayan laban sa kapangyarihan ng España hanggang sa mga araw na ito. Ang ibig lámang naming saklawin sa tanong ay ang buong panahong nagsasapul sa pagkasakop ng España dito sa Kapuluan hanggang sa mga araw nina Rizal at nina Bonifacio.

Ang panahong nauuna't pinagdatnan dito ng mga Español ay may-kahirapan nang saluysuyin pa sa mga ganitong uri at ikli ng pagpapanayaman. Labis nang sabihing wala táyong súkat ikahiyâ sa mga ibáng bansa o lahing kapuwa silanganin, at pati na sa karamihan ng mga ibáng bansang kanluraning noo'y ating kapanahon, kung sa ngalan din lámang na pag-aangkin ng kabihasnang sarili, maging sa pamamahala, maging sa pamumuhay, pananampalataya, sining, at gayon din sa panitikan.

Hinggil sa panitikan, súkat na lámang ang ipaalaala na táyong mga Filipino ay may katutubong abakada, baybayin o katitikan, samakatwid bagá'y katipunan ng mga titik na gámit sa sariling pagsulat. Ang bagay na ito'y sapat nang magpatunay na may kabihasnang táyong sarili sa panunulat. Maaari ba kayâ namang paniwalaan ng sinumang may matino't di kabilaning pag-iisip, na nagkaroon ang katagalugan ng mga titik at súlat sa sarili, ngunit di naman marurunong ang mga Tagalog na magsisúlat; o nagsisísulat kayâ silá nang di-nalaláman o walang kasaysayan ang kaniláng sinusúlat.

Kung hindi lámang pinagsunóg, ipinagtapón, at ipinagbaunan ang lahat at bawat makitang kawayan, balát, o tistis na kahoy, upak, palaba, dahon, at ibá pang ukitan o kintalan ng mga titik na nagpapahayag noon ng ating mga kaisipan, dahil sa noo'y batas ng pananampalataya ang pagpapalagay na pawang likha't pakana ng Diyablo tungkol sa kasulatang di-mabása, at di-gáling o di-ukol sa bagong pananampalataya at bagong kapangyarihan; kung hindi sana yaong libo-libong aklat, kasulatan, at mga relikyang ating katutubong kabihasnang, na naimpok at napagyaman ng mga misyonerong Heswita, ay napag-itingan ng

poot ng mga kamahabàng-baro rin niláng nakalaban, hanggang silá'y pagpapalayasin dito sa Filipinas (1767 noon), na sa gayon, karamiha'y ipinakain sa apoy upang abó nang mapatago sa tiyan ng lupa, at ang mga ilan ay sinamsam upang maligpit na nang walang-litaw sa lalong madilim na silid ng panahon— disin ay may naabútan pa táyong mga buháy, maliliwanag at tahas na kasulatang nagpapatibay na may kabihasan táyong katutubo sa ibá't ibáng uri at hinggil sa kabuhayan, at may sarili táyong panitikang pinagdatnan na lámang ng mga Español. Subalit ang nasúnog ay nasúnog na. At ang maghaból pa sa wala, sa ulol na mamumukha.

Pagbalikan natin ang tanong, at siyáng tugunin.

Panitikang Mala-Español at Makarelihiyon

Kung noong wala pa rito ang mga Español ay may sarili na táyong mga titik at kasulatan—dalawang bagay na di-maaaring di may mabubuonag panitikan; bukod sa nagkapasalin-salin sa mga bibig, ay ang mga nauukit pa't naguguhit sa mga talagang sulatán noon—makalilibong higit na súkat táyong magkaroon ng lalong malawak na panitikan sa panahon ng España, pagkat sinasabing iyan na kapagkaraka ang inalagata rito ng kaniyang pamahalaan at mga tauhan.

Sa ayaw at sa ibig ay hindi naman maaaring ang mga pinunò ng pamahalaang Español at ang mga pinunò ng simbahang Español-Romano ay magsipagsikap noon, kapagkarakang mapaahon at mapatatag dito, na ang mga wika at wikaing pinagdatnan sa ibá't ibáng pook ng Filipinas, ay kaniláng mawatasan at maipaghanda ng mga aklat na súkat ipagkaunawaan naman ng bayang dinatnan tungkol sa mararangal na layon ng kaniláng pananakop at pamamalagi sa Kapuluan. Pangangailangan, samakatwid, ng sumákop, at pangangailangan ng sinákop, ay magkatulong sa paghingi ng lalong madali't maliwanag na pagkakaunawaan. Ang pamahalaan, upang makilála ng bayan ang kaniyang mga ibinabatas at iniuutos; ang simbahan, upang maunawaan ng bayan ang kaniyang mga ipinangangaral at ipinagbabawal; at ang bayan, upang matuto nama't

masánay sa bagong kabihasnang tuwid ng banyagang panginoo. Ang tatlo'y gumamit ng kani-kaniyang káya sa pagpupunyaging makapaghanda ng mga kinakailangang kasulatan, aklat at ibá pang babasahín. At dito'y mapaghuhulo nang walang unang kasangkapan kundi ang wika. Kung bagá sa isang kayamanang nakatago na ibig makuha ay walang kasukát na susi kundi ang makapagsalitá nang lalong mabuti sa wikang naaayon sa adhika't layon ng isa't isa.

Malakí ang kaibhan ng mga pinunò at mga paring Español sa mga pinunò't kawal na Americano sa pamamaraan ng pagpapatibay ng kani-kaniláng kapangyarihan sa Filipinas. Samantálang ang mga Americano ay sa mga unang taon lámang nagsipag-aral ng wikang Tagalog, na siyáng wika ng pangulong lungsod ng Sangkapuluan, at kapagkaraka nang inalagata nilá't pinangatawanang wikang Ingles ang maituro sa buong bayang Filipino; dapwat ang mga Español na pinunò at mga paring Español ay nagkahidwaan na sa mula-mula pa ng mga panihala tungkol sa suliranin ng wika at tungkol sa uri ng mga karunungan dapat ipaturo sa mga Filipino.

Ang mga pinunò ng pamahalaang Español ay walang ipinakita sa mula-mula pa na munti mang hangad na matuto silá, ng Tagalog, o ng alinmang wikang dinatnan sa Kapuluan; ngunit wala rin naman siláng tahasang pagsisikap na ginawa upang ang bayang Filipino'y matuto ng Español. Subalit ang mga paring fraile at Heswita ay di lámang siyáng nangagpumilit na kapagkaraka'y matutuhan ang mga wikang Filipino, una sa lahat ay ang wika ng Katagalugan, kundi gumawa pa silá ng sari-saring paraan ng paghadlang at ng ibá't ibáng hugis ng mga balakid, upang ang pagtuturo ng wikang Español ay huwag lumaganap at umunlad sa Ka-Filipinuhan. Sa ganang mga pari, ang pagkaalam ng mga Filipino ng wikang Español ay makapagbubukás sa matá ng mga ito sa landas ng paghihimsik laban, maging sa kapangyarihan ng simbahan, at maging sa kapangyarihan ng pamahalaan.

Ang mga di-paring pinunòng Español, dahil sa di-kaalaman ng mga wika ng bayan, ay nangagpilitang lagi nang patulong, pakatawan, at papamagitan sa mga pari sa tuwi-tuwina at sa alinmang panukala o gawaing kinakailangang ipakipag-

unawaan o pairalin sa bayan; palibhasa’y mga pari lámang ang maaaring makipag-usap nang tuwiran sa bayan. Sa gayong paraan, ang kapangyariha’t lakas ng mga táong pamahalaan, ay unti-unting napasalin sa kamay ng mga táong-simbahan. Ang pamahalaang politiko ay napailalim nang napailalim sa pamahalaang relihiyoso. Ang palatuntunan ng Estado ay napatungan ng palatuntunan ng Iglesya. Kayâ, sa nilakad-lakad ng araw, lahat na halos ng mga paaralang-bayan, matataas mabababà, kung di lubusang nangapasalin sa pamamatnugot at pangangasiwa ng mga pari, ay nangapailalim man lang sa pagsusuri nilá’t pakikialam. Ang kura noon sa bawat bayan ay siyáng itinatalagang *Inspector local* sa lahat ng paaralang nasasakupan ng parokya.

Hindi nga kataka-takang mangyari kung ang panitikan ng sariling wika ay mahubog at makipil nang lubusan sa mga sadyang hulmahan ng Iglesya. Ang mga paaralang siyáng punlaan ng mga binhi ng alinmang panitikan, ay di maaaring pag-anihan ng mga bunga ng maiibá pa sa mga binhing ipinunla at sa paarala’y súkat lámang sumibol at maani, ay sapilitang magiging malamáng na makarelihiyon, kung di mga ganap na panrelihiyon lámang, kaysa mga ibáng uri ng karunungan at layuning dapat sanang hanapi’t asahan ng mga nag-aaral ng tunay na kabihasan.

Pangingibabaw ng Panitikang Tagalog

Buhat sa pagkatuklas ni Magallanes, agad sa pagkakapagtayô ni Legaspi ng pamahalaang panlahat sa Maynila, hanggang sa kapanahunang sinusulat na ni Rizal ang kaniyang *Noli Me Tangere*, ay patuloy na nangyayari’t naghahari ang ganiyang katiwalian, bungang masaklap ng humupa-umapaw na pagkakahidwaan ng mga pinunòng pamahalaan at ng mga pinunòng simbahan, tungkol nga sa suliranin ng wika at sa uri ng mga dunong na ipatuturo sa mga paaralan. Tuwinang iginigiit ng mga pinunòng di pari na gawing pangatawanan ang pagtuturo sa bayang Filipino ng lalong magalíng na pagsasalita ng Español, ang ipinapakli ng mga pinunòng pari ay makapag-aakay lámang ang gayon sa mga Filipino sa landas ng “filibusterismo” o ng pagmamarunong at kasuwailan.

Samantálang gayon, ang karamihan na ng mga wika sa Filipinas ay nararagdagan pa ng pagtutumibay sa kani-kaniláng purok na kinaroroonan. Bawat purok ay kinausap sa kaniyang sariling wika; bawat wika'y iginawa ng kaniyang sariling balarila, talatinigan, dasalan, at ibá pang mga makasimbahang babasahín. Ang wikang Español ay nagagamit lámang ng mangilan-ngilang ilustrado sa bawat bayan. Hindi na kailangang mag-aral ng wika ng bayan, upang silá ang makapasok sa kaibuturan ng puso nitó at sa kabudhi-budhian.

Salamat sa ganito kung kayâ nagdumami ang mga inihandang kasangkapan sa pag-aaral ng isa't isang wika lámang sa buong Ka-Filipinuhan. Ang mga *gramatica, arte de la lengua, vocabulario, diccionario*, at ibá pang aklat na kauri at kalayon, ay nagkapatong-patong sa bawat isang wika; palibhasa, bawat kapisanan ng mga pari, Pransiskano, Dominiko, Agustino, Heswita, ay nagpumilit makagawa ng kani-kaniya. At sa loob ng isang kapisanan, madalas na nagkakailan pang pari, sa ibát ibáng panahon, ang talá o sulat tungkol sa wikang Filipinong nalaláman na o nakakagawa, o nakakapag-impok ng sari-sarili niláng mga tula o sulat tungkol sa wikang Filipinong nalaláman na o pinag-aaralan pa.

Ipinapayo ng katarungan at hinihingi ng kagandahang-asal, na kilalánin nating malakíng utang-na-loob sa mga fraile at Heswita ang ganiyang mga pagkakasuri, pangangalaga, at pagsisimpan ng mga aklat at kasulatang nagpapakilála ng ating Kahapon, at bumubúhay sa hábang panahon ng mga wikang Filipino. Salamat sa mga aklat at kasulatang iyan, ngayó'y ating natutunton, at matutunton naman ng mga sumunod sa atin sa mga panahong hinaharap, ang katutubong diwa ng ating lahi, ang wika ng mga kanuno-nunuan natin, ang kung ano táyo at kung ano na táyo mayroon muna, bago nahulog sa kapangyarihang dayo at bago yumakap sa kanluraning kabihasan.

Ang wikang Tagalog, higit sa lahat, ay siyáng nakinabang nang di-hamak na kapakinabangan sa gayong mga nangyari. Hindi lámang siyáng wikang napag-arala't naipaghanda ng kauna-unahang aklat na "Sining at mga Tuntunin ng Wikang Tagalog"—

dili ibá't ang *Arte y Reglas de la Lengua Tagala* ni Fray Francisco Blancas de San Jose, limbag noong 1610—kundi siyá pa ring nakabílang ng lalong maraming balarila at talatinigang malalamán sa alituntunin at mayaman sa salitâ.

Hindi pa nakaiilang taon na ang Pambansang Aklatan ng Filipinas ay nagbukás ng isang sadyang Tanghalan ng mga aklat, pahayagan, at kasulatang ukol sa ibá't ibáng wikang Filipino. Sa tanghalang yao'y napagkita't napatunayan ng lahat ng táong nakapasok ang iba-ibayong kahigtan ng dami at uri ng mga aklat, pahayagan, kasulatan, at ibá pang babasahín o lathalang limbag sa wika ni Balagtas. Kalalabisan na nga sa mga nakakitang yaon man lámang, na maglahad pa kami ng bagong talâ at sariling ulat na makapagpapatibay sa gayong katotohanan.

Sa pangkat ng tanghalang nabanggit na ukol sa wikang Tagalog, at ukol din sa unang panahong sinasaklaw natin,—buhat sa pagkatuklas hanggang sa Paghihimagsik,—ay mapapansin ang uri ng mga aklat at ibá pang babasahín nangingibabaw sa bílang at kabuluhan, ay ang mga balarila't talatinigan; ang mga dasalan at *novena* o pagsisiyam; ang kasaysayan ng mga santo o banal, mga *sermon*, *platicas*, at *comedia*. Bahagya nang may napasalit na isang aklat ukol sa panggagamot; isang ukol sa mga salawikain, ilang ukol sa mga kautusan ng pamahalaan, at halos wala nang ibá pang mahalagang uring súkat mabanggit.

Sa tahasang sabi, ang Panitikang Tagalog noon ay taganas halos na nahihingil lámang sa pananampalataya at pagsambang ipinag-uutos ng pamahalaan at ng simbahan. Patí mga aklat na talagang pangwika, ang mga *Arte* at *Gramatica* na nga, ang mga *Diccionario* at *Vocabulario*, ay niyayari't iniaayos noon, hindi sa pagtuturo sa mga ibáng Filipino upang matuto ng wikang Tagalog, at nang sa ganito'y magkalapit-lapit na lalo, magkawatasang magaan, at magtibay sa pagkakaisa ang tanang magkakalahi, sa pamamagitan ng isang katutubo't panganay na wika; kundi upang magamit ng mga pari na rin, lalo na ng mga bagong-ahon sa Filipinas at nakatakdang manuparan sa mga lalawigan at bayang Tagalog na

pagkamisyonero, pagkakura o ibá pang kapangyarihan, tungkulin, at paglilingkod sa ngalan at kapakanan ng Iglesya. May mangisa-ngisa rin namang aklat na lumabas noon, gaya ng malabalarilang yari ni Tomas Pinpin, katulong ng kauna-unahang mambabarilang Tagalog, na si Pari San Jose, upang magamit ng mga Tagalog sa pag-aaral ng wikang Español; subalit ang gangganitong mga akda, ay ilang butil na galo lámang.

Karamihan ng mga nasabing aklat ay nagsilabas na nása pangalan ng mga paring Español na mananagalog, bagaman kakaunti ang, kung hindi buong sinulat, ay natulungan nang malaki ng mga Filipinong mananagalog. Naging karaniwan na noon ang mga lihim, o patagông pagtulong ng Filipino, kayâ siyá'y mabanggitan-dili ng pangalan, kung ang akda'y ipinalilimbag na. Ang mga sarili namang akda ng Filipino, karaniwa'y di na rin nagtataglay ng pangalan ng maygawa, o kung bagaman may lagda, ay mga unang titik lámang ng buong pangalan ang nalalagay, katulad ng F. B. ni Francisco Baltazar sa dakilang awit niyang *Florante at Laura*.

Ang gayong gipit at siki-siking kalagayan ay di-maaaring sibulan ng isang panitikang mabulas at mayabong. Sa makipot at madilim na landas ay di-makaraan nang sabay-sabay ang maraming ibig magdaan. Sapilitang isa o ilang uri lámang ng mga karunungan o babasahín ang sa gayo'y makagigitaw.

Ang pagkaunawa namin sa tinatawag na "Literatura" o panitikan ng isang wika, ay isang malawak na larangan at tanghalan ng sari-saring hugis at kulay ng mga bungang-isip na nakasulat o nilimbag. Datapwat nang panahong yaon ay sa panitikang pansimbahan lámang pinaniniwalaan at inaasahang magmumula't matatamo ang lalong mataas na baitang ng kabihasanan o *civilizacion* ng Filipinas.

Noo'y di-kilalá rito ang sining ng pagsulat ng mga kathang-kasaysayan, mahahabà't maiikli man, sa tuluyang pagsasaysay. Noo'y walang mga pahayagang pang-araw-araw, lingguhan o buwanan man lámang, na sa sariling wika'y naglalathala ng mga

balitang pambalanang bagay at pangyayari, ng mga salaysay na pambayan at pampamahalaan, panghanapbuhay, pangkarunungan, pang-aliw o libangan, pampalakasan, atbp. Hindi maaari noon ang mga hayagang pagtatálo, balagtasán, talumpatian, paligsahan tungkol sa mga paksa at suliranin ng malayàng pagkukuro, panunulat, at pamamahayag; tungkol man kayâ sa mga suliranin ng batasan, hukuman, pangasiwaan, pamamayan, pananampalataya, dulaan, palapahaman o *filosofia*, pagtuturo, pagtula, at ibá't ibá pang susulatin at aakdaing napapanahon at kailangan. Kailanman at sa alinmang panukala o gawain ng mga manunulat na di naaayon sa mga simulain at panihala ng pananampalataya o ng pamahalaan, ang kalayàan ng pag-iisip at kalayàan ng pamamahayag ay di maaaring makasungaw man lámang noon sa bibig o panulat ng sinuman.

Ang Lupon ng Sensura

Sa may tatlong dantao't kalahating yaon ng pamamahalaang Español sa Filipinas, walang-lubay ang pag-iral at di naaabala ang kapangyarihan ng Sensura, o ang pagsusuri muna ng alinmang aklat o balanang babasahíng ipalilimbag o ipalalathala sa pahayagan; maliban sa isang kakarampot na panahong naipagbulalas na sandali ng mga nabubulok na hininga ng mga uhaw sa layà ng pagsulat at sa pagpapahayag ng ibig sulati't sabihin. Yaon ang labing-isang taon, kumulang-humigit, (1812-1824) na umabot dito sa Filipinas ang mga biyaya ng *Constitucion de Cadiz*,—bagong Saligang-batas na pinagtibay ng Kapulungang Bansa noon sa Española muhing-muhi na sa dáting búhay, at sabik na sabik namang magbagong-búhay na noon pa.

Datapwat anong ikli! Sasang-iglap na panahon ng kalayàan ng pag-iisip at pamamayan sa España, na napahawa rin nang bahagya sa Filipinas. Sasangkisap-matáng pagtingin ng bulág sa mukha ng Araw! Sasampatak na tubig sa dila ng mamamatay-uhaw sa malayàng kabihasan!

Nang masupil sa España ang gayong mga makabagong lagay at kilusan, nang malansag na muli ang Corte de Cadiz na kinabilangan pa ng dalawang kinatawang Filipino, doon at dito ay nagsauli ang lahat sa dáting lakad at lagay. Manapa sa Filipinas ay lalong nag-ibayo ang mga paghihigpit sa layà ng kaisipan at layà ng mga palimbagan. Kaipala'y sanhi sa napag-aakalang, ang bayang makatikim na minsan ng kalayàan ay sa kalayàan na nagpapakamatay.

Ang pamahalaan nga rito'y di na nagkasiyá lámang sa pana-panahon at pasáka-sákang pagsusuri muna ng mga natitipong limbagin at lathalain, kundi naglagay ng isang Palagiang Lupong Tagasuri o *Comision Permanente de Censura* (1856). Binubuo na ito ng isang pangulo, walong kagawad, at isang kalihim. Ang *Fiscal de la Audiencia* ay siyáng sadyang pangulo; apat sa mga kagawad ay pari, hirang ng *Arzobispado*; apat na di-pari ang hirang ng *Gobierno*, at ang kalihim ay walang boto sa kapulungan.

Ngalan lámang ng Lupon ay nagbabansag na sa sarili ng kaniyang matayog na tungkulin at mabalasik na kapangyarihan. Kung sa bansag na iyan ay isasáma pa ang uri at hilig ng mga ginoong pinipili upang bumuo ng Lupon, at sakâ isasangguni sa himig ng hangin humihip sa Filipinas nang mga panahong yaon, ay di na paghihirapan pang isipin o hulaan kung ano ang kaniláng gagawin, at kung ano-ano ang kaniláng magagawa naman. Sa nasabing Lupon ay pulos na Español lámang ang karaniwan at parating nalalagay na kagawad. Maminsan-minsang may paring Filipinong napapasingit, gaya nina Pari Burgos at Pari Zamora, na kapuwa sa dakong hulí'y nabitay, kasáma ng isa pang kalahin, si Pari Gomez. Yaong una, si Pari Burgos samakatwid, ay tumangging manungkulan sa Lupon ng mga *Censor*, bagay pa itong nagpapatotoo, na tungkol sa ginoong may malayàng pag-iisip ay di maaaring makisáma sa isang Lupong tahas na kalaban at mang-uusig ng kalayàan ng mga limbagan at pahayagan. Si Pari Zamora ay napasáma, nang mga dalawang taon na lámang at makakasáma naman siyá sa bintangan ng paghihimagsik sa Cavite, at sa bibitayan sa Bagumbayan, noong 1872.

Ang kasaysayan ng *Comision de Censura* ay masasabing siyá na ring kasaysayan ng panitikang Español at ng panitikang Filipino sa Filipinas nang mga panahong iyon. Isináma namin ang sa Español, pagkat saklaw ng kapangyarihan ng *Comision* ang pagsuri at pagbabawal na maipasok at mabása sa Kapuluan ang mga aklat at ibá pang babasahíng nagbubuhát sa labas, sa España man o sa ibá pang lupain, na nasusulat sa Español o sa mga ibá mang wikang banyaga. Sinaklaw namin ang buong panitikang Filipino, at di ang sa Tagalog lámang, sapagkat ang Lupon ay di-súkat na naghihigpit sa mga limbagan, pahayagan, katha, at ibá pang lathalain sa Katagalugan, kundi pati na sa mga ibá't lahat-lahat na lalawigan ng Filipinas. Sa Cebu ay makailang pagkaitan ng pahintulot ang pagbubukás ng isang limbagan; sa Negros, minsan ma'y di pinayagang makapaglabas ng isang hamak na pahayagan. Isang Novena del Glorioso San Jose, na inihihingi ng pahintulot na maipalimbag sa wikang Bisaya, ay hindi tinulutan, sapagkat maaari daw namang sa wikang Español na lámang ipalimbag, ay kung ano't Bibisayain pa. At gayon na rin sa mga ibá pang lalawigan at wika, sa hamak na kadahilanang malayo raw sa abot ng matá't pagsusuri ng Lupon na naririto sa Kamaynilaan.

Kailangan pa ba nga nating ipaliwanag kung bakit sa mga gayong kalagaya't pamamalakad ay di lámang panitikang Filipino ang súkat makaramdam ng pagkabilanggo sa sariling bahay, na araw-gabi'y may-tanod, kundi patí panitikang Español, na sana'y dapat makagitaw nang buong luwag, pagkat España ang dito'y makapangyarihan? Kailangan pa bang sabihing saanman kimi at gapós ang panitikan, ay laging bigo at payat ang kabihasan?

Noo'y walang daang makabása, kahit na ang mga tinatawag na ilustrado o may maipagmamayabang na pinag-aralang Filipino, sa mga aklat na gawa ng mga lalong bantog na paham sa panunulat, pagsasaysay, panunuligsa, pangangatwiran, pagkaguro, na kinikilála't namumukod sa sandaigdig, at kahit sa España na rin. Mga kathang kasaysayan ng mga Dumas, Paul de Kock, Moore, Ribot, Ochoa, Fernandez Gonzalez, Brinsa, E. Sue, Pinchot, Mayne, Reid, Paul Feval, Victor Hugo, atbp; mga aklat na ukol sa Agham at Sining (*Ciencia y Arte*) o tungkol sa kasaysaya't katayuan ng sansinukob, na gaya ng kina Buchner, Montero, Perez de Maya, Thiers, Lamartine, La Vallee,

Vaulavelle, Blanc, Dr. Mata, Reynault, Anton, Robertson, Guizot, Esquiros, Castillo, Fammarion, Verne, atbp.—Lahat silá at ang kaniláng mga aklat na nahulog o sumapit sa hapag ng *Comision*, ay nangaawitang pawa ng *Responso*, at sumapayapa nang hanggang doon na lámang!

Ngunit aanhin pa ba ang mga mangangatha at paham na iyang maniningning na bituin sa panitikang Español at sa mga ibáng bihasang bahagi ng sandaigdig. Maaari siláng mapaghinalaan ng Lupon, o kakitahang para-para ng mga kamalian, kabaligtaran, o kasuwalian sa mga simulain at kapakanan ng pananampalataya at ng pamahalaang naghahari noon sa Filipinas. Maaari siláng pagtitikising pawa, hamak-hamakin at di pagpakundanganan ng sakdal-higpit na *Comision*, yayamang wala namang ngalan at dangal ng bansang Español o kabihasanan ng Española ng napapatayâ sa gayong mga aklat at mga may-akda, kasakdalang silá rito’y mangaging kasuklam-suklam, hiyain, at ipagtabuyan.

Subalit ang kaipala’y di na hamak-hamak na kapangahasan laban sa dangal ng Inang-Lupa, laban sa kadakilaan ng sariling panitikan at wika ng España na rin, ay ang ginawa ng Lupon sa ilang akdang tula ng bantog sa dilang bantog, guro sa dilang guro ng masasayâ at maaanghang na tulang Español, na si Francisco de Quevedo. Ang mga katha man nitó’y pinapagdaraan din ng Lupon sa bútas ng karayom, bago lubusang inililigpit nang wala nang lilitaw, upang dito’y huwag makakálat at mabása.

Maging si Quevedo man, di pa rin gaanong kasákit-sákit na matakwil, pagkat talaga namang ito’y may kalansahang magbiro, bagaman napakadakilang maglarawan at magsaysay sa tula ng kaniyang iniulat at naiisipan. Ang sukdulan na yata ng kabalintunaan at kapangahasan, ang labis ng bigat na kasalanang di-mapapatawad, marahil, ng kasaysayan ng panitikang Español, sa España ma’t sa Filipinas, ay ang ginawa’t ipinasiya ng nasabing *Comision de Censura* sa katha ng mga katha, aklat ng mga aklat, ulo, hari, talà, ginto ng lahat-lahat na ng mga nakikilálang akda sa wikang Español, mulang ang wika ng Español ay maging pambansa ng buong España, magpahangga ngayon. Dili ibá ito’t ang walang

kamatayang *El Quijote de la Mancha* ng walang-kamatayan ding *El Manco de Lepanto* na si Miguel de Cervantes Saavedra. Paniwalaan ninyo't dili, ang kadaki-dakilang aklat na iyan man ay napangahasan ng Comision na panghimasukan sa ilang dahon at kabanata at pabawasan ng buo-buong talatang sa palagay nilá'y nakasisira sa pananampalataya o sa kapurihan ng mga pari, bago tinulutang maipamahagi at ipabása sa mga may-ibig ang iilan-ilang dito'y nakararating na mga sipi ng aklat.

Ngayong ating ipinagtitimpalakan ang kadakilaan ng *Quijote* at ang kadaki-dakilang dangal at tulong na maidudulot sa panitikang Tagalog at sa bansang Filipino ng paghuhulog sa wika ni Balagtas ng ulo, hari, talà, ginto, at walang kasinghalagang nobelang Español na iyan, ay tíla hindi makasasamâng usisain muna ng magsisisali sa timpalak kung aling sipi ng *Quijote* ang ipinatatagalog sa kanilá, o kung aling sipi o labas sa limbagan ang pagbabatayan sa paghatol ng Inampalan. Mabuti nang ito'y matiyak muna, sapagkat bakâ sa tinghoy na tanso at di sa ilawang ginto magawa nilá ang pagsusúnog ng kilay!

Ang mga Awit, Korido, at Komedyang

Sa ganiyang mga paghihigpit laban sa pagpapabása rito ng mga aklat ng kabihasnang kanluranin at pati sa mga España na rin nagbubuhát at ikinararangal ng sanlahiang Español, paanong may makatatanglaw sa isipang Filipino na mga liwayway ng bagong panahon, upang makasulat ng mga makabagong aklat at pangkalayàang babasahín, at sa ganito'y makabuo ng isang masaklaw na panitikan sa sariling wika?

Kinailangan noon na ang diwang Filipino, ang mga katalinuhang naiinis sa bilangguan ng mga berdugo ng kaliwanagan, ang mga adhika sa pagdunong na nauukol sa loob ng banlat na kamangmangan at kababàang-loob na lagi nang kinapipiitan, ay magpunyaging makaigpaw sa mga hadlang, makalipad sa papawirin, at makasapit sa ibáng silong ng langit na kagigitawan ng nauunsiyaming pag-iisip, kahihingahan nang maluwig, at katatausan ng ilaw ng mga dunong na dito'y ipinagkakasála, ng amihan ng búhay

na dito'y ipinagkakait, ng mga pagkain ng isip na dito'y ibinabawal at ipinagdurusa ng mga mapangahas na kawal ng panulat, ng mga bayaning ibig munang makapag-akay ng sariling búhay sa kalayaan at sa kabihasan, bago paglagusanan ng punglo ang kaniláng dibdib at bungo bago magkapantay-paa sa banig ng dilang karalitaan. Iyan, ganiyan ang ginawa ng ating mga Jose Rizal, Marcelo H. Del Pilar, at ibá pang pangunahing talà ng Filipinas sa langit ng kapahaman at kagitingan.

Sa ganang mga manunulat na Tagalog na nakapagtitiyaga rito, ay súkat nang maging dagisunan ang pagsulat ng mga awit, korido, at komedya, na halos para-parang hango't gagad lámang sa mga *Caballeria Andante*, na, sa kasagwaan na ng pamamalasak sa España, noong mga ikalabing-anim na dantaon, ay siyá na tuloy napag-itingang tuya-tuyain at bakáhin ni Cervantes sa kaniyang *Quijote*. Ang mga kathain pa man nating ito ay bihirang di lumalabas ding hamak na kasangkapan lámang at busabos na tagapaypay ng pananampalataya. Bukod pa sa halos ang lahat ay nababatay sa pagbabáka ng mga *moro* at *cristiano*, na kaila't sa paanuma'y *moro* ang laging tálo, ay di-iilan sa kanilá ang nagsisimula o nagtatapos sa pagpapatungkol sa Birhen o sa ibáng pintakasing tagalangit.

Hindi lilimáng daang awit, korido, at komedya ang nagsilabas sa maliwanag, nang di-gaanong nagdanas ng parusang magdaan sa bútas ng karayom, bago makasapit sa kamay ng mambabasá. Lansak-lansakan na kung basbasan ng mga pari at di-paring bumubuo ng *Lupon ng Sensura*; kaipala'y sanhi sa natatáya na niláng ang pag-iisipan at kakayahán sa pagsulat at pangangatha ng Indio ay di na lalampas pa sa gayong mga kabalbalan; o sapagkat nakatamaran na niláng talaga ang magpakitúngo pa sa gayong tungkus-tungkos na mga kahangalan, kahambugan, at kabalighuang kinahuhumalingan ng bayang bása-basáhin at awit-awitin, kung awit o korido at pano-panoorin naman nang magdamagdamagan o nang siyamang gabí't araw, kung mga komedya o duplo kayâ. Sa gayon man lámang na mga pangmangmang na kathain at palabas, ay masabing may kalayàan din naman ng pag-iisip, may kaluwagan ng loob, at kaalwanan sa paglilibang ang mga mamamayan sa Filipinas! Gaya rin naman ng may kalayàan

at di hinihigpitan ang pagpasok at paglaganap, hangga't ibig ng may ibig, ng mga katha't babasahing dumudusta at naglalarawan ng kamangmangan, kapangitan, at kahunghangan ng mga Indio!

Paano Nakalusot ang *Florante*

Subalit ang kasabihang Tagalog na "tuso man ang matsing, napaglalaman din" ay nagkatotoo pang minsan sa mga panahong yaon ng paghihigpit ng Sensura. Tinutukoy namin ang kataká-takáng pangyayari, na kung paanong nakalusot nang buong-buo't walang abog-abog ang awit na *Pinagdaanang buhay ni Florante at Laura sa cahariang Albania*— '*Quinuha sa madlang cuadro historico pinturang nagsasabi nang manga pangyayari nang unang panahon sa Imperio nang Gracia*—*At tinula nang isang matuoain sa versong tagalog, gayong ito'y isang kathang tula, isang kasaysayang awit na batbat ng mga kuro-kurong pasilambang sa panahon, hitik ng mga salitang mapanghimagsik, at sagana sa hangad na maging dakila pa sa matá ng madla ang isang di-binyagan o moro kaysa binyagan o cristiano.*

Hindi pa natitiyak hanggang ngayon ng mga mananaysay ni Francisco Baltazar, kung sa buong búhay at kasiglahan nitó sa panunula, ay kailan at saan niya sinulat ang kadaki-dakilang awit na iyan. May nagsasabing noong siyá'y naninirahan pa sa Pandacan, bayan ng kaniyang Celia na pinaghandugan ng awit, noo'y mga taóng 1835-1836. May mga nagpapalagay naman, at tíla ito na ang tinitiyak nina GG. Hermenegildo Cruz at Epifanio de los Santos na sinulat at nalimbag na kauna-unahang niyaong 1838-1840. At may mga nag-aakala pang hábang siyá'y nása bilangguan ng Maynila, 1856-1860. At, marahil daw, anang ibá pa, ay noong namamayan na sa Udyong, pagkapag-asawa kay Juana Tiambeng, hanggang makapanggáling sa bilanggua'y mapabalik na naman, at doon na inabot ng kamatayan, 20 Pebrero 1862, sa gulang na 74 taon. Wala kaming layon ngayong magbigay ng palagay na sarili tungkol sa kung kailan at kung saan nga sinulat at ipinalimbag ni Baltazar ang *Florante at Laura*. Dapwat maaaring pag-alinlanganang masulat na agad at maipalimbag ni Baltazar ang tinurang awit noong 1838, na halos kasunod na

taon lámang ng kaniyang ginugunitang pakikipagkasintahan sa paralumang taga-Pandacan.

Ang mahalagang maláman ngayon ay kung totoong 1838 nang ipalimbag ang *Florante*, noong hindi pa *Comision Permanente de Censura* ang umiiral, kundi Lupon lámang na nagpupulong sa pana-panahon, sa tuwing may mga aklat o palimbagang susuriin at pagpapasiyahan. Ang karaniwang kinakailangan noon upang makapagpalimbag ng isang bagong aklat, ay ang kapahintulutan ng mga maykapangyarihan sa Iglesya. Alinmang aklat na limbag na walang-tatak o langkap na mga salitâng "*Con Superior Permiso*" o "*Con la Aprobacion Eclesiastica*" o "May Lubos na Pahintulot," at ibá pang gangganito, ay kinakapitan ng tawag noong "*contrabando*," "*obra excomulgada*," na kung sa katawagan ngayo'y akma-akma namang kapitan ng "kolorum," gaya ng mga sasakyang paupahan na walang lisensiya.

Ang *Comision Permanente de Censura* ay 1856 nang itatag ni Heneral Ramon Montero, upang siyá nang tumupad at magpatupad nang panayan ng mga dáti't dáting kautusa't pamamalakad na bukod-bukod hinggil sa pagsusuri ng mga aklat na limbagin at ng mga pahayaga't limbagan. Kung nabalam ang pagpapalimbag ng *Florante*, bagaman maluwat nang yari ang sulat-kamay, maaaring *Comision* nang ito ang nakasuri't nagpahintulot. Kung sa kamay nga nitó umabot, di sasálang napasáma na lámang sa mga lansakang pagpaparaan o pagpapatibay ng mga awit. Kung sa kamay naman ng naunang mga Lupon pamana-manahon kung magpulong, maaaring gayon din ang nangyari, sapagkat hari rin noon ang kawikaang "Walang anuman, at awit lámang."

Datapwat súkat din naman mangyari ang alinman sa mga paraang sumusunod: Sa di-palagian at sa palagian mang Lupon ng Sensura, hindi nagkukulang ng isa man lámang kagawad na marunong ng Tagalog. Ito pa ma'y karaniwang Español na pari. Bihira ngang may mapasámang paring Filipino, na gaya nina pari Burgos at Zamora. Ang mga aklat na sinusuri ay ibinibigay sa isang kagawad, na siyáng bumabása hanggang makapagsulit ng kaniyang mga pagkukuro. Ang mungkahi niyang ipasiya sa aklat ay siyáng

karaniwang nasusunod, at ang ipasiya ng Lupon ay bihirang-bihirang di siyáng pinagtibay ng Matataas na Kapangyarihan.

Maaaring ang *Florante at Laura* ay natiwala sa kamay ng isang paring Español na marunong ng Tagalog. At dahil sa di niya káyang unawain ang matatalinghagang pananalitâ ng awit, at kahiyâ-hiyâ namang aminin sa Lupon ang kaiklian ng kaniyang abot sa wika ni Balagtas, ay miminsan na ang pagsasabi ng "Mabuti. Mapahihintulutan." Ano nga nama't hindi, sa yao'y isang *hamak na awit lámang*? Maaari rin namang sa isang paring Tagalog, na may likás na diwa ng pagkamakata, katutubong damdamin ng pagkamakabago, lihim na pagsang-ayon sa mga isipang himagsikan; kayâ, marahil, nang masakyan na ng kaniyang isip at budhi ang pinakatalino, makabayan at makatáong mga talinghaga ni Francisco Baltasar, ay tikis nang nagpawala-wala, kusang nagwalang-bahala sa mapapangahas at mapapanganib na diwa't pananagano ng aklat, at hininging isáma na ito sa mga iba pang pagtitibayin ng Lupon.

At sa ganito nakaraan nang walang-kalatis sa pinagdaanan ang mga bagong simulain ng Kadakilaang-Asal o *Moralidad*, tumataliwas sa mga lumang simulaing naghahari hanggang noon sa napakamasampalatayahing mga "Indio Filipino!"

Himagsik at Layà ng Panitikang Tagalog

Hinahangad ko ring sa pagsasalaysay na ito ay makapaglahad sana ng isang pahalaw man lámang na talaaklatan ng mga nasulat, naiakda, at naipalimbag sa wikang Tagalog, sa buong panahon ng pamahalaang Español sa Filipinas, na may tatlong dantaon at kalahati; at gayon din ng mga aklat, pahayagan, at kasulatang nagsilabas sapul sa panahon ng mga Juan Bautista ng ating *Revolucion* o Paghihimagsik hanggang sa kasalukuyang mga araw ng pamahalaang Americano, anupa't magkakaroon naman ng kalahating dantaon o siglo. Ang pagtutulad ng dalawang panahon, ang paglalagay sa timbangan ng panitikang Tagalog nang unang panahon, at panitikang Tagalog nang ikalawa, ay sapat at higit pang makapagpakilála ng kung gaano lámang ang

nagagawa ng isang bayang likás na palaisip at masikhay sa lilim ng isang mabagsik at makalumang pamahalaan, at kung gaano naman ang nagagawa sa lilim ng isang pamahalaang mapagpalayà't makabago. Mga bílang na lámang sana at di na mga salitâ pa, ang makapagpapakíta ng pagkalakí-lakíng kaibhan sa dalawang panahon, at ng pagkatagibang na tagibang ng timbangan. Pagkabisat-bigat ng timbang, makalilibong bigat, ng panitikang bunga ng limampung taóng kalayàan, kung itutulad sa pagkagaan-gaan, makalilibong walang timbang, ng panitikang bunga ng tatlong daa't limampung taóng kagipitan, kasikilan, o kabusabusan ng pag-iisip!

Datapat, ang ganiyan kong hangad ay di-kanawa-nawang magagampanan sa napakaikling panahon ng aking paghahanda. Bakit, bukod sa rito, ang ating Pambansang Aklatan, na inaasahan kong may maiingatan nang ganiyang talaaklatan, na totoong mahalaga't kailangan sa lahat ng panahon, ay naroo't hanggang ngayo'y wala pa rin. Sa kawalang iyan ng mga ulat na súkat mapagsanggunian, ay lalo nang naging mahirap sa akin ang maghanda ng isang talaakatang sarili, kahit pampanitikang Tagalog man lámang.

Sa tuwi-tuwinang napag-uusapan ang kabihasan ng bayang Filipino, na natamo sa pamamatnugot ng magkatulong na kapangyarihan ng pamahalaang Español at kapangyarihan ng simbahang Español-Romano, ay nakakaligtaan ng mga nagtatálo, na wala nang napakagalíng pagsukátan ng lakí o liit ng kabihasan ng isang bayan, na gaya ng kaniyang panitikan. Sa suliranin ng Filipinas súkat nang mapagpatakaran ang panitikang Tagalog, upang makapagpasiya, kumulang-humigit, sa kalagaya't búhay ng buong panitikang Filipino. Ang panitikang Tagalog ay siyáng lalong malinaw na salaming súkat pagkakitahan ng buong larawan at katayuan ng panitikan ng mga ibá't ibáng wika sa Sangkapuluan.

Nakakaligtaan din namang gawing patakaran sa pagpapasiya ang hari ng Panahon. Ang panahon, na sa Americano lámang natin natutuhang ginto palá, ay isang pagkakamalíng di-pahalagahan, kung sinusúkat natin ang nagawa at di-nagawa, ang dapat at di-dapat gawin ng isang bayang nakasasakop sa ibáng bayang nasasakupan.

Timbang-timbangin kung sa tatlong dantao't kalahating pamamanginoon natin o pakikiina sa España, ay sapat nang pakinabang at gantimpala sa atin ang isang kabihasnang kinakatawan ng iilang libong aklat lámang na bumubuo ng ating sariling panitikan. At kung ang uri ng panahong iyan ay tumbas na sa habà ng panahong ating ipinag-aral at buong pinagsanlaan ng katutubo nating kalayaan.

Kung ibabaling naman ang ating pagsúkat ng kaunlaran ng diwang makabansa at ng pagkasúlong ng ating panitikan sa wala pang sampung taóng paghahanda ng Himagsikan laban sa kapangyarihang Español—mithi nang talikdan, sagad sa makalawang pagkaganap ng handang paghihimagsik, hanggang ang natamong tagumpay sa Español ay maagaw ng Americano—makikita rin namang walang nasayang na sang-oras man sa munting panahong iyan ng ating pakikibáka laban sa mga dayuhang kapangyarihan. Ang panitikan nati'y nagsasabi ng napakarami niyang naaning mga bunga at natipong bagong binhi ng kalayàan at makabagong kabihasnán. Diyan sa panahong iyan lalong nasarili ng wikang Tagalog ang mga karangalan ng pagkawika ng Katipunan, Himagsikan at Republika ang pagkawika ng Kalayàan at Kasarinlan, ang pagkawika ng mga lalong dakilang Bayani ng Lahi, at ang pagkawika ng lagi nang masidhing pagtutol laban sa mga banyaga o dayuhang kapangyarihan. Sa kakaikling sampung taóng iyan (1880-1890), ay nakapaglabas táyo ng mga pahayagang nagsisigaw ng talaga't tanging kalooban ng Bayan; nabatak ng ating mga bagong aklat, pamahayag, palatuntunan, at libo-libong kasulata't babasahíng makabansa ang kalakhan ng sambayanan, upang sumunod nang buong puso sa pagsinsay sa dáting landas ng kasarinlan at lumipat sa landas ng bagong araw. Sa liwanag ng mga nag-aalab na isip at pusong bayaning magpapakasákit nang mga taóng iyon ay nakalikha táyo ng isang panitikang may mga wasto nang pagsulat, maiimbulog nang diwa sa pagsasalitáng may mga dakilang kasulatan at katibayan ng pagkabansa, at nagkaisang wika nang batibot, matipuno, at sagana sa mga salitâ ng kalayàan, sakâ ng pagkapoot at pagtutol sa pinagkamihasnang pagkaalipin.

At kung ang susukátin nama'y ang naparagdag sa panitikang Tagalog, sa may apatnapung taon ng pananaguyod, sa

atin, ng kabihasanan at kapangyarihang Americano, ang sandaigdig ma'y súkat mapahanga sa di-súkat akalaing mga pag-unlad ng sariling wika. Gayong ang wikang ito'y di-lámang sadyang ayaw tauhin sa mga paaralan at sa pamahalaan, bagkus ipinagbabawal pa nang tikisan upang masarili ng Ingles at Español ang mga biyaya ng kapangyarihan; ngunit naririyang ang panitikang Tagalog at siyáng makapagsasabi kung hindi, hábang siyá'y itinatakwil ng pamahalaang Americano, ay lalo namang kinakandong ng bayang Filipino. Hanggang nangyari nga itong mga hulíng pangyayari.

Babahagya pa lámang nagsisimulang maging Filipino ang pamahalaan natin, ay biglaan nang nagnumingning ang katotohanang malaong naulap-ulapan ng ibáng mga anino. Ang buong bansa'y kumilála, sa pamamagitan ng kaniyang mga tunay na kinatawan, ng tahas na pangangailangan sa isang katutubong wika na magagawang panlahat, o pambuong Ka-Filipinuhan. At ang malasaring pamahalaan naman ay makilála, sa ganang kaniya, na ang Tagalog ay siyáng lalong may malawak at mayamang panitikan, kayâ siyáng dapat hirangin, at hinirang na nga, na maging wikang panlahat, maging Wikang Pambansang Filipino, alinsunod sa iniuutos ng Saligang-Batas ng Sambayanan.

Ngunit, ano kayâ bagá't ako'y magpapakawili pang mang-abála sa mga nakikinig sa akin, samantálang ang ninanasà kong maiulat sa kanilá'y mga pangyayaring nakikita't nadadamá na niláng para-para nang mahigit pa sa akin? Ang kasalukuyan ng panitikang Tagalog ay nasása matá ng lahat, kapangahasan nang magsabing may mga nalaláman akong hindi pa ninyo nalaláman. Súkat ngayon ang ipaliwanag ko sa inyo, na sa pahapaw na kasaysayan ng Panitikang Tagalog na pinagtiyagaan kong masinag sa labò at linaw ng karagatan ng mga pangyayari, ay sariling salamin ko ang aking ginamit sa pagsinag hanggang sa kailaliman. Maaaring salamin ko ang malabò, at hindi ang dagat. Kung nása akin ang labò, paumanhin ninyo ang aking kahingian. Kung nása pangyayari naman, libong pasasalamat ang sa inyo'y aking iniaalay. 23 Hunyo 1938, Maynila.

PALATULAANG TAGALOG

1. Ang Tula

Ito’y isang uri ng pagsasaysay na tugma-tugma, may-súkat, matalinghaga, at masining. Bagaman sa pagsasaysay na tulúyan (*prose*) ay ginagamit din ang talinghaga at kasiningan sa pananalitâ, datapwat ang ikinaiibâ ng mga tula ay nása tugma at súkat ng mga salitâ. Kapag ang dalawang ito ay nawala, hindi na masasabing *tulang Tagalog* ang tula.

Karaniwang ang tula ay nauukol sa mga suliranin ng damdamin at guniguni, at di-gaanong tuwirang nauukol sa pag-iisip; kayâ tuloy natatagurian ang tula ng “wika ng puso” at “awit ng búhay.”

Sa apat na dakilang sining—*poesia, musica, pintura, at escultura*—ang tula (*poesia* o *poetry*) ay siyáng kinikilalang panganay sa kadakilaan, pagkat sa kaniya’y natatanghal di lámang ang kaselangan ng damdamin, ang kayamanan ng guniguni, ang kalawakan ng salamisim, ang kapangyarihan sa mga hiwaga ng kalikásan, ang kagandahan at bisâ ng pananalitâ, kundi sapagkat siyáng higit sa mga ibáng sining na malakas gumising ng puso at diwa ng tao, at gaya rin ng tugtugin o *musica* na nananatiling matagal sa pagkakasunod-sunod ng mga salintao.

Sa mga lahing sílanganín, unang-una na sa Filipino, ang tula ay isang pagkain ng diwa at pusong katutubo, higit na kaakit-akit at kinalulugdan kaysa pagsasaysay na tulúyan o *prosa*. Ang yaman ng kalikásan at ang yaman ng wika ay magkatulong na gumagawa sa Filipinong likás na makata at likás na maibigín sa tula. Masasabi ngang ang tula ay isang napakasarap na pagkaing pangmaharlika at pambayan sa ganang Filipino.

Sa mga katutubong tulang Tagalog ay bihira ang nakasúlat; karamiha'y nasasaulo't bibig lámang na pasalin-salin sa mga tao at mana-manahan; gaya ng mga salawikain, bugtong, palasintahan, kundiman, at ibá pang mga kasabihan at awiting-bayan.

Ang mga awitin na pinagkakasamáhan ng tula at tugtog (*poesía* at *música*) ay siyáng lalong mabisàng paraan sa pagpapahayag ng mga damdamin at sa pagbalino ng puso ng kapuwa. Ang kundiman ay siyáng una at tunay na kinatawan ng ganitong uri ng mga tulang Tagalog.

2. Apat na Katangian

Apat na katangian, samakatwid, ang taglay ng tula: tugma, súkat, talinghaga at kasiningan.

Ano ang **tugma**? Ito'y ang pagkakasintunog ng mga hulíng salitâ ng mga taludtod ng isang saknong o talata.

Ano ang **súkat**? Ito'y ang pagkakasinghabâ ng mga yugtùan at gayon din ng mga taludtod ng tula.

Ano ang **talinghaga**? Ito naman ang paggamit ng mga salitâ, parirala, sáwikaín, at pangungusap na maganda, pahalimbawa, patambis, at mapalaisipan.

Ano ang **kasiningan**? Ito ang kaayusan sa paghahanay ng mga sangkap ng buong tula, ang pagkakabagay-bagay ng mga bahagi ng tula buhat sa ulo hanggang paa nitó. Gayon din ang

pamagat sa katawan ng tula, ng diwa sa paksa, ng paksa sa tugma at súkat, at ng talinghaga sa diwa.

Bawat isa sa apat na sangkap o kakanyahang ito ng tulang Tagalog ay may sari-sarili at magkakaugnay na mga tuntuning dapat sundin at pakibagayan ng manunula—mga tuntunin at bagay-bagay na siyáng mauulat sa mga kabanatang sumusunod.

3. Ang Tugma

Ang tugma ay laging nása dulo ng mga taludtod. Iniingatang ang hulíng salita ng yugtúan ay huwag makasintunog ng hulíng salitâ ng taludtod. Iniingatan ding ang mga magkasunod na talata, saknong, o táludturan ay huwag maging magkaisáng tugmaan, maliban kung itó’y sinasadyang talaga, at sa ganito’y nabibilang na iisang saknong ang katipunan ng mga sunod-sunod na taludtod na nagtataglay ng isang tugma lámang.

Ang lalong maganda at mayamang tula ay iyang masagana sa pagkakaibá-ibá ng mga patugmaan. Ang maulit at mahahabàng pagkakaisang-tugma ng magkakasunod na saknong ay pangit pakinggan at nakuulaw sa pandinig, bukod sa nagpapahalata ng karukhaan ng manunula sa pagtulang talatinigan. Subalit sa mga talaga nang makata, ang paganitong pagtula o pagmamahabàng-tugma ay hindi kasiraan, bagkus nagpapakilálang lalo ng kaniyang kayamanan at kapangyarihan sa wika.

Labindalawang (12) lahat ang patugmaan ng tulang Tagalog. Ang bílang na ito ay napagdadalawang pangkat: isa ang pangkat ng mga taludtod na nagtatapos sa patinig, at isa ang sa mga nagtatapos sa katinig.

Sa unang pangkat, ibinibilang na magkakaisang-tugma ang patinig na malumay at patinig na mabilis. Gayon din naman ang patinig na malumi at patinig na maragsa. At sakâ, ibinibilang na parang iisa ring pantig na magkatugma ang *i* sa *e* at ang *u* sa *o*.

Sa ikalawang pangkat ay nahahati sa dalawang pitó ang mga katinig. Ang tunog ng mga ito ay sumusunod sa tunog ng mga hulíng patinig ng salitâ sa tugmaan.

Sa pagiging tigpipitó lámang ng katinig, ang sa ikalawáng pangkat na ito'y napagtutugma, súkat nang mapansing sa labinlimang katinig ng abakada ay may isang nagiging kulang o nawawaglit. Ito'y ang *h*, na kapag náhuhulí sa patinig ay walang sariling tunog, kundi naipapasunod na lámang sa tunog ng patinig na sinasamáhan, kayâ sa tugmaan ay tunog ng patinig na ito ang ibinibílang. Gaya ng: *ah, eh, oh* – katumbas o katugma ng payak na *a, e-i, o-u*.

Narito ang halayhay ng mga tugmaing titik at magkakatugmang mga salitâ:

Pangkat I

Pagkakatugma ng mga patinig na malumay at mabilis:

(1) a, a;	(2) e-e, i-i;	(3) o-o, u-u
ah	eh	oh

Pagkakatugma ng mga patinig na malumi at maragsa:

(4) à, â;	(5) è-ê, ì-î;	(6) ò-ô, ù-û
-----------	---------------	--------------

Pangkat II

(7) ab, ak, ad, ag, ap, as, at;
(8) ib, ik, id, ig, ip, is, it;
(9) ob, ok, od, og, op, os, ot;
(10) al, am, an, ang, ar, aw, ay;
(11) il, im, in, ing, ir, iw, iy;
(12) ol, om, on, ong, or, ow, oy.

Alinmang bílang ng pátugmaan ayon sa halayhay na ito ay di-maitutugma sa alinmang ibá. Samakatwid, ang (1) ay di-katugma

ng (2), maging ng (3) o ng (4). Lalo nang hindi ang alinman sa (7), (8), (9), (10), (11), o (12). At ang di-kaariang ito ay siyá ring ibá't ibá at sa lahat. Súkat na mapagtutugma ang magkakasáma sa bawat hanay. Mapapansing bawat hanay ay bigkas sa isang uri o tunog lámang ng patinig, at bawat patinig ay may kani-kaniyang hanay, na di nga mapaghahalo-halo sa tugmaan.

4. Ang Súkat

Ang súkat ng mga tula ay nababatay sa bílang ng mga pantig na bumubuo ng isang taludtod, at hindi sa kaiklian o kahabàan ng salaysay na patula.

Kung ilan ang patinig na taglay ng isang taludtod ay siyáng bílang ng mga pantig, at itong bílang na ito naman ang tinatawag na súkat ng tula.

Tinatawag na **taludtod** ang bawat isa sa mga hanay ng mga salitâng bumubuo ng isang tugmaan.

Yugtùan, ang bawat lundo o hinga sa pagbása at pagbigkas ng bawat taludtod.

Talata, sagnong, o taludturan ang bawat lipon ng mga magkakatugmang taludtod, na, bukod sa bumubuo ng isa o ilang diwa at kaisipan sa pagsasaysay, ay nabibílang na isang bahagi ng kabuuan ng tula.

Ang taludtod ay nginangalanan ng -

- Aapatin (4), kung may apat na pantig;
- Aanimin (6), kung may anim;
- Wawaluhin (8), kung may walo;
- Lalabindalawahin (12), kung may labindalawa;
- Lalabing-animin (16), kung may labing-anim;
- Lalabingwaluhin (18), kung may labingwalo;
- Dadalawampuin (20), kung may dalawampu, at

Dadalawampu't-apatín (24), kung may dalawampu't apat na pantig.

Hanggang sa kasalukuyan ay ito pa lámang dadalawampu't apating (24) pantig ang pinakamahabàng súkat ng tulang Tagalog sa mga nakikilála. At pinakamaikli naman ang aapatín (4).

Súkat mapansin na ang mga bílang sa itaas ay pulos na **tukúlan** at walang gansálan; samakatwid bagá'y walang lilimahing pantig, walang pipituhin, sisiyamin, lalabing-isahin, at ibá talaga ng mga súkat na gansál, o kayá'y di maaaring magkaganito ang mga bílang ng pantig ng isang tula. Sa malayàang pagtula ay walang di-maaari at magagawang bílang. Ngunit ang tinutukoy dito ay ang sariling kalakaran o katutubong kaugalian at mga simulain sa panulaang Tagalog, na palibhasa'y ugali, kayâ siyáng namamainam at nasusunod, bagaman maaari rin namang mabago, balang-araw, ayon sa uri ng kabihasnang umiiral at iiral sa ating panitikan.

Ang yugto o yugtùan ay naaaring sa bawat ikaapat na pantig ng taludtod, at ang ganito'y nginangalanan ng *apat-apat*; naaaring sa bawat ikaanim, samakatwid ay *anim-anim*, at naaari pa ring sa bawat ikawalo, alalaong baga'y *walo-walo*.

Hanggang ngayon ay ito pa lámang tatlong bílang na ito ang kinikilála at umiiral sa mga yugtùan ng tulang Tagalog. Mapapansin ding para-parang *tukúlan* at walang gansálan; hindi lámang sapagkat ang yugto ay sumusunod sa bílang ng pantig ng taludtod, kundi sapagkat ang magkakatulad na hakdaw o lundo ng pagbibigkas ay nakaluluwag at nakagaganda sa pananalitâ.

Ang yugtùang *apat-apat* ay nagagamit na bihi-bihira sa mga tulang wawaluhin, ngunit karaniwan na sa mga lalabing-animin, dadalawampuin, at dadalawampu't apatin, at bagong pások na lalabindalawahin.

Ang yugtùang *anim-anim* ay ginagamit na karaniwan sa mga taludtod na lalabindalawahin, lalabingwaluhin, at pati sa dadalawampu't apatin.

Ang mga yugtùang *walo-walo* ay ginagamit sa lalabing-animin, at naaari rin naman sa dadalawampu't apatin.

Ang talata, saknong o taludturan ay nginangalanan naman nang ayon sa bílang ng mga taludtod na bumubuo sa kaniya. Samakatwid, *apatan* kung may tig-apat na taludtod; *limahan* kung may lima; *animan*, *pituhan*, *waluhan*, at ilanan pa man alinsunod nga sa dami ng mga taludtod na taglay o bumubuo ng isang saknong, na karaniwang magkakatugma. Ang lalong palasak ay ang mga saknong na apatan.

Anupa't ang súkat ng isang tula ay maaaring mapagsiyá kaagad sa pagbanggit ng bílang ng mga pantig ng taludtod, ng mga pantig ng yugtùan at ng mga taludtod ng saknong.

Halimbawa: Isang tulang *lalabindalawahing anim-anim* na *apatan*; Ibig sabihing ang tula ay may súkat sa taludtod na tig-12 pantig, may mga yugtong tig-anim na pantig, at ang mga saknong ay tig-apat na taludtod. Ganap na halimbawa ng ganitong súkat ng tula ang *Florante at Laura* ni Francisco Baltazar, at lahat-lahat na ng mga tinatawag na "awit"; gayon din ang matatandang kundiman.

Halimbawa namang isang tulang *wawaluhing limahan*: Ibig sabihin nitóng ang tula ay may mga taludtod na tigwawalong pantig na walang yugtùan, ngunit tiglimang taludtod sa bawat saknong. Ganitong-ganito ang pagkakatula ng "pasyon." Ang karamihan, kung hindi man ang lahat ng mga tinatawag na "korido," ay tulang wawaluhing apatan, na wala pa ring yugtùan kundi tulúyan ang bása sa mga taludtod. Itong mga tulang wawaluhin ay karaniwan nang ganitong dáti na walang yugtùan o hati, dalá ng kaiklian ng taludtod. Datapwat, sa mga panulaang makabago ay may gumagawa na rin ng yugtu-yugtong tig-aapat na pantig, samakatwid, ginagawang apat-apat ang bawat taludtod na wawaluhin.

Maging sa lumang panulaan, at lalo na sa bago o kasalukuyan, ay umiiral ang mga súkat ng tulang *salítan*; alalaong bagáy may pagkakasalít-salít ng mahahabà't maiikling taludtod sa loob ng isang saknong. Walang tiyak na bílang ng taludtod sa pagsasalit: ito'y nása kalooban, o ayon sa maibigan ng manunula. Ngunit, ang karaniwang ugaling nasusunod, na siyáng maipalalagay na tuntuning panlahat, ay ito: ang mga paningit o pansalit na maiikling taludtod ay dapat maging kasingyugtúan ng mahahabàng taludtod na sinasálítán, upang huwag maging pasingkol-singkol o ulos-ulos ang himig sa pagbigkas, pagbása, o pag-awit, na siyáng nangyayari kung di-tama sa bílang (o kompas) ang mga yugto o lundo ng mga taludtod.

Anupat kung ang taludtod ay lalabindalawahing anim-anim, ang dapat maging súkat ng mga paningit ay aanimin ding pantig. Hindi labas na maganda sa bigkas at sa pakinig kung magsisingit ng wawaluhin. Kung ang taludtod ay lalabing-animing walo-walo o apat-apat, ang mga pansalit ay nararapat na wawaluhin, at maaari din namang aapatin; ngunit hindi nababagay na ang isalít ay aanimin.

Sa mga napakikiláláng “makabagong makata,” na nabibighani ng panggagaya sa “malayang tula” ng ilang banyagang panulaan, ay hindi nasusunod ang ganitong mga tuntunin ng tulang salítan, at ang madalas na nakapangyayari sa kanilá ay ang pagsásalít-salít nang walang-taros sa bílang ng mga pantig, at sa súkat ng mga taludtod at yugtúan, at pati na sa mga tugmaan.

Tungkol sa pagbílang ng mga pantig na iniaakma o itinatapat sa súkat ng mga taludtod at yugtúan, ay may mga kaluwagáng itinutulot ang wikang Tagalog sa mga manunulang ibig gumamit na maminsan-minsan ng kalayàan sa pagsulat at pananalitá. May mga salitáng sadyang napaiikli o napahahabà, napag-aangkop o napagtatambal, at napaghihiwalay—at dito ay may layàng magsamantala ang isang matalino o bihasang manunula. Datapwat, ito ay nangangailangan ng isang sadyang hiwalay na kabanata upang mailahad na lahat ang karamihan ng mga salitá ay pangungusap na maaaring paggamitan ng kalayàan sa pagtula, ukol sa súkat at gayon din sa tugma.

Ang mga bugtong, salawikain, at kasabihang karaniwan ay madalas na sumusuway sa mga talagang tuntunin ng súkat. Sa mga karaniwang dalawahang taludtod lámang na magkatugma, ay madalas na ang isa ay pipituhin at ang isa’y wawaluhin, aanimin, o ibá pa. Ang mga salawikain ay lalo nang walang-taros sa bílang ng mga pantig, bagaman ang karamihan ay dalawahang taludtod na magkatugma ring lagi, bihira ang hindi. Ang mga kasabihan ay lalo pa manding walang-taros sa tugma at sa súkat, manapa’y mga tulúyan nang talaga at di-patula.

5. Ang mga Pang-angkop sa Tugmaan

Maging ang taal na pang-angkop *-ng*, at maging ang mga malapang-angkop ‘y at ‘t, samakatwid sa mga anyong pasudlong at padaglat ng *ay* at *at*, ay hindi nakababago sa likás na tunog sa tugmaan o dulo ng mga taludtod ng mga salitâng nagtatapos sa patinig, kahit na ano ang diin o tuldik na taglay nitó. Anupa’t sa pagsusudlong ng pang-angkop o malapang-angkop, nagiging bigkas-malumay man ang malumi at bigkas-mabilis ang maragsa, datapwa’y nananatili rin ang pagkamalumi at pagkamaragsa sa ganang tugmaan.

Ang mga pang-angkop *na* at *-g* ay hindi kabilang dito, sapagkat ang una ay laging gamit lámang sa mga salitâng nagtatapos sa alinmang katinig at ang ikalawa ay nagtatapos sa katinig *n*, na maaaring sa ibá’t ibáng patinig nakapantig.

Hanguin natin sa *Florante at Laura* ang mga taludtod na sumusunod:

- A. Kinasuklaman mo ang ipinangakong
Sa iyo’y gugulin niniyak kong puso.
- B. Ipinanganganib ay bakâ mabiglang
Magtuloy mapatid hiningang mahinà.

- C. Parang walang malay hanggan sa magtago't Humilig si Pebo sa hihigang ginto.
- D. Nang dapat sabihing ako'y kumilála't Siyá'y kapatid kong kay Edipong bunga.
- E. At nang ang kamandag na nakapupuno'y Sumámang dumaloy sa agos ng dugo.

Sa unang tukól ng taludtod A-, kahit ang salitâng *ipinangako* ay nagkapang-angkop *-ng*, ay katugma rin ng *puso*, samakatwid ay kapuwa rin nabibilang sa patugmaang ikaanim.

Sa ikalawang tukól B-, ang salitâng *mabigla*, kahit nagkapang-angkop *-ng*, ay patuloy ring katugma ng mahinà; anupa't kapuwa rin nabibilang sa patugmaang ikaapat.

Sa ikatlong tukól C-, ang salitâng *magtago* na sinusundan ng dinaglat na pangatnig *at*, ay ibinibilang ding katugma ng *ginto*, pagkat di nababago ang tunog na ukol sa patugmaang ikaanim.

Sa ikaapat na tukól D-, ang salitâng *kumilála't* ay ibinibilang na tunog *kumilála* rin, samakatwid ay katugma rin ng salitâng *bunga*, at kapuwa nauukol sa unang patugmaan.

Sa ikalimang tukól E-, ang *nakapupuno'y* ay katugma rin ng *dugo*, kahit na may mala-pang-angkop 'y, sapagkat ang dalawang salitâ'y kapuwa nauukol sa patugmaang ikaanim.

Alinsunod sa mga kaugaliang ito—na maikapagsasabing batas nang talaga sa panulaang Tagalog ang pagka walang bisang bumago ng tugmaan ang anyong *-ng* ng pang-angkop, gayon din ang mga dinaglat na mala-pang-angkop na 'y at 't—ay nararapat pakalinawing ang mga buong anyong *na*, *at* at *ay* ay hindi naipandudulo ng taludtod. Ang tanging naibibigay na bisà ng mga padaglat na anyo ay ang kahulugang dapat na basáhin o bigkasin ang nagtatapos na taludtod ng tuloy-tuloy at pasagad sa taludtod

na kasunod; pagkat ang hulíng salitâ ng una at ang unang salitâ ng ikalawa ay sadyang magkapunuang-diwa, alalaong baga'y magkaugnay na di-maaring paghiwalayin o paglayuin.

6. Ang mga Hulapi sa Tugmaan

Subalit, ang mga hulapi ay tahasang nakababago ng tugma sa mga salitâng-ugat na hinuhulapian; maliban kung ang tunog ng hulapi ay talagang kaisa ng salitâng-ugat; samakatwid bagá, kung ang hulapi ay *-an*, o *-han*, *-anan* o *-inan*, at ang salitâng-ugat ay kabílang sa patugmaang ika-10, o kayâ'y kung *-in* o *-hin*, *-anin* o *-hanin* at ang salitâng-ugat ay kabílang naman sa patugmaang ika-11.

Halimbawa sa mga hulaping nakababago ng tugma:

-AN o HAN

Di-hamak nalilimutan (*limot-an*)

Ang unang pagsisintahan (*sinta-han*)

Ang salitâng-ugat na *limot* ay nabibílang sa patugmaang ikasiyam, ngunit nang mahulapian ng *-an* ay napabílang sa tugmaang ika-10.

Ang *sinta* ay sa tugmaang una, samantálang ang *sintahan* ay sa ika-10.

-IN o HIN

Ang mabuti ay purihin, (*puri-hin*)

Ang masamá'y tuligsain. (*tuligsa-in*)

Dito naman ang salitâng-ugat na *puri*, na nasá ikalawang patugmaan, ay naging sa ika-11 nang mahulapian ng *-hin*.

At ang *tuligsa* na ukol sa tugmaang ikaapat, ay naging sa ika-11 rin sa bisá ng hulaping *-in*.

Ganito rin ang súkat masabi sa mga hulaping tambalan, gaya ng kung nagiging *-anan* o *-inan*, at *-anin* o *-hanin* ang mga payak na *-an* o *-han*, at *-in* o *-hin*. Halimbawa’y ang mga pandiwang ...

paghampasanan, inuminan (salitâng-ugat: hampas, inom)
maisnin, totohanin (salitâng-ugat: mais, totoo)

Ang salitâng-ugat na *hampas*, tugmaang ikapitó, ay napása-ika-10.

Ang *inom*, tugmaang ika-12, naging ika-10.

Ang *mais*, ikatatlo, naging ika-11.

Ang *totoo*, ikaanim, naging ika-11.

Ngayon naman ay ang mga hulaping di-nakababago ng tugma, dahil sa ang mga salitâng-ugat na hinuhulapian ay kasintunog din ng nangaturang hulapi.

-AN

Buong akala ko’y tuwing pista lámang
Kung maghapunin ka sa dáting libangan.

Dito, ang salitâng-ugat na *libang*, na ukol sa tugmaang ika-10, ay nananatili sa tugmaan ding ito kahit nahulapian ng -an.

-IN

Mabuti pang ako’y huwag mong giliwin,
Nang di maragdagan yaring panimdimin.

Dito naman, ang mga salitâng-ugat na *giliw* at *panimdim*, na kapuwa bílang sa tugmaang ika-11, ay kapuwa rin hindi nag-ibáng tugma, nahulapian man ng -in, pagkat ito ay kasintunog din nilá.

Hindi saklaw ng tuntuning ito ang mga hulaping *-han* at *-hin*, sapagkat palibhasa’y mga salitâng malumay at mabilis lámang

na nagtatapos sa patinig ang nasusudlungan ng mga tinurang hulapi, kayâ sadyang di-maaaring magkasintunog o magkatugma ang walang hulapi at ang mayroon.

7. Ang mga Kataga sa Tugmaan

Ang mga kataga, na karaniwa'y mga salitâ ring iisahin lámang pantig, at ang likás na tungkulin ng karamihan ay umuna sa salitâng tinutukoy o sinasamáhan, ay hindi maaaring maging panghulíng salitâ ng alinmang taludtod o yugto, alalaong bagá'y di maibibitin maging sa tugmaan at maging sa yugtúan; maliban ang ilang tinatangap na taliwas sa kaugalian.

Subalit ang mga katagang likás na panghulí, o ang mga naiuuna't naihuhulí sa sinasamáhang salitâ, ay nangaaring malagay sa tugmaan at sa yugtúan. Sa mga katagang may likás na tungkuling manguna, ay nabibilang ang mga pantukoy, pang-ukol, at ilang uri ng pangatnig at pang-abay, gaya nitóng sumusunod:

Pantukoy: *si, ni, kay; sina, nina, kina; ang, ng, sa; ang mga, ng mga, sa mga.*

Pang-ukol: *tungkol, bagay, hinggil, ayon, alinsunod, laban sa o kay; pati ang sa may.*

Pang-abay: *di, ga, nang, mana'y, bakâ, kaysa*

Pangatnig: *at, ay, o, ni, kung, pag, bagkus, maging, nang, para, upang, sa halip ng, atbp.*

Ang mga panlapi, maging alin pa man, sa ganang sari-sarili nilá, at sampon ng mga panlaping banghaying isinusúlat nang hiwalay sa salitâng-ugat, gaya ng *maging, nása, magsa*, at ilan pang kauri, ay hindi rin nagagamit sa tugmaan, bílang panghulíng salitâ ng taludtod.

Subalit, sa mga pantukoy, ang paarí o palayong *ng* ay naaaring ipanghulíng kataga sa mga yugtúang *apat-apat*, ayon sa napagkakaugalian na; bagaman hindi dapat gamítin sa mga yugtúang panggitna o panghati ng taludtod. Ang karampatang

bigkas o bása sa ganitong paggamit ng *ng* sa mga di-panggitnang yugtúan, ay tuluy-tuloy at di na iniyuyugto pa.

Bílang panlahat na pasubali sa mga katagang nabanggit sa itaas, o parirala kayâ, sampon ng alinmang panlapi, ay naaaring magámit na para-para sa tugmaan, samakatwid ay maipanghuhulí sa mga taludtod at yugtúan, kapag gumaganap ng pagka-pangngalan, o kayâ'y kung sinasadya ang paghuhulí sa taludtod na may bantas na tutuldok o tuldo-tuldok, bílang tanda na may kasunod na salita o pangungusap na pasipî. Gaya ng sumusunod na mga halimbawa:

Isang Arkimedes yaong nagsabi *ng*:
'Bigyan ninyo ako ng isang katangan,
At gagalawin ko ang sandaigdig man.'

—————
Kung ang ngalang-tao ay pang-isa lámang,
Gámit na pantukoy ay ang *si, ni* at *kay*;
At kung pangmarami naman ang pangngalan,
Sina, nina, kina, siyáng kagamitán.

May ilang makata rin naman, isa na'y ang nasirang Patricio Mariano, na gumagámit sa mga tugmaan ng mga kataga, kung ang agos ng pananalitâ buhat sa hulíng yugto ng isang taludtod ay patuloy sa kasunod hanggang mabuo ang diwa o kaisipan ng pangungusap. Subalit ang ganito'y hindi maibibílang sa mabubuting kaugalian sa pagtula, ni di rin súkat maibílang sa mga kalayàan ng manunulang Tagalog. Malamáng na ito'y gagad sa mga panulaang banyaga.

Sa mga katagang likás o karaniwang naipanghuhulí sa salitang sinasamáhan, ay nabibílang ang mga iisahing pantig na sumusunod:

Panghalip: *ka, ko, mo.*
Pang-abay: *ba, na, pa, nga, din, po, ho, man, ha?*
Pangatnig: *daw, man, kuno.*
Pandamdám: *ab!, ay!, eh!, ob!, oy!, bab!, sus!*

Maihalimbawa ang mga tulang sumusunod:

Hinahanap ka *pa*
Kahit wala ka *na*,
Tila kung gayon *ba*
Ay magbabalik *ka*.

Huwag mong galawin ang ginagawa *ko*!
Di ko ginagalaw ang ginagawa *mo*.

Ang mga pandamdang na iisahing pantig, kagaya ng ilang naitalâ sa itaas, sa sukátan ng tula, ay karaniwang lumalabas na dalawang pantig sa hulí ng taludtod o tugmaan. Gaya ng súkat mapansin sa mga sumusunod na halimbawa:

Tigil aking *Musa't* kusa kang lumagay
Sa yapak ni Selya't dalhin yaring *ay!*

Dito ang *ay!* ni Balagtas ay bílang dalawang pantig:

Paniwalaan mong
Ang gálit mo't tampo
Sa akin ay *ob!*
Ikamamatay ko.

Ang *ob!* sa hulí ng ikatlong taludtod ay bílang dalawang pantig, kayâ dapat na may-kahabaan ang bigkas sa karaniwan.

Ganito rin ang nangyayari at nakaugalian na sa pagsúkat sa taludtod, kung ang panghulí ay ngalan o tawag sa alinmang titik ng abakada:

Ikaw na bulaklak niring dilidili,
Selyang sagisag mo'y ang M.A.R. — (Eme - A - Ere),
Sa Birheng Mag-ina'y ipamintakasi
Ang tapat mong lingkod na si F. B. — (Efe - Be).

Ang mga titik na M. A. R. ay tama sa súkat, kung ang baybay ay ayon sa palabaybayang Español; ngunit ang F. B. ay kulang sa ng isang pantig, kayâ ang B ay pinalalabas na Bee o Bebe ni Balagtas, upang mahusto ring anim na pantig ang hulíng yugto.

8. Mga Kabawalán sa Pagtula

Ang mga bagay na ibinabawal, alalaong bagáy hindi tinatanggap sa tulang Tagalog, ay nauukol sa tugma at sa súkat. Hinggil sa mga kabawalan sa tugma ay naririto ang ilan:

- A. Ang mga yugtúan ay di-dapat makasintunog ng tugmaan; samakatwid bagáy ang hulíng salitâ ng yugto at ang hulíng salitâ ng taludtod ay pinag-iingatang huwag magkasintunog o magkatugma. Gaya, halimbawa, sa sumusunod na tulang lalabindalawahing anim-anim at lalabingwaluhing anim-anim din:

Walang kagamutan/ akong nalalaman
Na may kabisaang/ bumuhay ng patay.

Mataas na langit, /ang pagkakasumpa ko'y/ huwag
ikagálit
Sapagka't wala na/ akong ipagtiis/ sa kanyang pasakit.

Sa lalabindalawahing unang halimbawa, ang pangyugtong salitâng *kagamutan* ay kasintunog ng panugmang *nalaláman*, sa unang taludtod. Sa ikalawang taludtod ay gayon din ang mga salitâng *kabisaang* at *patay*. Ang apat na salitâ'y para-parang nabibilang sa tugmaang ika-10. Kayâ lumalabas tuloy na aanimin at di-lalabindalawahin ang súkat ng tula.

Sa lalabingwaluhing ikalawang halimbawa, ang unang yugtong *mataas na langit* at ang hulíng yugtong *huwag ikagálit* ng unang taludtod, at sakâ ang ikalawang yugtong *akong-ipagtiis* at ang ikatlo o panghulíng sa *kaniyang pasakit* ng ikalawang taludtod, ay pawang nabibilang sa tugmang ikawalo, na siyáng talagang

tugma ng tula. Ang ganitong pagkakasintunugan ng mga yugtuan at tugmaan ay tunay na nakabibingaw ng tainga at nakalilito sa ibig sumuri ng kung ano ang tugma at ano ang súkat ng tinurang tula, gayong lalabingwaluhin anim-anim na talaga.

Alalahanin ang ating nasabi na tungkol sa mga pang-angkop at malapang-angkop na di nakababago sa tugmaan ng likás na tunog ng mga salitang inaangkupan, at ito'y lubusan ding nasusunod sa mga yugtuan man. Gaya ng súkat mapansin sa pangalawang taludtod ng unang halimbawa, na ang pangyugtong *kabisaang*, may pang-angkop ay nananatili rin sa tunog ng *kabisaan*, walang pang-angkop, na ukol sa tugmang ika-10.

Bihira sa mga dalubhasang makata ang di gumagalang sa tuntuning ito. Sa buong *Florante at Laura* ay walang makikitang isa mang paglabag na ginawa ang Dakilang Makata ng Lahi. At sakali mang may mga dalubhasang mangisa-ngisa na nakakalabag, ay marahil sa mga pagkalingat na lámang, o nangyayari sa mga madaliang pagtula.

Ang tuntuning ito sa pagbabawal ay dapat igalang ng lahat ng mabuting manunulang Tagalog, sapagkat nababatay naman sa isang matuwid na simulain, mabuting kaugalian, at wastong layunin ng sining sa pagtula. Hangga't magagawang kawili-wili at di-maulit ni kabagot-bagot sa pakinig ang himig ng tula, ay lalong magaling.

Gayon pa man, may ilang kakahintulatang mapaparaan sa paglabag sa kabawalang ito, na gaya sa mga sumusunod:

Kung ang pangungusap ay isang salawikaing buo o isang palasak na kasabihan, na sa habà ay di-magkasiyá sa loob ng isang yugto kundi ng isang buong taludtod. Karaniwan itong nangyayari sa pagbanggit o pagsipi ng nangasabing salawikain o kasabihan. Mga hal.:

Sa búhay *alamang/* na paglukso'y *patay*
Ay napapatulad itong aming búhay.

Kung may mga *kamatayan*/ na lalo pang
 bumubuhay,
May mga *kabuhayan*/ na madaling *pumapatay*.

Danga'y di mo nababatid/ ang malaking kaibahan
Ng buti ng *kalayaan*/ sa samâ ng *kalayawan*.

Sa unang halimbawa, na tulang lalabindalawahing anim-anim, ang kasabihang 'búhay-alamang, paglukso'y patay,' dito'y buong sinisipi o binabanggit ng maytula; ngunit mapapansing ang pangyugtong salitang *alamang* ay katugma ng panghulíng salitang *patay* ng tinurang taludtod.

Sa ikalawang halimbawa, na lalabing-animing walo-walo, ay nagtatanghal ang makata ng isang paglalaro sa diwa at kahulugan ng mga salitang "búhay" at "kamatayan"; datapwat súkat mapunang sa dalawang taludtod, ang bawat yugtuan ay kasintunog ng tugmaan. Ang mga salitang ito'y *kamatayan*, *bumubuhay*, at *kabuhayan*, *pumapatay*— na para-parang nabibílang sa tugmang ika-10. Kung ganito ang pagkapulos, ang súkat ng tula ay halos nagiging wawaluhin na, at di-lalabing-animin pa, bagaman ito ang talagang súkat.

Sa ikatlong halimbawa, na lalabing-animin din, nguni'y apat-apat naman, ang maytula ay nagpaparangalan din ng salungatang-diwa ng mga salitang "kalayaan" at "kalayawan," na sa hulíng taludtod ay ginámit na panggitnang yugto at panugma, gayong kapuwa nauukol sa tugmaang ika-10.

Ang ganitong uri ng paglabag ay napahihintulutan, yayamang ang ganda't taas ng diwa ng pananalitâ, ay namamaibabaw sa karaniwang anyo at hamak na katuturan ng mga salitâ.

Sa mga tulang ang yugtuan ay apat-apat, lalo't sa mahahabang taludtod— gaya ng lalabing-animin, dadalawampung apatin— naaari rin namang maminsan-minsang makagámit ng pangyugtong salitâ na kasintunog ng tugmaan o ng hulíng salitâ ng taludtod; datapwat ang pahintulot na ito ay hindi sumasaklaw

sa mga yugtùang panghati o panggitna ng taludtod, kundi sa mga ibáng yugtùan. Mga hal.:

Kayâ ako'y/ nangingilag,// ako'y tíla/ nahihya . . .

Bakâ kayâ/ ang dahilan// ng lumbay mo'y/ ako na *nga*.

Kung umaga/ ang diwa mo'y// paliguan/ ng liwayway,

Kung tanghali'y/ palikui't// palanghapin/ ng amihan.

Mahigit *nang*/ sandantaon/ ang naliling// naglipasan/ sapul noong/ tumula *ka*.

Ang diwa mo'y/ sariwa rin,/ masamyo rin// ang puso mo't/ ang dangal mo/ ay buháy pa.

Sa pawirin/ ng pangarap/ ay dinama// ng diwa mo/ ang langit ng/ kabuhayan,

Sinamba mo't/ nilwalhati/ ang pagsinta// ng babaeng/ *kasalana't/ kabanalan*.

Sa unang halimbawa, na tulang lalabing-animing apat-apat, ang salitâng *kayâ* ng pang-unang yugto at ang katagang *nga* sa hulí ng pangalawang taludtod, ay magsintunog at kapuwa nabibílang sa tugmaang ikaapat.

Sa ikalawang halimbawa, na may gayon ding súkat ng yugtùan at ng taludtod, ang salitâng *paliguan* ng pangatlong yugto at ang salitâng *liwayway* na panghulí ng unang taludtod, ay magkasintunog din at kapuwa nabibílang sa tugmaang ika-10.

Sa ikatlo namang halimbawa, na dadalawampu't apating apat-apat, ang mga katagang *na*(ng) at *ka* ng una't hulí o ikaanim na yugto ng unang taludtod, ay kapuwa nabibílang sa tugmaang una (1).

At sa ikaapat na halimbawa, na may gaya rin ng sinusundang mga súkat ng yugto at taludtod, ay nagkakatugma naman ang dalawang salitâng *kasalana't kabanalan* sa hulihán

ng pangalawang taludtod, na magkasunod na yugto at kapuwa nabibilang sa tugmaang ika-10.

Ang tuntuning nagbabawal ay naaaring taliwasin sa mga paraang nakikita sa apat na halimbawang kalalahad pa, alang-alang sa ang kahabàan ng mga taludtod, ang karamihan ng mga yugto at ang pagkakatayo-layo ng mga yugtùang magkakasintunog ay nakapapawi ng kaulawán ng pakinig, na siyáng umuukilkil sa tainga kung sunod-sunod at paulit-ulit ang mga yugto ng pananalitâng sa kabi-kabilâ'y nagkakatugmaan.

- B. Di-dapat gumamit sa buong taludtod, iisa man ito o ilang magkakasunod, ng mga salitâng pulos na nagtataglay o binibigkas sa iisang uri o tunog ng patinig, na ang lalong karaniwa'y *a*: sapagkat isa pa rin itong pananalitâng kaúlaw-úlaw at kabagot-bagot sa pakinig. Halimbawa'y ang sumusunod:

Dangan ka ba nama'y/ ayaw kang pasaway
Sa gaslaw ng asal/ na dalá saanman.

Walang kamatayang/ napaglalaman,
Kapag talaga nang/ takda ng Maykapal.

Totoong-totoong/ doon naroroon
Yaong katoto't/ pinopoon-poon.

Kung sa bagay, ang mga salitâng Tagalog ay talaga namang likás na ma-*a*; datapatw hindi dahil dito ay pupulusin nang *a* ang buong taludtod, na tíla bagá kapos na kapos na ang wikang Tagalog sa mga salitâng may ibá-ibáng patinig at tunog.

Ganito rin ang súkat masabi sa masagwang paggámit ng mga salitâng ma-*i* at ma-*o*, bagaman alinman dito ay hindi makatutulad sa karamihan at kapalasakan ng mga salitâng ma-*a*.

- C. Ang mga salitâng tambalang ganap, palibhasa'y bílang isang salitâ na lámang ang kabuuan, na may katuturan nang ibá at sarili,

ay hindi nahahati o napaghihiwalay maging sa yugtuan, at lalo na sa tugmaan, sapagkat hindi mabuting dinggin ang putol-putol o pakala-kalahating bigkas ng mga salitang may isa nang buong kahulugan. Anupa't hindi maaaring gawin ang ganito:

Sa hirap ng *hanap/buhay* dito ngayon
Marami nang *hampas/lupa't* pataygutom.

Araw-araw halos, may uwi kang *basag/*
Ulo sa tahanan at mga bagabag.

Bagaman ang mga malatambalang salita ay iniaatas na gitlingan dahil sa di-nababago ang sari-sariling katuturan ng pinagtatambal na dalawang salita, at ang kabuuan ay gumaganap na ng ibang tungkulin sa pangungusap—karaniwa'y pang-uri o pang-abay—subalit hindi rin mabuting hatiin o paghiwalayin sa yugtuan at sa tugmaan, kagaya rin naman ng mga tambalang ganap. Hindi rin maaari ang ganito:

Bigas na pinawa ang pinakakanin,
Matabsing na *tubig-/alat* ang inumin.

Ang handog ko'y *taos-/pusong* pasalamat
Sa mga pagtulong na aking natanggap.

Pinanonood ko habang *lumubog-/*
Lumitaw na bangka sa maalong laot,
Ay parang bayaning nakikipaghamok
Hanggang yaong takip/silim ay manaog.

At nanalís *gabí-/gabí* sa tahanan,
Bukod pa ang *araw-/araw* sa sugalan.

Ang paghahati sa mga salitang tambalan at mala-tambalang tumatama sa mga yugtuan at tugmaan, ay di lámang may-kabigatang bigkasin ng dila at kapangitan sa pakinig, kundi tunay na katawá-tawá pa.

Halos ganito rin ang masasabi sa mga pariralang binubuo ng mga kataga't salitang walang diwang sarili, kayâ di-maaring paghiwa-hiwalayin, maging sa yugtuan at lalo na sa tugmaan. Anupa't ipagkakasala ito ang mga paghahating sumusunod:

Nagbigay sa *halip*/ ng hinihingi ko,
Ay ng malaon *na/ raw* hinihingi mo.

Kung gayon nga/ palá'y dapat/ kong hintayin/ sa
panahon
Ang *ano pa/ mang* parusang/ sa *akin ay/ maging* hatol.

Sa unang halimbawang lalabindalawahing anim-anim, ay nahahati ang pariralang *sa halip ng* at ang *malaon na raw*. Sa ikalawang halimbawa, na isang tulang lalabing-animing apat-apat, ay nagkakawatak-watak sa mga yugtuan ang mga pariralang *kung gayon nga palá'y, dapat kong, ano pa mang* at *sa akin ay maging*.

Sa pagbibigkas ay naaaring mapagtakpan ang ganitong mga pagkakawatak-watak ng mga salitang katagang bumubuo ng mga parirala, kung gagawing tuloy-tuloy ang pananalitâ, at hindi susundin ang nakaugalian na ng marami na payugto-yugtong pagbigkas at pahinga-hinga sa tugmaan. Datapwat, maging tuluyan man ang pagbasa o pagbigkas ay talagang di-narapat at di-maganda ang ganiyang walang-taros na pananalitâ at pagsukat sa mga yugto ng bawat taludtod.

D. Sa tugmaan ng mga taludtod na bumubuo ng isang saknong, ay di-naaaring maulit ang isang salitang-ugat o payak kahit na may unlaping anumang uri, alalaong bagâ, kung ang mga titik ng tinurang salitang-ugat o payak ay siyâ ring natitirang panugma ng taludtod. Gaya ng makikita sa halimbawang sumusunod:

Sa lagay na ito'y isang-isa *lámang*
Ang bagay na aking di-naaisipan;
Aba, hindi palá! maging ito pa ma'y

Naisip ko na rin nang di minsan *lámang*.

Dinalaw ko *araw-araw*
Hábang nása pagamutan;
Walang gabí, walang *araw*
Na di siyáng tanging lamán
Ng puso kong laging lumbay.

Ginawa lahat ng *buti*
Sa laláki ng babae
Ngunit di rin *napabuti*
Ang lagalag na laláki.

Sa unang saknong, ang salitâng *lámang* ay makalawang nagámit sa tugmaan. Ito'y hindi maaari. Kailangang palitán ng ibáng salitâ ang isa na katugma rin. Halimbawa, ang hulíng yugto ng ikaapat na taludtod ay magagawang ganito: *nang hindi miminsan* o *nang di-lámang minsan*.

Sa ikalawang saknong, bagaman ang salitâng *araw* ay inulit sa unang taludtod at payak sa ikatlo, ngunit hindi rin nababagay paraanin, sapagkat bukod sa iisa ang salitâng-ugat, ay magkapuwa pa pang-abay na pamanahon ang pagkagámit sa pangungusap. Upang maiwasan ang paglabag sa tugmaan, ay maaaring palitán ang unang taludtod ng ganitong ayos ng mga salitâ: *araw-araw kong dinalaw*.

Sa ikatlong halimbawa, nauulit naman sa tugmaan ang salitâng-ugat na *buti*. Kahit na ang isa ay may unlaping *napa-*, hindi rin tinatanggap ito sa tulang Tagalog. Upang maiwasan ang ganitong paglabag, maaari nang palitán ang alinman sa dalawa ng salitâng *igi*. Anupa't masasabi nang: *Ginawa lahat ng igi*, o *kayâ'y nguni't di rin napaigi*.

Ang kagandahan ng tula ay humihingi ng ganitong paghihigpit, sapagkat maaari namang maiwasan, yamang ang wika ay likás na mayaman sa mga salitâng magsisintunog, at pananalitâng magkakasindiwa at magsisingkahulugan.

Subalit hindi nasasaklaw ng kabawalan ang mga pagkaulit na ayon sa mga katangian at paraang sumusunod:

Kapag ang isa sa salitâng-ugat na naulit ay mayroon nang gitlapi, o kasintunog na hulapi:

Mata'y mang ang anak ay *papagsaingin*
Wala namang bigas na *maisasaing*;
Nang magkabigas pa at ito'y lutuin,
Nawala ang palyok, patí ang *sinaing*

Natatákot ang *mayamang*
Mawalan ng *kayamanan*;
Nalulungkot ang *marangal*,
Mahubdan ng *karangalan*;
At ang dukha'y galak namang
Matubos sa karukhaan.

Kayhigpit mo kung *maningil*,
Kaykumat mo kung *singilin*.
Di-marapat na *giliwin*
Ang di-marunong *gumiliw*.
Kailanman ang *di-akin*
Di ko ibig na *angkinin*.

Kapag ang salitâng naulit sa tugmaan, payak man o maylapi, ay magkaibá na ng bigkas, ng tungkulin, at patí na ng katuturan kahit na magkaisang diwa. Mga hal.:

Ang puri mo, oh Babae,
Ay mahalín kaysa *búhay*,
Ang babaeng walang puri,
Patay na rin kahit *buháy*.

Sa mga batà'y *di-nababagay*
Ipakíta o iparinig man
Ang mahahalay na mga *bagay*,
Nang di mamulat sa kahalayan.

Samahán mang *magkapatid*
Na may buklod na mahigpit,
Madalas ding *napapatid*,
Pag pinasok na ng inggit.

Maaari bagáng hindi ko *malámang*
Kayóng gumagawa ay magkasabwatan?
Tuwing maglalapa, kayó ang *malamáng*,
At sa paghahati, lahat ng *malamáng*
Panig ay sa inyo, aki’y buto *lámang*!

Sa halimbawang unang saknong, ang dalawang salitâng-ugat na *búhay*, ay magkaibáng tungkulin sa pangungusap: ang una’y pangngalan at bigkas-malumay, ang ikalawa’y pang-uri at bigkas-mabilis naman.

Sa ikalawang halimbawa, ang mga salitâng *di-nababagay* at *bagay*, ay di lámang magkaibáng-anyo, isa’y payak at isa’y maylapi, kundi magkaibá pa ng tungkulin, isa’y pandiwa at isa’y pangngalan, bukod pa sa di-magsingkahulugan at diwa, kahit ang kapuwa ugat ay *bagay*.

Sa ikatlo, ang mga salitâng *magkapatid* at *napapatid*, kung bagaman may iisang diwa at salitâng-ugat, *patid*, ngunit di lámang magkaibáng-anyo at tungkulin, isa’y pang-uri at isa’y pandiwa, kundi magkalayô pa ng kahulugan.

At sa ikaapat, ang ibáhang-anyo at diin o bigkas ng mga salitâng *lámang* at *malamáng*, ay nagpapakilála ng pagkakaibá-ibá ng tungkulin, diwa, at katuturan. Ang sa unang tugmaan, *malámang*, ay bigkas mariing-malumay, at binubuo ng salitâng-ugat na “*alam*,” ng kabilaang panlaping *ma-an* at ng pang-angkop -g, sakâ anyong di-karaniwang may-kaltas, samakatwid, ang “*ma-alam-an*” ay naging “*malámang*”: ang kahulugan ay mabatid, matanto, matalastas. Ang sa ikatlong tugmaan, *malamáng*, na bigkas mabilis, ay binubuo ng salitâng-ugat na “*lamáng*” at ng unlaping *ma-*: kahulugan, mahigit, nakalalabis. Ang sa ikaapat na tugmaan, *malamáng*, na bigkas mabilis din, ay binubuo naman ng salitâng-ugat na “*lamán*” at

ng unlaping *ma-*, sakâ ng pang-angkop *-g*: kahulugan, maraming lamán, at di- mabuto. At ang salitang *lámang* sa hulíng taludtod, ay isang payak na pang-abay na panggaano.

Isa sa mga kadahilanan kung bakit ang ganitong mga pagkakaulit ng anyo ng mga salitang-ugat sa mga tugmaan ng isang saknong ng tula, ay ang, sa halip na makapangit sa tula at makabingaw sa pakinig, ay bagkus pang nakalulugod at nakapagpapakilála ng kadalubhasaan sa wikang Tagalog ng manunula, palibhasa’y hindi birong-gawa ang kumíta o kumapâ-kapâ ng gangganitong mga salitang magkakasing-ugat man, ay napag-iibá-ibá namang anyo, tungkulin, diwa, at katuturan sa pamamagitan ng mga panlapi o tuldik. Ito’y hindi nangangahulugan ng pagkadahop sa wika, kundi ng kakayahán at talino sa pananalitâ.

9. Mga Kaluwagán at Kalayàan sa Pagtula

Sa mga batas ng wika at sa mga tuntunin ng wastong pagsúlat ng mga salitâ, gayon din sa sayusayan ng mga pangungusap, ay may ilang uri ng paglabag o pagtaliwas, na kung minsa’y naipahihintulot sa mga makata nang tunay. Ang mga paglabag na ito ay karaniwang nagagawa sa kahingian ng súkat ng mga taludtod at yugtùn, at kung minsa’y sa pakikibagay sa mga tugmaan.

Upang makasunod sa mga nasabing batas at tuntunin ng súkat, madalas na nakakailangan ang magpaikli o magpahabâ ng mga salitâ sa pamamagitan ng pagbabawas o pagdaragdag ng mga pantig, o sa pagsasaliwa ng ayos ng mga pangungusap.

Datapwat dapat malámang ang pinakabatayan sa ganitong mga pagbabago sa likás na anyo ng mga kataga, salitâ, parirala, at sugnay ay ang karaniwang bigkas sa mga karaniwang pananalitâ, at sakâ ang simulaing “mabago man ang anyo ay di naman nag-iibá ng katuturan at tungkulin ang alinman sa kanilâ.”

Ayon dito’y makikipil sa dalawang paraan lámang ang mga kaluwagan sa pagtula, o ang kalayàan ng manunula sa pagsamantala sa ganitong mga pahintulot—pagpapaikli at pagpapahabà.

Mga Paraan ng Pagpapaikli

Sa pagpapaikli ng mga kataga, salità, parirala at sugnay ay nabibílang ang mga paraang sumusunod:

- A. Pagdaglat ng anyo ng mga malapang-angkop na *at* at *ay*, alalaong bagá’y ginagawa na lámang ‘*t*’ at ‘*y*’. Sa ganito’y nakapagbabawas ng isang patinig, ang *a*, na ang kinauuwia’y pagkabawas ng isang pantig sa yugto o sa taludtod. Hal.:

Kung ikaw *ay* mayroon at ako *ay* wala, matiis mo kayâ?
Kung ikaw’y mayroo’t ako’y wala, matiis mo kayâ?

Tatlong pantig ang nabawas sa ikalawang taludtod.

- B. Pagbabawas ng isa sa dalawang patinig na ulit sa loob ng isang salità, at dito’y isang pantig din ang nababawas:

gano, pano, mano, magkano, alala, maláman, ganon, sa halip na *gaano, paano, maano, magkaano, alaala, maalamán, ganoon*;

mayron o meron, kamayrunan, parunan, katotohanan, sa halip ng *mayroon, kamayroonan, paroonan, katotoohanán*,

nahan, nasán o *sanaron*, sa halip na *saan naroon* o *naroroon*.

Kabílang na rito ang mga tambalang salitâng may ulit ding patinig, gaya ng:

dantaon, dambakal, dampalit, bunghalit, pambundok, sa halip na *daang-taon, daang-bakal, daang-paliit, buong-halit, paa ng bundok*.

- C. Paggámit ng padaglat na anyo at pabiglang bigkas ng mga salitâ, na karaniwa'y nagkakauring pabalbal na pananalitâ; gaya ng:

te-na o tay-na, ka-ko, se-nga o he-nga, ka-na, sa halip ng táyo na, wika ko, siyanga, akin na.

- D. Pag-aalis o pagkaltas ng patinig *i* o kayâ'y *u* sa loob ng mga salitâng nagtataglay nitó sa pagkapantig na tambal-una, na kung maalís na ay nahahati ang dalawang katinig at naiiwan sa magkabilâng patinig, anupa't nagiging kabilaang pantig na ang una, gaya ng:

kanya, kani-kanya o kanya-kanya, pasya o kapasyahan, magkasya, adyos, matyaga, sa halip ng kaniya, pasiya, magkasiya, adiyos, matiyaga;

matwid, katwiran, malwalhati, kalwalhatian, kapwa, dapwa, datapwa, kunwari, kalulwa, samakatwid, mabway, sa halip ng matuwid, katuwiran, samakatwid, maluwalhati, kaluwalhatian, kapuwa, dapuwa, datapuwa, kunuwari, kaluluwa, mabuway.

- Kapag ang patinig *i* o *u* na ibig bawasin, ay nása unang pantig na tambal-una ng salitâng pinaiikli, ang pagbabawas ay nagagawa sa pamamagitan ng kudlit sa inalisang lunán ng patinig, gaya ng:

t'yaga, s'ya, b'yaya, k'yawa, uns'yami, b'yanan, p'yano, b'yolin, d'yosa, d'yablo, d'yanitor, d'yeneresyon, sa halip ng tiyaga, siya, biyaya, kiyawa o kayawa, unsiyami, biyanan, piyano, biyolin, diyosa, diyablo, diyanitor (janitor), diyeneresyon (generation).

l'walhati, b'wag, t'wa, b'waya, k'wento, p'westo, k'wintas, k'wago, sa halip ng luwalhati, huwag, tuwa, kuwento, puwesto, kuwintas, kuwago.

- E. Pagpapalit ng katinig *y* sa patinig *i*, na sa ganito'y nababawasan din ang salitâ ng isang pantig, gaya ng;

Kaylan, kaypalâ, kaylangan, baywang, baytang, taynga, peyneta, saynete, sa halip ng kailan, kaipala, kailangan, baiwang, baitang, tainga, peineta, sainete.

- F. Pagpapalit ng patinig *o* sa magkasunod o kambal-patinig na *au*, o kayâ'y ng katinig *w* sa patinig na *u*, gaya ng:

Kontî, solî o sawlî, oto o awto, tsuper o tsawper, sa halip ng kaunti, sauli, auto, chauffeur.

- G. Pagbabawas ng isang buong pantig sa salitâ; gaya ng:

lang, di, pagkat, sang-araw, sanlinggo, sambuwan, santaon, sambakol, sangdangkal, sa halip ng lámang, hindi, sapagkat, isang araw, isang linggo, isang buwan, isang taon, isang bakol, isang dangkal.

pálakasán o kálakasán, padalá, pakuha, at ibá pang kauri, sa halip na pakálakasán, magpadalá, magpakuha, atbp.

- H. Pagbabawas ng isang patinig sa pagitan ng kataga't salitâ, na karaniwa'y pantukoy na paukol at panghalip na paarí, gaya ng:

sa'kin, sa'yo, sa'min, an'yon o ano 'yon, sa halip ng sa akin, sa iyo, sa amin, ano iyon.

- I. Pagpapalít ng pang-angkop -ng sa pantukoy *ang* sa ilang anyo ng panghalip na pamatlig at pananong, gaya ng:

sino'ng, ano'ng, ito'ng, sa halip ng sino ang, ano ang, ito ang.

- J. Paggámit ng mga di-karaniwang anyo ng pangngalan o pandiwa, sa halip ng mga anyong karaniwang mahahabà, gaya ng:

Pandiwa:

hubdan, putlin, tubsin, tupdin, pagbukdin-bukdin, aptan, hagkan, talban, malís o nalís, muha o nuha, at iba pang mga kauri, sa halip ng hubaran, putulin, tubusin, pagbukud-bukurin, atipan, halikan, talabán, umalis, kumuha, atbp.

Pangngalan:

kasarinlan, kalamnan, kabihasan, panagimpan, kaalman, atbp, sa halip ng kasarilinan, kalamanan, kabihasaan, panaginipan, kaalaman, atbp.

- K. Pag-aalis ng pantukoy na palagyong *ang*, o ng pangatnig *ay* sa mga ngalang-bagay o pandiwang nása unahán ng isang taludtod o ng isang yugtùan ng tula, gaya sa:

(*ang*) kaliluha't samâ'y siyang naghahari;

(*ang*) táong natutulog, (*ay*) di-dapat gisinging bigla

(*ang*) mga nakikinig, (*ay*) inábot ng yamót.

Sa pag-aalis ng malapandiwang *ay* sa unahán ng panaguri o ng pandiwang kaugnay ng simuno sa pagitan ng mga yugto, gayon din sa pagitan ng taludtod at taludtod, ang lalong mabuti ay lagyan ng kuwit ang salitang sinusundan ng inalis na *ay*, at ang ganito'y humihingi sa pagbása o ng pagtatalumpati ng banayad na pagbibigkas o madálang na pananalita.

10. Mga Pasubali

Bílang panlahat na pasubali sa mga kaluwagán at kalayàang itong naipahihintulot o naipagpapaumanhin sa manunula, ay ipinagugunita ang mga sumusunod:

- L. Kailanma'y di-dapat magmasagwâ ang manunula sa paggámit ng ganitong mga kalayàan, alalaong bagá'y huwag magpakahirati o gumawa na nitó nang palagian.
- M. Sa tuwi-tuwi na'y anyong likás at karaniwan ng mga salitâ, kataga, at parirala ang lalong nararapat at magandang gamítin; at ang mga pagsira sa kalikasán at pagsinsay sa karaniwan ay dapat gawin nang manaka-naka lámang.
- N. Sa maminsan-minsan pa mang ito, ay dapat sikapin ng manunula na ang pagtaliwas niyang ginagawa ay huwag makapangit sa tula kundi bagkus makapagpaganda pang lalo sa pagsasaysay na patula.
- O. Sa mga baguhan sa pagtula ay di-bagay at may-kaalanganán ang paggámit ng ganitong mga kalayàan. Kayâ gayon ay sapagkat sa likás na kayamanan ng Wikang Tagalog, sa kasaganaan ng mga salitang pantula at sa kagáanán ng mga pananalinghaga, ang talagang dalubhasa't mabuting makata ay dili ang hindi makakakíta ng wastong paraan at ng mga ayók na sangkap upang ang talagang tuntunin sa pagtula at ang katutubong kayamanan at kagandahan ng pananagalog, ay huwag malabag at masira nang gayon-gayon lámang. Samantálang sa mga baguhan o aralán pa, ay malamáng na maipalagáy ang pagtaliwas nilá na sanhi sa pagkagipit lámang, o bunga ng sadyang pagkadahop sa talatinigang ginagámit. Subalit sa mga talagang makata o dalubhasa na sa pagtula, ay di-maikakapit ang ganiyang palagay, bagkus pang masasabing ang kaniláng pagtaliwas sa kalikasán at sa karaniwang súlat at bigkas, ay pagpapakilála pa nga ng taglay na kapangyarihan sa wika, at ng kasanayán sa mga tuntunin at kataliwasán ng magandang pananalita, at ng tumpak na kalayàan sa pagtula.
- P. Sa mga tulang pang-awit o kantahin, sa mga salitang pandula, at sa mga palagayang-loob na pananalitâ, diyan lámang naaaring paggamítin ang mga nabanggit na kaluwagan at kalayàang itinutulot sa mga makata.

Mga Paraan sa Pagpapahabà

Sa pagpapahabà naman o pagdaragdag ng mga pantig ng salitâ, ayon sa pangangailangan ng súkat ng taludtod at yugtuan, may ilan ding kaparaanang nagagámit ang manunula, upang siyá'y makaluwag sa pagkagipit o magaanan sa paghahanap ng mga salitang pamalit sa mga kulang sa súkat o alangan sa tugmaan. Dito'y maibibílang ang mga sumusunod:

- A. Ilang mga salitang-ugat o payak na basal ay napapalitan ng mga hangong basal din, karamiha'y may kabilaang-laping *ka-an* o *han*, o kayâ'y may unlaping pagka-. Halimbawa:

Sa *ganda*, kagandahan, pagkamaganda;
gipit, kagípitan, pagkagipit;
likot, kalikután, pagkamalikót;
búhay, kabuhayan, pagkabúhay;
sira, kasiraan, pagkasirâ;
lupit, kalúpitán, pagkamalupít;
tákot, katakutan, pagkatákot

Dito'y nagiging apat o lima pa ang dadalawahing pantig lámang na mga salitang-ugat.

- B. Ilang anyo ng pang-uri ang kung dagdagan ng unlaping *ma-salitang-ugat* na lantay, ay napahahabà nang di-naibá ang diwa, kataturán at tungkulin. Hal.:

masaganà sa saganà, *maaliwalas* sa aliwalas,
mapayapa sa payapa, *matahimik* sa tahimik,
matiwásáy sa tiwasáy, *mabunyi* sa bunyi,
matimtiman sa timtiman, *mataimtim* sa taimtim
maputí sa putí, *mapulá* sa pulá, *maitim* sa itim,
madilaw sa dilaw.

Nakapagpapahabà rin ng mga pang-uring pangmarami sa *ma-*, kung pinapalitan ng pandiwang malapang-uri, na banghay sa kabilaang *mag-an* o *han* at anyong pangkasalukuyan; gaya ng:

nagbábangúhan sa mababangó; *naggágandáhan*
sa magaganda,
nagtataasan sa matataas; *naglalakihan* sa
malalakí.

Gayon din ang ilang pang-uring nása panulaang antas,
kung dagdagan ng pantig ang unlapi; gaya ng:

kasintaas ang *sintaas*, *kasimbuti* ang *simbuti*,
magkasingganda ang *magsingganda*,
magkasingbango ang *magsingbango*

At sa ilang pamilang na patakaran o basal ay nakagagawa
rin ng pagpapahabà sa pagpapalit ng tawag sa bílang; gaya ng:

sampung libo sa halip ng sanlaksa
sandaang libo sa halip ng sangyuta,
sandaang lakas o *sampung yuta* sa sang-angaw

C. Sa ilang panghalip na panao na may anyong páuná at anyong
páhulí, karaniwa'y maiikli ito kaysa mga iyon; kayâ kung ibig
magpahabà ay anyong páuná ang ginagamit; gaya ng:

ikaw - ka, akin - ko, iyo - mo, kaniya - niya,
kanilá - nilá

Gayon din sa panghalip na pananong na paarí na may
anyong páuná at anyong páhulí, samakatwid ay *kanino* at *nino*;
gaya sa:

kaninong bahay ito? — bahay *nino* ito?
kaninong ginagawa iyan? — ginagawa *nino* iyan?

At gayon pa rin sa pamatlig na paarí:

aklat *ng* batàng *ito* — aklat *nitóng* batà
pagkain *ng* pusang *iyang* — pagkain *niyang* pusa.

- D. Ilang salitang-ugat na may pagkapangalang-diwa, ang napapalitan ng mga kaukol na anyo ng talagang pangalang-diwa, at ilan namang may pagkapandiwari ang nahahalinhan ng kaukol na pandiwa. Mga hal.:

ang pagtulog (o pagkátulog) na mahimbing—ang tulog;
ang paglakad (o pagkalakad) na matulin — ang lakad;
nalaláman ko na—alam ko na;
dáratíng búkas ang bapor—datíng ng bapor búkas;
ang hinahanap ko’y ikaw—ang hanap ko’y ikaw.

- E. Ilang anyo ng mga pandiwang pantulong na ginagámit nang walang-banghay, ay naaaring palitán ng hinango o binanghay na anyo:

nararapat (o karampatang) magsabi ng totoo — dapat
magsabi;
iniibig (o ninanais) kong makauwi agad — ibig (o nais)
kong;
umaayaw sa pagkain ang pusa — ayaw sa . . .
kinakailangang mag-ingat táyong lagi — kailangang . . .

Dito, kung ang pantulong ay nagtatapós sa katinig, naaaring pang-angkupan ng *na*, o hindi; anupa’t kung ibig magpahabàng lalo, maaaring lagyan nga ng pang-angkop.

- F. Mga pandiwang banghay sa *mag-*, *ma-*, *maki-*, *maging-*, *magpa-*, *magsa*, at ilan pang kauri o kahugis, na nása panaganong pawatás, ay napápalitán ng kau-kaukol na pangalang-diwa, kapag pinangungunahan ng pantukoy *ang*. Mga hal.:

Ang pagsasalitá nang malakas ay bawal dito—ang
magsalitá . . .
Ang pagkamatay sa laban ay ginagantimpala—ang
mamatay . . .
Ang pakikibagay sa kaniya ay mahirap—ang
makibagay . . .

Kung mahirap ang pagiging tao, lalo na ang
pagpapakatao—ang maging tao, ang magpakatao . . .
Ang pagsasabutiki ay karaniwan na sa kanya—ang
magsabutiki . . .
Hindi mabuti ang pagpapautang sa sugarol—ang
magpautang . . .

- G. Ilang pangngalang hango at may-lapi ang naaaring pahabain sa pag-ulit ng isang pantig. Hal.:

Kalalabisán sa kalabisán; papawirín sa pawirín;
Katatawanán sa katawanán; kababalághan sa
kabalághan.

Hindi namin minamaganda ang sa panghahawak marahil sa kalayàang ito ay ginagawa ng ilang manunula sa pang-uring *dakila* na pinapalitan ng *darakila*, kapag silá'y nagigipít ng pangangailangang magdagdag ng isang pantig sa taludtod o yugtúan.

- H. Ilang panghalip na makaabay at ilang taal na pang-abay ang napahahabà sa pagdaragdag ng pantig, o ng panlapi, o ng kataga, gaya ng:

noon sa halip ng *nang*; *bagá* sa *ba*;
saan pa man, magpasaan pa man—saanman
kailan pa man, o magpakailan pa man—kailanman;
gayon pa man, ganoon pa man, magkaganoon pa man—
gayunman;
ilan pa man, maging ilan pa man—ilanman;
hábang nabubúhay—hábang-búhay;
magpahanggang—hanggang;
dati-rati, datihang—dati;
palagi—lagi; samantálang—hábang;
patí ang, patí ng—patí;
tuwi-tuwina — tuwina.

- I. Ilang pangatnig ang bukod sa pagkapayak na salità ay nararagdagan pa ng ibang kataga o panlapi sa gayon ding kahulugan at tungkulin, gaya ng:

kung sakali, saka-sakali, kung saka-sakali—sakaló;
kung kayâ—kayâ;
dahil sa, dahilan sa, sa kadahilanang—dahil, o sanhi;
kung bagá sa—kung ga sa;
pagkapalibhasa—palibhasa;
kundangan kasí—kasí;
tíla man din, ga tíla—tíla;
maging, kahit—man;
datapwat, subalit — ngunit, dapwat;
kásakdalan, matuluyan—sukdan;
maliban, matangi—liban, tangi;
kung hindi—kundi, kung di;
kunuwari, kunwari—kunwa;
káhimanawari, harinanga—nawá'y

- J. Ilang pandamdam ang napahahabà sa karaniwang bigkas; gaya ng:

aba! — ba!
ina ko! — naku! ku!
hane! — ha!
adilus! — adyus!
naku naman! — naman!
kaysarap magluto — sarap magluto!
pagkalakí-lakí! anong lakí—kaylakí!
kayrami mong salità!—dami mong salità!
ano bang tayog niyaong punungkahoy!—bantayog ng . . . !

Ang pagpapaikli at pagpapahabà ay magagawang parang bagkat sa mga pangungusap o parirala, lubha pa diyan sa mga tinatawag ng Paláugnayan ng Balarilà, na pangungusap na patambáas at pangungusap na patambis. At ang ikinapangyayari ng pag-ikli o paghabà ay karaniwang nása paggámit o di-paggámit ng buo o

dinaglat na pang-angkop at malapang-angkop. Sa dalawang tudling na nakalagay sa ibabâ ay makikita ang isa't isang anyo o súkat:

Mahaba	Maikli
mabigat na parusa	parusang mabigat
kalakal na múra	múrang kalakal
ako at ikaw	ako't ikaw, ikaw't ako
bawal at pinarúrusahan	pinarurusaha't bawal
ito ay amin	ito'y amin, amin ito
bahay ng dukha	bahay-dukha, dampa
pinakamayaman, kayaman-yamanan	ulo ng yaman, hari ng yaman
maramot na maramot	ubod ng ramot
karampatang pumarito na silá	dapat nang parito silá

Ang manunula, samakatwid, ay nakapamimili sa dalawang anyo o súkat na iyan, ayon sa pakikibagay sa kailangan ng yugtuan o ng taludtod, yayamang hindi naman nababago ang kahulugan at diwa ng mga salitâ, parirala, at pangungusap, at di rin naman masasabing pumapangit ang alinman sa pagkakaibâ ng ayos.

10. Ang Talinghaga

Ito ay patulad o pahalimbawang pananalitâ, na siyang ginagamit sa halip ng mga salitâ, parirala, o pangungusap na tahasan at karaniwan. Hindi tinatawag ang mga bagay at pangyayari sa talaga o likas nilang panga-pangalan, kundi sa pamamagitan ng mga ibang salitâ at pananalitang nahahalintulad sa diwa at mga katangian, alalaong bagáy kauri, kawangki at kakahulugan ng bagay o kaisipang ibig ipahayag.

Ang talinghaga ay maaaring **mababaw** at maaring **malalim**. Talinghagang **mababaw** ang magaaing unawain at di-

gaanong nangangailangan ng talino upang masakyan ng isip ang halimbawa at ang napapaloob ditong katuturan o suliranin. Gaya ng sumusunod:

Ugali ng mga batà,
Pag wala ang matatanda,
Parang áso't pusa.

Ang ibig sabihin ng pagtutulad sa áso't pusa ay ang ugali ng mga itong mag-away, magkalmutan, magkagatan, at mag-angilan, na siyáng ginagawa ng mga batà pag silá-silá na lámang at wala ang mga kinatátakutang magulang.

Ang mga talinghagang pahalimbawa o pahambing na ginagamítan ng mga pang-abay na panulad, gaya ng mga salitâ at pariralang *katulad ng, gaya ng, anaki ay, kahalimbawa ng, tila, wari, mandin*, at ibá pang gangganito ay nabibilang sa uring mababaw ng talinghaga, sapagkat di na kailangan pakaisipin pa palibhasa'y sinasabi na ng may-akda o ng nagsasalitâ kung sa ano niya ipinaparis o inihalimbawa ang kaniyang tinutukoy na bagay, pangyayari, o tao.

Halimbawa'y ang panalinghaga ni Balagtas sa saknong na sumusunod:

Para ng halamang lumaki sa tubig,
Daho'y nalalanta munting di madilig,
Ikinaluluoy ang sandalîng init,
Gayon din ang pusong sa tuwa'y maniig.

Dito'y maliwanag na itinutulad ang pusong nahirati sa tuwa sa halamang lakí sa dilig, na nalalanta agad kapag nagkulang sa tubig; anupa't ang pusong iyan ay nagiging matamlay kapag nagkukulang sa kasayáhan o sa pagmamahal.

Gayon din ang súkat masabi sa pagkakatalinghaga sa dalawang saknong na sumusunod ng tulang “Ang Panulat Ko” sa *Puso at Diwa*:

Parang manok sa taliáng
Ang pulók ay náganutan.
Sa pupog ng kapwa tatyaw,
Dumalaga ma'y magdaan
Hindi na matilauka't
Nangangakak ka na lámang.

Tulad mo'y sandatang bakal
Na sa lupa'y natabunan
At nalipos ng kalawang,
Kayâ ngayon, paanhin mang
Itagis ka sa hasaán
Hábang pumupuról lámang.

Ang pagkagámit sa mga saknong na ito ng mga salitáng *parang* at *tulad* ay nakapagpapababaw ng talinghaga, bagaman di nakababawas ng kariktan sa paghahambing.

Talinghagang **malalim** ang nangangailangan ng higit sa karaniwang talino, ng mahabàng karanasan sa búhay at ng kaalaman sa wika, upang maunawa ang tukoy ng mga halimbawa, ang buod ng pagkakatulad, at ang diwa ng ibig sabihin ng mga pananalitâ. Gaya ng súkat mahango sa walang-kúpas na saknong na ito ng *Florante*:

Sa loob at labas ng bayan kong sawi,
Kaliluha'y siyáng nangyayaring hari,
Kagalinga't bait ay nálulugami
At inis sa hukay ng dusa't pighati.

Ang mga katutubong tulang Tagalog na likás na matalinghaga ay ang mga bugtong, salawikain, at kundiman. Mga halimbawa:

1. diona
2. oyayi
3. soliranin
4. tagumpay

- | | | |
|------------------|------------------|-------------------------|
| 5. hila | 17. dolayanin | 30. idili |
| 6. daguiray | 18. tambahila | 31. hilina |
| 7. magdiwang | 19. sambitan | 32. kundiman |
| 8. panambitan | 20. balatong | 33. kumintang |
| 9. sambotahin | 21. tayotay | 34. balitao |
| 10. balicongcong | 22. dalit | 35. ingkoy-ingkoy |
| 11. talindao | 23. hilirao | |
| 12. manipagsin | 24. hinli | Ang |
| 13. hili-hili | 25. indolanin | n a p a k a r a m i n g |
| 14. omiging | 26. tangloyan | paraan at kaugalian |
| 15. ombayi | 27. dalao | sa paggamit sa tula |
| 16. hedolanin | 28. caguingquing | ng mga talinghaga, |
| | 29. saliw | ay maaaring kipilin |
| | | sa tatlong tuntunin |
| | | lamang: |

Una. Ang salitâ, pangalan, parirala, sawikain, o pangungusap na gâgamitin sa pagpapahayag na patalinghaga ng isang kaisipan, niloloob, layunin, pangyayari, o anumang bagay na pinapaksa sa pagtula ay dapat na iyang mga kilalâ na, o abot ng kaisipan at akma sa damdamin ng babâsa o makikinig, ayon sa uri ng tinurang tula.

Hindi nâbabagay ang paggamit ng mga laon o laos at malalalim na mga salitâ, sawikain, at halimbawa, na ang may-akda ang tangi lamang sukât makaunawa.

Ang layon ng tula ay maipahayag nang lalong kaakit-akit, makabagbag-loob nang lalong mabisâ at makagiliwan ng pinag-ûukulan ang bagay o mga bagay na ibig sabihin. Kung ang mga salitâ at pananalitang gâgamitin ay mabibigat sa kâya ng isipan o malalayò sa tibok ng damdamin ng bumabâsa o nakikinig, ang tula ay nawawalan ng kabuluhan, pagkat para lamang nasulat sa tubig o natangay ng hangin.

Tumutugon sa hingi ng tuntunin ito ang mga sumusunod na tula:

Naulila sa paggiliw,
Nabilanggo sa tísín;
Bungantulog ang pagkain,
Laging luha ang inúmin.

Lahat ng salitang ginagamit nang patalinghaga ay pawang kilalá at palasak sa kaalaman ng madla. Ang *naulila* ay may katuturáng naiwan, nag-isa, nawalan ng dáting ginigiliw. Ang *nabilanggo* ay katumbas ng pagkakulong sa mga hírap at kalungkutan. Ang *bungantulog* ay panaginip na siyá na lámang ikinabubusog ng kasábikán. At ang *laging luha* ay katumbas ng iyak nang iyak na siyáng nagiging pamatid ng pagkauhaw sa ginhawa at kaligayahan.

Ang ganitong mga talinghaga ay maibibílang sa uring malalim.

Ikalawa. Ang salitâ, pangngalan, parirala, sawikain, o pangungusap na gagamíting panalinghaga, ay dapat na kauri, kaugnay, kawangki, at kadiwa, nang lalong ganap o malápit sa talagang salitâ o pamagat ng isipan, o ng bagay na ibig ipahayag nang pahalimbawa, di-tahasan, o di-tuwiran.

Halos buong tumutugon sa tuntuning ito ang tulang sumusunod:

Ang titig mo'y siyang ilaw
Sa dilim ng aking búhay,
Ang ngiti mo'y hamóg naman
Sa lantá kong kapalaran.

Sinabi naming *halos*, dahil sa may isang pagtutulad ditong di-gaanong nábabagay o di-tiyak na kadiwa ng bagay o salitang pinagtútláran. Ang *titig* ay di-alangáng itulad sa ilaw. Ang *dilim* ay humahalip sa kalungkutan at sa hírap ng kabuhayan. Ang *lantá* ay

katumbas ng matamlay at sawíng kapalaran. Ngunit ang *ngiti* ay may pagkatuwás na pagtularan ng *hamóg*, dahil sa pagkakaíbáng-uri at anyo ng dalawa, bagaman di dahil sa pagkakaugnayan ng diwa ng isa't isa, na anupa't ang *ngiti* ay gaya rin ng *hamóg* na nakapagpápasariwà sa luoy o lantáng bagay.

Ikatlo. Ang salità, pangngalan, parirala, sawikain, o pangungusap na panalinghaga ay dapat na wasto, di-maligoy o malabò, marangal o malinis, at masigla o mabisà. Wasto sa mga tuntunin ng mabuting pananalita; di-maligoy o malabò, kundi matipid sa salità at maliwanag sa pang-unawa; marangal, alalaong bagáy di- magaspang, di-hamak o marurumi ang mga salità at bagay na pinagtútularan; sakà masigla o mabisà, samakatwid bagáy buháy na larawan, kaakit-akit at súkat makasiyáng-loob sa makakabása o makakarinig ng salità at pananalitáng dinaraan sa talinghaga. Halimbawa:

At nakayao kang di ko násusian
Ang matá mong pinto ng aliw ko't búhay;
Ang balintataw mo, may tanod pa'y pungay
Na lalong anyaya sa ibig magnakaw.

Ang mga salità't pananalitáng talinghaga sa tulang ito ay: ang *matá* na itinutulad sa *pinto* na maaaring susían, ang *pagsúsusi* na nangangahulugan ng *halik*; ang *pungay* ng matá na laging nakabantay o nakasungaw dito, na sa halip makapagtaboy sa sinumang ibáng ibig pumasok, ay lalo pang nakahahalina. Ang diwa ng makatang napapaloob sa mga talinghagang ito ay diwa ng paninibugho; ngunit ito'y naipahayag sa pamamagitan ng mga salità at pananalitáng mararangal, wasto sa mabuting pananagalog, at mabibisà upang maunawaang magiliw ng paraluman.

Halimbawain din natin ang ika-220 sagnong ng Dakilang Awit ni Balagtas:

Dito na nahubdan ang kababayan ko
Ng hiram na bait na binalakayo,
Kahihinang-asal na pakítang-tao

Nakilalang hindi bukál kay Adolfo.

Ang mga salitâ at pananalitâng patalinghaga sa saknong na ito ay: nahubdan ng hiram na damit, binalatkayo, kahinhinang-asal, pakitang-tao, di-bukal kay Adolfo.

11. Mga Batis na Kadluan ng Talinghaga

Ang mga batis na ito ay napapakinabangan hindi lámang sa mga pagsasaysay na patula, kundi gayon din sa tulúyan; bagaman sa tula lalong karaniwan at nababagay.

(Pandagdag)

- A. Ibá-ibáng uri at paraan ng pananalinghaga (metafora).
a) pahalintulad, pahambing; b) pahalimbawa; k) patambis o padunggit; d) pasaklaw; e) pahalip; g) pasagwa; h) pasalungat, pahigit o pabawas; pahiwatig
- B. Mga halimbawain:
a) parang bato katigas ang ulo niya—pisnging mistulang hinog na mangga sa kinis, pulá at tambok—ga-mais na bato ang singsing—simbango ng sampagitang buhok—ang gútom niya—y gútom-aso; amoy-pinipig
b) ang kahalimbawa ko’y ibong balí-balí ang pakpak—ang mukhá’y salamin ng kaluluwa

12. Ang Kasiningan

Ito ang pang-apat na katangian ng tulang Tagalog. Siyáng pinakagayak na nagpapatingkad ng karilagan ng tula, maging sa pinakakatawan at maging sa pinakadiwa nitó.

Ang katawan ng tula ay sumasaklaw ng buhat sa ulo hanggang paa ng kabuuan. At ang diwa o kaluluwa ay tumutukoy buhat sa pinakapaksa, uri ng damdamin, yaman ng guniguni,

antas ng kaisipan, liwanag ng paglalarawan o pag-uulat, hanay ng pagkukuro hanggang sa pinakalayon ng makata.

Buhat sa ulo hanggang sa paa ng tula ay ibig sabihing maging ang ulong-pamagat ng tula, ang paghahandog sa pinaguukulan, ang súkat at tugma, ang mga yugtuan at taludtod, ang mga paningit o kapalit na taludtod, ang bílang at hanay ng mga saknong, ang simula at ang wakas, ang mga salitâ at pananalitang gámit, maging ang himig ng pagsasaysay sa buong tula, ay nararapat mabagay sa paksa at layon ng tumutula, at kakitahan o kasinagan man lámang ng kayamanan at kasariwaan ng salindiwa, gayon din ng kakanyahang-tatak ng makata.

Sa mga bagay na ito'y may ilang simulain at batas ng sining na napanununtunan at súkat igálang upang ang isang tula ay maging karapat-dapat sa pagkatulang Tagalog at upanding maging lantay na hiyas ng Panitikan ng Wika.

Ang ulungtula. Ito ang pamagat na inilalagay sa ulunan ng tula, siyang pinagkakakilanlan ng paksa at diwa nitó. Kung minsa'y tahasan nang pagtawag o pagbanggit sa bagay o pangyayari o táong tinutukoy sa tula, at kung minsan nama'y patalinghagang salitâ o pahalimbawang pangalan. Gaya ng: *Alitaptap, Ako'y si Inggit, Ang Bundok, Ang Buhay Ko't Aking Lahi, Walang Sulo, Ano ang Puri?*